# Pansabadong mga Aralin sa Biblia
## Sangay ng Nakatatanda



# Mga Pag-aaral sa mga *Sulat ni Santiago*

Vol. 100, No. 4
**Oktubre–Disyembre 2024**

# Mga Nilalaman

1. Ang Mensahe ng Diyos sa Pamamagitan ni Santiago.......5
2. Karunungan upang Makayanan ...........10
3. Pagharap sa Tukso ..........15
4. Pagsasabuhay ng Pananampalataya ......20
5. Panagumpayan ang Pagtatangi..........25
6. Pananampalatayang Gumagawa...........31
7. Pananalangin Bago Buksan Ang Ating Bibig ..........36
8. Pagpili Kung Ano ang Iisipin..........41
9. Kaamuan ng Karunungan..........47
10. Pagtagumpayan ang mga Suliranin sa Ating Ugali..........52
11. Pagtanggap ng Mas Mapagpakumbabang Pananaw ..........57
12. Nakatuon sa Langit..........62
13. Pagtitiis sa pamamagitan ng Pananampalataya..........67

*Pansabadong Mga Aralin sa Biblia*, isang programang pang-araw araw na pag-aaral, ay nakabatay lamang sa Bibliya at Espiritu ng Hula na walang karagdagang mga pagpapaliwanag. Ang mga sipi ay mas maikli hangga't maaari upang makapagbigay ng buod, direktang mga kaisipan. Ang mga panaklong [ ] ay ginagamit sa ilang mga sitwasyon upang magbigay-linaw, wastong pagkakaugnay ng kahulugan, at maalwang pagbabasa. Ang karagdagang pag-aaral sa mga siniping babasahin ay mariing iminumungkahi.

**Mga Ilustrasyon:** Sermonview on the front cover; Map Resourceson pp. 4, 51, 72.

Copyright © 2024 by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019, USA. Telephone: 1-540-362-1800 * www.sdarm.org * E-mail: info@sdarm.org

*Sabbath Bible Lessons* (USPS 005-118), Vol. 100, No. 3, Hulyo-Setyembre, 2024. Published quarterly by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department. Copyright © 2024, printed, and distributed by Reformation Herald Publishing Association, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019–5048, U.S.A. Periodical postage paid at Roanoke, Virginia 24022–9993.

**U.S.A. AND CANADA**
**Contact:** Telephone 1-540-366-9400 * Fax 1-540-366-2814 * Website: www.sdarm.org * E-mail: info@sdarm.org

**Annual subscriptions in U.S.A.**: U.S. $16.95. Large print $24.95. International (airmail) $22.00. Single copies $5.50. Large print $8.50. Please send subscription requests and payments (in U.S. currency only) to the address below. Prices subject to change without notice.
POSTMASTER, please send address changes to: *Sabbath Bible Lessons*, **P. O. Box 7240, Roanoke, VA 24019–0240.**

**AUSTRALIA**
**Contact:** Telephone 61-2-9627-7553 * Fax 61-2-9627-7554 * Website: www.sdarm.org.au * E-mail: info@sdarm.org.au

**Annual subscriptions in Australia:** AU $20.50 (individual copies $6.00). Other countries, economy air $26.00. Please send subscription requests and payments (in Australian currency) to the address below.

POSTMASTER, please send address changes to: *Sabbath Bible Lessons*, **P. O. Box 132, Riverstone NSW 2765, Australia.**

**SOUTH AFRICA**
**Contact:** Telephone & Fax 27-011-336-7064 * Website: www.sdarmsa.org.za * E-mail: admin@sdarmsa.org.za

**Annual subscriptions in South Africa:** R120-00 (single copies R35-00). Please send subscription requests and payments to the address below.

POSTMASTER, please send address changes to: *Sabbath Bible Lessons*, **P. O. Box 7950, Johannesburg 2000, South Africa.**

# Paunang Salita

Ang sulat ni Santiago ay tuwiran. Gaano natin kinakailangan ang mga mensahe sa loob nito ngayon! Kaya, sa susunod na tatlong buwan, ang mga mag-aaral sa Sabbath school sa buong mundo ay mag-sasaliksik sa Mga Aral sa Sulat ni Santiago. Ang mahahalagang punto sa impluwensya ng dila (para sa mabuti o masama), pagsunod sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, kapangyarihan ng panalangin, at halimbawa ni Elias ay ilan lamang sa mga pangunahing paksa. Bakit ang lahat ng ito ay napakahalaga sa ngayon?

"Ang kasalanan ng kapanahunang ito ay ang pababalewala sa mga malinaw na utos ng Diyos. Ang kapangyarihan ng impluwensya sa maling direksyon ay napakatindi."—*Testimonies for the Church,* vol. 3, p. 483.

"Huwag dayain ng sinuman ang kanilang sarili sa paniniwalang maaari silang maging banal habang sinasadyang nilalabag ang isa sa mga hinihiling ng Diyos. Ang paggawa ng isang nalalamang kasalanan ay nagpapatahimik sa nagpapatotoong tinig ng Espiritu at naghihiwalay sa kaluluwa sa Diyos. 'Ang kasalanan ay ang pagsalangsang sa kautusan.' At 'sinomang nagkakasala ay [sumasalangsang sa kautusan] hindi nakakita sa Kaniya, ni hindi man nakakilala sa Kaniya.' 1 Juan 3: 6."— *The Great Controversy,* p. 472.

"Ngayon ay nangangailangan ng tinig ng mahigpit na pagsaway; sapagkat ang mga malubhang kasalanan ay naghihiwalay sa mga tao mula sa Diyos. Ang pagtataksil ay mabilis na nagiging uso. 'Ayaw kami na ang taong ito'y maghari pa sa amin,' ang wika ng libu-libo. Lucas 19:14. Ang banayad na mga sermon na madalas na ipinangangaral ay walang pangmatagalang epekto; ang trumpeta ay hindi nagbibigay ng tiyak na tunog. Ang puso ng mga tao ay hindi natatabas ng malinaw, matalas na katotohanan ng salita ng Diyos.

"Maraming nag-aangking Kristiyano na, kung ipahahayag ang kanilang tunay na damdamin, ay magsasabi, Bakit pa kinakailangan ang pagsasalita nang napakalinaw? Maaari rin nilang itanong, Bakit pa kinakailangang sabihin ni Juan Bautista sa mga Fariseo, 'O lahi ng mga ulupong, sino ang sa inyo'y nag-udyok upang tumakas sa galit na darating?' Lucas 3:7. Bakit kinailangan niyang pukawin ang galit ni Herodias sa pamamagitan ng pagsasabi kay Herodes na hindi matuwid para sa kanya na manirahan sa asawa ng kanyang kapatid? Ang tagapaghanda ni Kristo ay nasakripisyo ang kanyang buhay sa pamamagitan ng kanyang maliwanag na pagpapahayag. Bakit hindi na lang siya nagpatuloy nang hindi nagagalit ang mga nabubuhay sa kasalanan?

"Kaya't ang mga tao na dapat manindigan bilang matapat na mga tagapag-alaga ng kautusan ng Diyos ay nakikipagtalo, hanggang sa ang alituntunin ay pumalit sa lugar ng katapatan, at ang kasalanan ay pinahintulutang magpatuloy nang hindi sinasaway. Kailan kaya muling maririnig ang tinig ng matapat na pagsaway sa iglesia?"—*Prophets and Kings,* pp. 140, 141.


"Maraming mga probisyon ang ginawa para sa bawat anak na lalaki at babae ni Adan upang magkaroon ng indibidwal na kaalaman sa banal na kalooban, upang maging dalisay ang pag-uugaling Kristiyano, at upang dalisayin sa pamamagitan ng katotohanan."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, p. 644.

Talagang kinakailangan natin ang tulong ng Diyos at malinaw na tinitiyak sa atin na "sa bawat taimtim na panalanging ibinibigay sa pananampalataya para sa anumang bagay, ang mga sagot ay ibabalik. Maaaring hindi sila darating tulad ng ating inaasahan; ngunit darating ang mga ito, hindi marahil tulad ng ating naiisip, kundi sa mismong panahong higit nating kinakailangan sila."—Ibid., vol. 3, p. 209. Amen!

*Ang General Conference Sabbath School Department*

Sabbath, Oktubre 5, 2024

# Handog sa Unang Sabbath para sa Chapel sa Reading, Pennsylvania, USA




Ang Eastern United States Field(EUSF) ay nahahati sa walong heograpikal namga lugar na binubuo ng mga estado ngPennsylvania, New York, Connecticut,Rhode Island, Massachusetts,Maine, Vermont, New Hampshire.Ang gawain sa Pennsylvania ay kasalukuyangnakararanas ng mabilis na paglago.

Tinatayang higit sa 53% ngang mga tao sa estadong ito ay relihiyoso—binubuong mga Methodist, Lutheran, Baptist, Pentecostal, at iba pa,na may 28.3% na Katoliko. Sa mga unang araw ng kolonyal, ang Pennsylvania ay naging isang lugar ng kanlungan para sa mga peregrino na naghahanap ng kalayaan sa relihiyon upang makatakas sa pag-uusig sa Europa. Ang kasaysayang ito ay maliwanag pa rin sa malaking bilang ng mga tradisyunal na mananampalataya ng Amish na patuloy na naninirahan sa malaking bukid mga komunidad sa buong bansa ng Lancaster, na nakasuot ng simpleng damit at naglalakbay sakay ng kabayo at kalesa.

Sa paglipas ng mga taon, ilang kaanib ng SDARM ang nanirahan sa Pennsylvania at ang pagsasanay sa missionary ay ibinigay din dito. Ngunit ang kasalukuyang muling pagkabuhay ng interes sa pangkasalukuyang katotohanan ay nagsimula noong 2016 sa lungsod ng Reading pagkatapos lumipat ang dalawang kaanib dito mula sa New York. Ang grupo ay lumawak at nagsimulang magpulong tuwing hapon ng Sabbath, nagtitipon sa isang parke sa panahon ng tag-araw at sa bahay ng isang kapatid na babae sa taglamig. Pagkatapos ng ilang buwan ng pag-aaral, marami ang nabautismuhan sa pananampalatayang Reform.

Ang Reading ay may populasyon na higit sa 95,000 at ito ay isang sentrong pagawaan para sa mga electronic components, mga kagamitang medikal, teknolohiya sa pag-iimbak ng enerhiya at iba pa. Ang ating iglesia dito ngayon ang pinakamalaki sa loob ng Silangang U.S. Field. Mas maraming bagong kaluluwa ang inihahanda para umanib sa bayan ng Diyos. Sa kasalukuyan, kami ay sumasamba sa isang inuupahang pasilidad at nais naming patatagin ang aming presensya at palawakin para sa mas malawak na pagpapaabot ng paglilingkod. "Saan-mang samahan ng mga mananampalataya ang lumalago, isang bahay sambahan ang dapat itayo. . . . Sa maraming lugar kung saan ang mensahe ay ipinangangaral at ang mga kaluluwa ay tinanggap ito, sila ay nasa limitadong mga kalagayan, at kakaunti lamang ang magagawa pagtiyak ng mga kapakinabangan na magbibigay ng katangian sa gawain. Madalas ito ay nagiging mahirap na palawakin ang gawain."—*Evangelism,* p. 376.

Dahil dito, kami ay nagsusumamo sa ating mga kapatid at sa mga tagasuporta mula sa sa buong mundo na tulungan tayong bumuo ng isang bahay sambahan sa lugar ng Reading, na mas maraming kaluluwa ang madadala sa kawan. Ang inyong mabuting pagkamapagbigay ay lubos na pahahalagahan, at ang Panginoon ay pagpapalain ka rin naman.

*Ang inyong mga kapatid mula sa Eastern United States Field*

# Ang Mensahe ng Diyos sa Pamamagitan ni Santiago

**SAULUHING TALATA: "Si Santiago, na alipin ng Dios at ng Panginoon Jesucristo, ay bumabati sa labingdalawang angkan na nasa Pangangalat" (Santiago 1:1).**

"Walang tao, walang bansa, na matuwid sa bawat gawi at pag-iisip. Ang isa ay dapat matuto sa iba. Samakatuwid, nais ng Diyos na ang iba't ibang nasyonalidad ay makisalamuha, upang maging iisa sa pagpapasya, iisa sa layunin. Kasunod ang pakikipagkaisa na kay Kristo ay maipapakitang halimbawa."—*Testimonies for the Church,* vol. 9, pp. 180, 181.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, for the Church vol.* 9, pp. 180, 181.

## *Linggo* *Setyembre 29*

### 1. MGA ALAGAD NI CRISTO

**a. Sino ang tatlong mga lalaking pinangalanang "Santiago" na nauugnay kay Kristo—at sino ang madalas nating napapansin? Mateo 10:2, 3; 13:55.**

**b. Magbanggit ng ilang espesyal na sandali kasama si Jesus ang naranasan ni Santiago, na kapatid ni Juan. Lucas 8:51–55; Mateo 17:1, 2; Marcos 14:32–34.**

"Si Juan, ang anak ni Zebedeo, ay isa sa unang dalawang disipulo na sumunod kay Jesus. Siya at ang kanyang kapatid na si Santiago ay kabilang sa unang grupo na iniwan ang lahat para sa paglilingkod sa Kanya. Masayang tinalikuran nila ang tahanan at mga kaibigan upang makasama nila Siya; sila ay lumakad at nakipag-usap sa Kanya; nakasama nila Siya sa loob ng tahanan, at sa mga pampublikong pagtitipon. Pinayapa Niya ang kanilang mga takot, iniligtas sila sa panganib, pinawi ang kanilang mga pagdurusa, inaliw ang kanilang kalungkutan, at tinuruan sila nang may pagtitiis at kabaitan, hanggang sa ang kanilang mga puso ay halos nakaugnay na sa Kanya, at sa alab ng kanilang pag-ibig ay ninais nilang maging nasa pinakamalapit sa Kanya sa Kanyang kaharian."—*The Desire of Ages,* p. 548.

"Malapit sa pasukan ng halamanan, iniwan ni Jesus lahat maliban sa tatlo sa mga disipulo, inutusan silang manalangin para sa kanilang sarili at para sa Kanya. Kasama sina Pedro, Santiago, at Juan, Siya ay pumasok sa mga nakakubling dakong pahingahan. Ang tatlong mga alagad na ito ang pinakamalapit na kasama ni Kristo. . . . Ngayon sa Kanyang matinding pakikibaka, ninanais ni Kristo ang kanilang presensya na malapit sa Kanya. Madalas ay nagpapalipas sila ng gabing kasama Siya sa pamamahingang ito."—Ibid., p. 686.

## 2. PAG-INOM SA SARO

**a. Ilarawan ang kaunahang layunin ni Santiago, na anak ni Zebedeo, kasama ng kaniyang kapatid na si Juan. Marcos 10:35–38.**

"Sa bawat posibleng pagkakataon, si Juan ay inilalagay ang kanyang sarili sa lugar na nasa tabi ng Tagapagligtas, at si Santiago ay naghahangad rin na ituring na may napakalapit na kaugnayan sa Kanya.

"Ang kanilang ina ay isang tagasunod ni Cristo, at naglilingkod sa Kanya na nagbibigay ng sagana ng kanyang pag-aari. Sa pagmamahal at ambisyon ng isang ina para sa kanyang mga anak, hinangad niya para sa kanila ang pinakamarangal na lugar sa bagong kaharian. Dahil dito, hinimok niya sila na humiling.

"Magkasama ang ina at ang kanyang mga anak ay lumapit kay Jesus, na humihiling na ipagkaloob Niya ang isang kahilingan kung saan ang kanilang puso ay nakatuon.

" 'Ano ang ibig ninyong sa inyo'y aking gawin?' Tanong Niya.

"Ang ina ay sumagot, 'Ipagkaloob mong ang aking dalawang anak na lalaki ay maupo, ang isa sa Iyong kanan, at ang isa sa kaliwa, sa Iyong kaharian.'

"Si Jesus ay magiliw na nagtiis, hindi sinaway ang kanilang pagkamakasarili sa paghahangad ng kalamangan higit sa kanilang kapatiran. Binabasa Niya ang kanilang mga puso, alam Niya ang lalim ng kanilang pagkaka-ugnay sa Kanya. Ang kanilang pag-ibig ay hindi lamang pag-ibig ng tao; bagama't nadungisan ng kamunduhan ng daluyan ng tao, ito ay umaagos mula sa bukal ng Kanyang sariling tumutubos na pag-ibig. Hindi Siya magsasaway, bagkus pinalalakas at nililinis. Sinabi Niya, 'Mangakaiinom baga kayo sa sarong aking iinuman, o mangababautismuhan sa bautismo na ibinautismo sa akin? Naalala nila ang mahiwagang mga salita, na nagtuturo sa mga pagsubok at paghihirap, subalit sumagot nang may pagtitiwala sa sarili, Kaya namin.' Ibibilang nila na pinakamataas na karangalan ang patunayan ang kanilang katapatan sa pamamagitan ng pakikibahagi ng lahat ng mangyayari sa kanilang Panginoon.

" 'Ang sarong aking iinuman ay iinuman ninyo; at sa bautismo na ibinautismo sa akin ay babautismuhan kayo,' sinabi Niya; sa Kanyang harapan ay isang krus sa halip na isang trono, dalawang makasalanan ang Kanyang mga kasama sa Kanyang kanang kamay at Kanyang kaliwa."—*The Desire of Ages,* pp. 548, 549.

**b. Eksaktong tulad ng inihula ni Kristo, ano ang nangyari kay Santiago at sa kanyang kapatid na si Juan, pagkatapos ng pag-akyat ng Panginoon sa langit? Gawa 12:1, 2; Pahayag 1:9.**

---

"Si Juan at Santiago ay makikibahagi sa kanilang Panginoon sa paghihirap; ang isa, ang una sa mga kapatid na namatay sa tabak; ang isa, ay pinakamatagal sa lahat na nagtiis ng pagpapagal, at kadustaan, at pag-uusig."—Ibid., 549.

**3. SINO ANG NAGSULAT NG SULAT?**

**a. Paano inilalarawan ng Kinasihan si Santiago, ang anak ni Alfeo—isa sa labindalawa (ngunit hindi ang Zebedeo na kapatid ni Juan)? Marcos 15:40.**

---

"Naroon si Levi Mateo na maniningil ng buwis, na tinawag mula sa isang buhay ng pakikipagkalakal, at pagsunod sa Roma; ang labis na masigasig na si Simon, ang hindi nakikipagkompromisong kalaban ng awtoridad ng imperyo; ang mapusok, kaya ang sarili, na mahabagin na si Pedro, kasama si Andres na kanyang kapatid; Si Judas ang Judean, mahusay, may kakayahan, at may magagaliting espiritu; Si Felipe at si Tomas, matapat at masigasig, ngunit mabagal ang pusong sumampalataya; Si Santiago na mas mababa at si Judas, na hindi gaanong kilala sa mga kapatid, ngunit mga taong may kalakasan, positibo sa kanilang mga pagkakamali at sa kanilang mga kabutihan; si Nathanael, isang bata na may katapatan at pagtitiwala; at ang mapaghangad, may mapagmahal na pusong mga anak ni Zebedeo."—*Education,* pp. 85, 86.

**b. Bakit maaaring ang may-akda ng sulat ni Santiago (tinukoy bilang isang apostol dahil kilala niya ang Panginoon nang personal) ay maaaring ang kapatid sa ina ni Kristo—at paano ang kanyang paglalarawan sa kanyang sarili ipinakita na ang kanyang pag-uugali ay binago ng impluwensya ng Panginoon? Santiago 1:1 (unang kalahati).**

---

"Si Kristo ay hindi naunawaan ng Kanyang mga kapatid; sapagkat hindi Siya katulad nila. Siya ay gumawa upang maibsan ang bawat kaso ng pagdurusa na Kanyang nakikita, at Siya ay palaging matagumpay. Siya ay may konting salaping maibibigay, ngunit madalas Niyang ibigay ang Kanyang sariling simpleng pagkain sa mga taong inaakala Niyang mas nangangailangan kaysa sa Kanyang sarili. Nadama ng Kanyang mga kapatid na ang Kanyang impluwensya ay lumalayo upang salungatin ang kanila; sapagkat kapag nagsasalita sila nang malupit sa mga mahihirap, abang mga kaluluwa na kanilang nakakausap, hinanap ni Kristo ang mga ito mismo, at nagsasalita ng mga salita na nagpapalakas ng kanilang kalooban. Kung sakaling nasa tahanan na, wala na Siyang magagawa, nais Niya hanggat maaari na tahimik at palihim na ibibigay Niya sa mga kahabag-habag na nilalang na sinusubukan Niyang tulungan, ang saro ng malamig na tubig, at pagkatapos ay inilalagay ang Kanyang sariling pagkain sa kanilang mga kamay." This Day With God, p. 59.

**c. Paano ipinakita ni Pablo ang kanyang respeto kay Santiago, na kapatid ni Jesus? Galacia 1:17–19; Mga Gawa 21:18.**

---

## 4. PAGLILINAW NG ILANG MGA PUNTO

**a. Ano ang nagpapakita na si Santiago, na kapatid ni Cristo, ay isang taong may impluwensya sa isang mahalagang konseho sa unang iglesia? Mga Gawa 15:5, 6, 13, 19, 20 .**

---

"Sa pagkakataong ito, si Santiago tila ang napili bilang isa na magpapahayag ng desisyon na nabuo ng konseho. Ang kanyang hatol na ang kautusang seremonyal, at lalo na ang ordenansa ng pagtutuli, ay hindi dapat ipilit sa mga Gentil, o irekomenda man lamang sa kanila. Sinikap ni Santiago na ikintal sa isipan ng kanyang mga kapatid ang katotohanan na, sa pagbabalik-loob sa Diyos, ang mga Hentil ay gumawa na ng napakalaking pagbabago sa kanilang buhay at sa gayon ang labis na pag-iingat ay dapat gamitin na huwag na silang guluhin sa mga nakakalito at walang katiyakang mga bagay na hindi gaanong mahalaga, baka sila ay panghinaan ng loob sa pagsunod kay Kristo."—*The Acts of the Apostles,* p. 195.

**b. Ano ang karaniwang pinanghahawakan—ngunit maling—pag-aangkin ang pinabulaanan ng mahalagang tungkulin ni Santiago sa mahalagang konsehong ito? Mateo 16:18.**

---

"Si Santiago ang nanguna sa konseho, at ang kanyang huling pasiya ay, 'Dahil dito'y ang hatol ko, ay huwag nating gambalain yaong sa mga Gentil ay nangagbabalik-loob sa Dios.'

"Tinapos nito ang talakayan. Sa pagkakataong ito mayroon tayong pagpapabulaan sa doktrinang pinanghahawakan ng Iglesiang Romano Katoliko na si Pedro ang pinuno ng iglesia. Ang mga papa, na nag-aangking mga kahalili niya, ay walang batayan sa Kasulatan para sa kanilang mga pagpapanggap. Walang anuman sa buhay ni Pedro ang nagbibigay ng pagpapatibay sa pag-aangkin na siya ay itinaas kaysa sa kanyang mga kapatid bilang kahalili ng Kataas-taasan. Kung ang mga ipinahayag na mga kahalili ni Pedro ay sumunod sa kanyang halimbawa, sila ay palaging magiging kontento na manatili sa pagkakapantay-pantay sa kanilang mga kapatid."—Ibid., pp. 194, 195.

"Ang Tagapagligtas ay hindi ipinagkatiwala ang gawain ng ebanghelyo partikular kay Pedro. Sa huling pagkakataon, inuulit ang mga salitang ipinahayag kay Pedro, iniugnay Niya ang mga ito nang direkta sa iglesia. At sa parehong diwa ay ipinahayag din sa labindalawa bilang mga kinatawan ng grupo ng mga mananampalataya. Kung si Jesus ay nagtalaga ng anumang espesyal na karapatan sa isa sa mga alagad higit sa iba, hindi natin sila matutuklasan na madalas na nakikipagtalo kung sino ang dapat na pinakadakila. Magpapasakop sana sila sa kagustuhan ng kanilang Panginoon, at pararangalan ang isa na Kanyang pinili."—*The Desire of Ages,* p. 414.

# Huwebes 

## 5. ANG ISRAEL NG DIYOS

**a. Para kanino isinulat ang sulat na ito—at paano ito kinasasangkutan ng lahat ng tumatanggap kay Jesus bilang Panginoon? Santiago 1:1 (ikalawang kalahati); Galacia 3:27–29.**

"Sa Israel ng Diyos ay marami ang mabibilang na hindi mga lahi ni Abraham ayon sa laman."—*Prophets and Kings,* p. 367.

"Ang buhay ni Kristo ay nagtatag ng isang relihiyon kung saan walang angkan, isang relihiyon kung saan ang Hudyo at Hentil, malaya at alipin, ay pinag-uugnay sa isang karaniwang pagkakapatiran, pantay-pantay sa harapan ng Diyos."—*Testimonies for the Church,* vol. 9, p. 191.

"Ang Kristiyanismo ay gumagawa ng isang matibay na bigkis ng pagkakaisa sa pagitan ng panginoon at alipin, hari at nasasakupan, ang ministro ng ebanghelyo at ang abang makasalanan na nakasumpong kay Kristo ng paglilinis ng kasalanan." – The Acts of the Apostles, p. 460.

**b. Sa propesiya, anong pangalan ang ibinigay sa huling espirituwal na Israel—at paano inilarawan ang kanilang karanasan bago ang pagbabalik ni Kristo? Pahayag 7:4.**

"Hindi magtatagal ay maririnig natin ang tinig ng Diyos na parang lagaslas maraming tubig, na nagbigay sa atin ng araw at oras ng pagparito ni Jesus. Ang mga buhay na banal, na 144,000 ang bilang, ay nalalaman at nauunawaan ang tinig, habang ang masasama ay nag-aakalang ito ay kulog at isang lindol. . . .

"Ang 144,000 ay lahat natatakan at lubos na nagkakaisa. Sa kanilang mga noo ay may mga salitang Diyos, Bagong Jerusalem, at isang maluwalhating bituin na naglalaman ng bagong pangalan ni Jesus. Sa ating masaya, banal na kalagayan ang masasama ay magagalit, at marahas na magmamadaling umahon sa atin upang itulak tayo sa bilangguan, kapag iuunat natin ang ating kamay sa pangalan ng Panginoon, sila ay babagsak na walang magagawa sa lupa. Pagkatapos ay malalaman ng sinagoga ni Satanas na tayo ay iniibig ng Diyos, na maaaring maghugas ng mga paa ng isa't isa, at bumati sa mga kapatid ng banal na halik, at sila ay sumamba sa ating paanan."—*Testimonies for the Church,* vol. 1, p. 59.

# Biyernes 

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Paano si Santiago, ang anak ni Zebedeo, lumago na naging mas katulad ni Kristo?**
2. **Paano si Santiago, ang kapatid sa ina ni Jesus, lumago na naging mas katulad ni Kristo?**
3. **Anong mga katibayan sa Kasulatan ang nagpapakita na si Pedro ay hindi ang pangulong apostol?**
4. **Paano ipinaliwanag ni Pablo ang pagkakaisa at pagkakapantay-pantay na halaga ng lahat ng Kristiyano?**
5. **Ano ang naglalarawan ng sukdulang tagumpay ng espirituwal na Israel ng Diyos?**

# Karunungan upang Makayanan

**SAULUHING TALATA: “Nguni’t kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito’y ibibigay sa kaniya.” (Santiago 1:5).**

“Hindi ninyo kinakailangang pumunta sa mga kaduluhan ng mundo para sa karunungan, sapagkat ang Diyos ay nasa malapit. Hindi ang mga kakayahan na taglay ninyo ngayon o kailanman ay magkakaroon kayo ang magbibigay sa inyo ng tagumpay. Ito ang magagawa ng Panginoon para sa inyo. . . . Nais niyang bigyan kayo ng pang-unawa sa temporal gayundin sa espirituwal na mga bagay. Kaya niyang patalasin ang pag-iisip. Maaari Siyang magbigay ng taktika at kasanayan. Ilagay ang iyong mga talento sa gawain, humingi sa Diyos ng karunungan, at iyon ay ibibigay sa inyo.”—*Christ’s Object Lessons,* p. 146.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, for the Church*1; vol. 2, pp. 232–235.

## *Linggo* — *Oktubre 6*

### 1. PAGSUSUMAMO NG KARUNUNGAN

**a. Bakit talagang kinakailangan natin ang higit pa sa karunungan ng tao sa buhay, at paano ito natin maaaring madaling makamit? Santiago 1:5.**

“Kinakailangan nating maging hindi gaanong nagtitiwala sa kung ano ang magagawa ng tao at higit na pagtitiwala sa kung ano ang magagawa ng Diyos para sa bawat sumasampalatayang kaluluwa. Nais Niyang maabot ninyo Siya sa pamamagitan ng pananampalataya. Nais Niyang umasa kayo ng mga dakilang bagay mula sa Kanya.”—*Christ’s Object Lessons,* p. 146.

“Ang pakikinig lamang ng mga sermon sa bawat Sabbath, ang pagbabasa ng Bibliya nang tuloy-tuloy, o ang pagpapaliwanag nito sa bawat talata, ay hindi natin mapapakinabangan o maging ng mga nakikinig sa atin, maliban kung dadalhin natin ang mga katotohanan ng Bibliya sa ating indibidwal na karanasan. . Ang pang-unawa, ang kalooban, ang mga damdamin, ay dapat na ipasakop sa kontrol ng salita ng Diyos. Pagkatapos sa pamamagitan ng paggawa ng Banal na Espiritu ang mga tuntunin ng salita ay magiging mga prinsipyo ng buhay.

“Habang hinihiling mo sa Panginoon na tulungan ka, parangalan ang iyong Tagapagligtas sa pamamagitan ng paniniwalang tinatanggap mo ang Kanyang pagpapala. Lahat ng kakayahan, lahat ng karunungan, ay nasa ating pagpapasya. Kinakailangan lang nating hingin.”—*The Ministry of Healing,* p. 514.

## 2. PINATITIBAY NG PAGTITIWALA

**a. Paano tayo makikinabang kung pahahalagahan natin ang karunungan ng Diyos bilang mas higit na nakatataas kaysa sa atin, maging sa pangkaraniwang mga bagay sa buhay? Mga Kawikaan 3:3–8.**

---

" 'Nguni't kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya.' Ang gayong pangako ay higit na napakahalaga kaysa sa ginto o pilak. Kung may mapagpakumbabang puso ay hihingi tayo ng banal na patnubay sa bawat kaguluhan at kabalisahan, ang Kanyang salita ay ipinangako na isang magiliw na sagot ang ibibigay sa inyo. At ang Kanyang salita ay hindi kailanman mabibigo. Ang langit at lupa ay maaaring lilipas, ngunit ang Kanyang salita ay hindi lilipas. Magtiwala sa Panginoon, at hindi ka kailanman malilito o mapapahiya. 'Mas mabuting magtiwala sa Panginoon kaysa magtiwala sa tao. Mas mabuting magtiwala sa Panginoon kaysa ibigay ang tiwala sa mga prinsipe.'

"Anuman ang katayuan sa buhay na maaari nating pinanghahawakan, anuman ang ating gawain, dapat tayong maging mapagpakumbaba na madama ang ating pangangailangan ng tulong; dapat tayong manalig nang lubusan sa mga turo ng salita ng Diyos, pahalagahan ang Kanyang probidensya sa lahat ng bagay, at maging matapat sa pagbuhos ng ating mga kaluluwa sa pananalangin. Manalig sa sarili ninyong pang-unawa, mahal na mga kapatid, habang tinatahak ninyo ang daan sa sanlibutan, at aanihin ninyo ang kalungkutan at kabiguan. Magtiwala sa Panginoon nang buong puso mo, at gagabayan ka Niya sa inyong mga hakbang na may karunungan, at ang inyong mga kapakinabangan ay magiging ligtas para sa mundong ito at sa darating. Kinakailangan mo ng liwanag at kaalaman. Panghahawakan mo alinman ang payo ng Diyos o ng iyong sariling puso; lalakad ka sa mga sinag ng iyong sariling pagpapaningas, o titipunin sa inyong sarili ang banal na liwanag mula sa Araw ng Katuwiran."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 427.

**b. Bakit kinakailangan nating ilayo ang ating mga sarili mula sa labis na pagtitiwala sa ibang mga tao para sa gabay? Jeremias 17:5–8.**

---

"Kapag ang mga kaguluhan ay lumilitaw, at ang mga kahirapan ay humahamon sa inyo, huwag maghanap ng tulong sa tao. Ipagkatiwala ang lahat sa Diyos. Ang gawi ng pagsasabi ng ating mga paghihirap sa iba ay nagpapahina lamang sa atin, at hindi nagdudulot ng kalakasan sa kanila. Ibinibigay nito sa kanila ang pasanin ng ating mga espirituwal na kahinaan, na hindi nila maiibsan. Ninanais natin ang kalakasan ng nagkakamali, may hangganang tao, na maaari naman tayong magkaroon ng kalakasan ng hindi nagkakamali, walang hangganang Diyos."—*Christ's Object Lessons,* p. 146.

## 3. PAGLINANG NG HIGIT NA KATATAGAN

**a. Anong kondisyon ang dapat nating matugunan bago sagutin ng Panginoon ang ating kahilingan? Santiago 1:6 (unang bahagi); Marcos 11:24. Ipaliwanag ang isang halimbawa kung paano natin matitiyak na lumago sa kalakasan sa bagay na ito. 1 Corinto 6:3–5.**

"Iilan lamang ang nakakaunawa ng mga responsibilidad na nakaatang sa iilang ministro na nagdadala ng mga pasanin sa layuning ito. Ang mga kapatid ay madalas na tinatawag ang mga taong ito mula sa gawain upang asikasuhin ang maliliit na bagay, o ayusin ang ilang suliranin sa iglesia, na makakaya naman nila at dapat nilang asikasuhin sa kanilang sarili. 'Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat, at hindi nanunumbat; at ito ay ibibigay sa kanya. Ngunit humingi siya nang may pananampalataya, na walang pag-aalinlangan.' Dapat siyang maging masigasig at matiyaga. Kung siya ay hindi matatag, patuloy na nag-aalinlangan kung gagawin nga ng Panginoon ang Kanyang ipinangako, ay wala siyang matatanggap.

"Marami ang umaasa sa kanilang mga ministro upang dalhin ang liwanag mula sa Diyos patungo sa kanila, na tila iniisip na ito ay isang mas madaling paraan kaysa sa hirap ng direktang paglapit sa Diyos para dito ng kanilang sarili mismo. Sa gayon ay napakalaki ng mawawala. Kung araw-araw nating susundin si Kristo at gagawin natin Siyang gabay at tagapayo, maaari tayong magkaroon ng malinaw na kaalaman ng Kanyang kalooban, at sa gayon ay magtatamo ng napakahalagang karanasan. Dahil sa kakulangan ng mismong karanasang ito, ang mga kapatid na naghahayag ng katotohanan ay lumalakad sa mga sinag ng pagpapaningas ng iba; hindi nila kilala ang Espiritu ng Diyos at walang kaalaman sa Kanyang kalooban, kaya madaling maalis sa kanilang pananampalataya. Sila ay hindi matatag, dahil nagtitiwala sila sa iba upang makakuha ng karanasan para sa kanila."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, pp. 643, 644.

**b. Sa ano inihahambing ang isang nag-aangking Kristiyano na nagsisimulang mag-alinlangan sa pananampalataya? Santiago 1:6 (huling bahagi); Genesis 49:4 (unang bahagi). Paano natin ito maiiwasan?**

---

Ang pananampalataya ng karamihan sa mga Kristiyano ay manghihina kung sila ay patuloy na nagpapabaya sa pagtitipon nang sama-sama para sa pagpupulong at pananalangin."

"Panghawakan ang salita ni Kristo bilang iyong katiyakan. Hindi ka ba Niya inanyayahan na lumapit sa Kanya? Huwag kailanman hayaan ang inyong sarili na magsalita sa paraang nawawalan ng pag-asa, pinanghihinaan ng loob. Kung inyong gagawin, napakalaki ng mawawala sa inyo. Sa pagtuon sa mga panlabas na anyo at pagrereklamo kapag dumarating ang mga kahirapan at kagitpitan, nagbibigay ka ng tanda ng mahina, walang siglang pananampalataya. Magsalita at kumilos na parang ang inyong pananampalataya ay hindi magagapi."—*Christ's Object Lessons,* pp. 146, 147.

## 4. PAG-IWAS SA HATING PUSO

**a. Paano natin matitiyak na ang ating panalangin para sa karunungan ay sasagutin? Lucas 18:1; Santiago 1:6, 7 .**

"[Ang] kahilingan para sa karunungan ay hindi dapat na maging isang walang kabuluhang panalangin, na wala sa isip kapag natapos na. Ito ay isang panalangin na nagpapahayag ng masidhi, taimtim na pagnanais ng puso, na nagmumula sa isang nalalamang kakulangan ng karunungan upang matukoy ang kalooban ng Diyos.

"Pagkatapos na ang panalangin ay nagawa, kung ang sagot ay hindi kaagad naunawaan, huwag magsawa sa paghihintay at manghina. Huwag mag-alinlangan. Panghawakan ang pangako, 'Tapat Yaong sa inyo'y tumatawag, na gagawa rin naman nito.' Gaya ng nagmamakaawang balo, ipakiusap ang inyong kalagayan, maging matatag sa inyong layunin. Ang bagay ba ay makabuluhan at may napakalaking kahalagahan sa inyo? Ito ay tiyak. Kung gayon ay huwag mag-alinlangan, sapagkat ang inyong pananampalataya ay maaaring masubok. Kung ang bagay na inyong ninanais ay napakahalaga, ito ay karapat-dapat sa isang masidhi, taimtim na pagsisikap. Nasa inyo ang pangako; magpuyat at manalangin. Maging matatag at ang panalangin ay sasagutin; sapagka't hindi ba ang Dios ang nangako? Kung ang isang bagay ay napakakahalaga sa inyo upang ito ay makuha, mas papahalagahan mo ito kapag nakuha. Malinaw na sinabi sa inyo na kung mag-aalinlangan ka hindi mo na kailangang isipin na tatanggap ka ng anuman mula sa Panginoon. Ang pag-iingat ay ibinibigay dito hindi upang mapagod, kundi manatiling matatag sa pangako. Kung iyong hihilingin, Siya ay nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat.

"Dito ay maraming nagkakamali. Nag-aalinlangan sila sa kanilang layunin, at ang kanilang pananampalataya ay nanghihina. Ito ang dahilan kung bakit wala silang natatanggap mula sa Panginoon, na siyang Pinagmumulan ng ating kalakasan. Walang kinakailangang mapunta sa kadiliman, na natitisod na parang bulag; sapagkat ang Panginoon ay naglalaan ng liwanag kung tatanggapin nila ito sa Kanyang itinakdang pamamaraan, at hindi pipili ng sarili nilang pamamaraan. Hinihiling niya sa lahat ang masikap na pagganap ng mga pang-araw-araw na tungkulin."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, pp. 130, 131.

**b. Bakit dapat nating iwasan ang pagdadalawang-isip? Santiago 1:8; Awit 86:11.**

"Kahit na sa mga nag-aangking Kristiyano, marami pa rin ang may katangian ng sanlibutan sa kanila, at ang kanilang psg-iisip ay hindi nakalagak sa Diyos. Sila ay may dalawang akala, na sinusubukang maglingkod sa Diyos at sa kayamanan sa parehong panahon. . . . Sa pagsisikap na maglingkod sa dalawang panginoon, sila ay hindi matatag sa lahat ng kanilang mga pamamaraan, at hindi maaasahan. . . .

"Ano ang mapapakinabang sa pagsasabi ng nakakalugod na mga bagay, sa pagkondena ng gawain ni Satanas, ngunit sa parehong pagkakataon ay pinapayagang mangyari ang lahat ng kanyang mga pakana? Ito ay pagdadalawang-akala."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7, p. 938.

# Huwebes Oktubre 10

### 5. PAG-ALAALA KAY JACOB

**a. Paano inilarawan ni Jesus ang dapat na sigasig sa paghandog ng ating mga kahilingan para sa kalakasan upang maisagawa ang kalooban ng Diyos? Mateo 11:12.**

" 'Ang kaharian ng langit ay dumaranas ng karahasan, at ang mga marahas ay kinukuha ito ng sapilitan.' Ang karahasang ito ay sinasakop ang buong puso. Ang pagdadalawang-akala ay ang maging hindi matatag. Matatag na pagpapasya, pagtanggi sa sarili at nakatalagang pagsisikap ay kinakailangan para sa gawain ng paghahanda. Ang pag-unawa at ang budhi ay maaaring magkaisa; ngunit kung ang kalooban ay hindi nakahandang gumawa, tayo ay mabibigo. Ang bawat kakayahan at pandama ay dapat na gamitin. Ang kasigasigan at taimtim na pananalangin ay dapat pumalit sa kawalang-sigla at kawalan ng malasakit. Sa pamamagitan lamang ng masigasig, determinadong pagsisikap at pananampalataya sa mga merito ni Cristo maaari tayong magtagumpay, at matamo ang kaharian ng langit. Ang ating oras para sa paggawa ay maikli na. Si Kristo ay malapit nang dumating sa ikalawang pagkakataon."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 1, p. 1096.

"Sa dakilang katotohanan na mayroon tayong pribilehiyong matanggap, dapat tayo, sa ilalim ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay maaari tayong, maging mga buhay na daluyan ng liwanag. Maaari tayong lumapit sa luklukan ng awa; at makita ang bahaghari ng pangako, lumuhod nang may nagsisising puso, at hanapin ang kaharian ng langit nang may espirituwal na kapusukan na magdadala ng sarili nitong gantimpala. Kukunin natin ito ng may buong kalakasan, tulad ng ginawa ni Jacob. Kung gayon ang ating mensahe ay magiging kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan. Ang ating mga pagsusumamo ay magiging maalab, puno ng pagkadama ng ating malaking pangangailangan; at hindi tayo matatanggihan. Ang katotohanan ay ipahahayag sa pamamagitan ng buhay at pag-uugali, at sa pamamagitan ng mga labi na dinampian ng buhay na baga mula sa altar ng Diyos.

"Kapag ang karanasang ito ay nasa atin na, tayo ay iaahon sa ating pagiging mahirap at mahinang uri na pagkatao na maingat nating pinangangalagaan. Aalisan natin ng laman ang ating mga puso ng nakakapanghinang kapangyarihan ng pagkamakasarili, at mapupuno ng papuri at pasasalamat sa Diyos. Dadakilain natin ang Panginoon, ang Diyos ng lahat ng biyaya, na nagpadakila kay Kristo. At ihahayag Niya ang Kanyang kapangyarihan sa pamamagitan natin, na ginagawa tayong parang matalas na karit sa pag-aanihang bukid. Ang Diyos ay nananawagan sa Kanyang bayan upang ipahayag Siya."—*Reflecting Christ,* p. 217.

# Biyernes Oktubre 11

### PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Ilarawan ang ilang mahahalagang susi sa pagkakaroon ng higit na karunungan mula sa Langit.**
2. **Ano ang nangyayari kapag tayo ay nakontento ng umasa sa kaalaman ng tao?**
3. **Paano ko gagawin ang aking bahagi upang palayain ang mga ministro upang mapagtuonan ng pansin ang mga bagong kaluluwa?**
4. **Sa anong mga bahagi ng buhay maaaring ako ay nagiging higit na may dalawang-akala kaysa sa aking nauunawaan?**
5. **Ipaliwanag ang kapangyarihan at kaugnayan ng pakikipagbuno ni Jacob para sa mga huling araw.**

# Pagharap sa Tukso

**SAULUHING TALATA: "Mapalad ang taong nagtitiis ng tukso; sapagka't pagkasubok sa kaniya, siya'y tatanggap ng putong ng buhay, na ipinangako ng Panginoon sa mga nagsisiibig sa kaniya" (Santiago 1:12).**

"Magsalita at kumilos ayon sa inyong mga panalangin. Ito ay gagawa ng walang katapusang pagkakaiba sa inyo kung ang pagsubok ay magpapatunay na ang iyong pananampalataya ay tunay, o magpapakita na ang iyong mga panalangin ay isang anyo lamang."—*Christ's Object Lessons,* p. 146.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, vol.* 3, pp. 477–492.

## *Linggo* *Oktubre 13*

### 1. SANHI NG ESPIRITUWAL NA PAGLAGO

**a. Ilarawan ang sikreto kung paano ang Santiago 1:2 matutupad sa atin. Nehemias 8:10.**

"Lahat ng pagsubok na tinatanggap bilang mga tagapagturo ay magbubunga ng kagalakan. Ang buong espirituwal na buhay ay magiging nakapagpapasigla, nagpapadakila, nagpaparangal, mahalimuyak sa mabubuting salita at gawa. Ang kaaway ay lubos na nalulugod na magkaroon ng mga kaluluwang nalulumbay, nalulungkot, nagdadalamhati at dumadaing; nais niya lamang ang gayong mga paniniwala ang gawin tungkol sa epekto ng ating pananampalataya. Ngunit idinisenyo ng Diyos na ang isipan ay hindi kukuha ng mababang antas. Ninanais niya na ang bawat kaluluwa ay magtagumpay sa nag-iingat na kapangyarihan ng Manunubos."—*Testimonies for the Church,* vol. 6, pp. 365, 366.

**b. Bakit pinahihintulutan ng Diyos na dumating sa atin ang mga pagsubok? Santiago 1:3; Roma 5:3.**

"Kung mapagtatagumpayan natin ang ating mga pagsubok at makakakuha ng tagumpay laban sa mga tukso ni Satanas, kung gayon ay natitiis natin ang pagsubok sa ating pananampalataya, na mas mahalaga pa kaysa ginto, at magiging mas malakas at mas handang harapin ang susunod. Ngunit kung tayo ay nalulugmok at magbibigay daan sa mga panunukso ni Satanas, tayo ay manghihina at hindi tayo makakakuha ng gantimpala para sa pagsubok at hindi tayo magiging handa para sa susunod. Sa ganitong paraan tayo ay manglulupaypay, hanggang tayo ay madalang bihag ni Satanas ayon sa kanyang kalooban. Dapat tayong magkaroon ng buong baluti ng Diyos at maging handa sa anumang sandali para sa pakikipagtunggali sa mga kapangyarihan ng kadiliman."—*Early Writings,* p. 46.

## 2. MAS MABUTING RESULTA KAYSA SA ATING INAAKALA

**a. Ipaliwanag ang mga kabutihan ng pagsasanay ng pagtitiis. Santiago 1:4; Lucas 21:19.**

"Ang Dios ay napakapantas at napakabuti upang sagutin ang ating mga panalangin palagi sa tamang oras at sa paraang ninanais natin. Magagawa Niya ang higit pa at mas mabuti para sa atin kaysa sa katuparan ng lahat ng ating mga ninanais. At dahil mapapagkakatiwalaan natin ang Kanyang karunungan at pag-ibig, hindi natin dapat hilingin sa Kanya na sundin ang ating kalooban, kundi dapat nating sikaping maangkop at maisakatuparan ang Kanyang layunin. Ang ating mga hangarin at ninanais ay dapat ipasakop sa Kanyang kalooban. Ang mga karanasang ito na sumusubok sa pananampalataya ay para sa ating kapakinabangan. Sa pamamagitan nila ay ipinakikita kung ang ating pananampalataya ay tunay at matapat, na nakabatay sa salita ng Diyos lamang, o kung nakadepende sa mga pangyayari, ito ay hindi tiyak at nagbabago. Ang pananampalataya ay pinalalakas ng pagsasagawa. Dapat nating hayaan ang pagtitiis na gawin ang matuwid niyang gawain, na isinasaisip na may napakahalagang mga pangako sa Kasulatan para sa mga naghihintay sa Panginoon."—*The Ministry of Healing,* p. 231.

**b. Paano at bakit ipinakikita sa atin ni Santiago ang isang mas malaking paglalarawan kaysa sa pansamantalang pananaw sa kapangyarihan at kasaganaan ng masamang sanlibutang ito? Santiago 1:9–11.**

"Sa panahong ito, bago ang matinding huling krisis, katulad noong bago ang unang pagkawasak ng mundo, ang mga tao ay abala sa mga kasiyahan at mga pagnanasa ng pandama. Nabibighani sa nakikita at lumilipas, nawawala sa paningin nila ang hindi nakikita at walang hanggan. Para sa mga bagay na lumilipas sa paggamit, ay naisasakripisyo nila ang hindi nasisirang kayamanan. Ang kanilang isipan ay dapat mapasigla, ang kanilang mga pananaw sa buhay ay dapat mapalawak. Kinakailangan nilang mapukaw mula sa pananamlay ng makamundong pangangarap.

"Mula sa pagbangon at pagbagsak ng mga bansa na ginawang malinaw sa mga pahina ng Banal na Kasulatan, kinakailangan nilang matutunan kung gaano kawalang-halaga ang panlabas lamang at makamundong kaluwalhatian. Ang Babilonia, kasama ang lahat ng kapangyarihan nito at ang karilagan nito, na hindi na nakita ng ating mundo mula noon—kapangyarihan at karilagan na para sa mga tao noong panahong iyon ay tila napakatatag at mananatili—gaano ito ganap na lumipas! Gaya ng 'bulaklak ng damo' ito ay lumipas. Kaya't masisira ang lahat kung wala ang Diyos sa pundasyon nito. Tanging yaon lamang na nakaugnay sa Kanyang layunin at nagpapahayag ng Kanyang katangian ang mananatili. Ang Kanyang mga prinsipyo ay ang tanging matatag na bagay na nalalaman ng ating sanlibutan."—*Education,* p. 183.

"Ang makamundong kayamanan ay madaling lilipas. Tanging sa pamamagitan lamang ni Kristo maaari nating makakamit ang walang-hanggang kayamanan."— *The Review and Herald,* Disyembre 10, 1901.

### 3. SA PANAHON NG KATINDIHAN NG INIT NG PAKIKIBAKA

**a. In facing temptation, what must we prayerfully do, and why? Santiago 1:12.**

"Iwaksi mo ang lahat ng pagkukunwari at damdamin. Kumilos ng simple, natural na sarili. Maging matapat sa bawat iniisip at salita at gawa, at 'sa kababaan ng pagiisip, na ipalagay ng bawa't isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili.' Palaging tandaan na ang moral na likas ay kinakailangang mapatibay ng patuloy na pagbabantay at panalangin. Hangga't umaasa tayo kay Kristo, tayo ay ligtas; ngunit sa sandaling maisip natin ang ating mga sakripisyo at paghihirap, at magsimulang kaawaan at paluguran ang ating sarili, mawawala ang ating pagtitiwala sa Diyos at tayo ay nasa matinding panganib."—*Testimonies for the Church,* vol. 4, p. 522.

"Dapat tayong kumilos ng tuloy-tuloy na pasulong, na hindi nawawalan ng lakas ng loob o pag-asa sa mabuting gawain, anuman ang mga pagsubok na dumaan sa ating landas, anumang moral na kadiliman ang maaaring bumalot sa atin. Ang pagtitiis, pananampalataya, at pag-ibig sa tungkulin ay ang mga aral na dapat nating matutunan. Ang pagsupil sa sarili at pagtingin kay Hesus ay isang pang-araw-araw na gawain. Ang Panginoon ay hinding-hindi pababayaan ang kaluluwang nagtitiwala sa Kanya at humihingi ng tulong sa Kanya. Ang korona ng buhay ay inilalagay lamang sa noo ng mananagumpay."—Ibid., vol. 5, p. 70, 71.

**b. Bakit maling sabihin na ang Diyos ay nagpapadala ng mga pagsubok at mga tukso? Santiago 1:13.**

"Hindi natin dapat subukang bawasan ang ating pagkakasala sa pamamagitan ng pagdadahilan sa kasalanan. Dapat nating tanggapin ang pagpapasya ng Diyos sa kasalanan, at iyon ay talagang napakabigat. Ang kalbaryo lamang ang makakapagpahayag ng nakakakilabot na kasamaan ng kasalanan. . . .

"Ang tukso ay pang-aakit na magkasala, at hindi ito nagmumula sa Diyos, kundi kay Satanas at mula sa kasamaan ng ating sariling mga puso. 'Ang Dios ay hindi maaaring matukso sa masamang bagay, at hindi rin naman siya nanunukso sa kanino man.' Santiago 1:13, R.V.

"Si Satanas ay nagsisikap na dalhin tayo sa tukso, upang ang kasamaan ng ating mga pag-uugali ay mahayag sa harap ng mga tao at mga anghel, upang angkinin niya tayo bilang kanya. . . . Ang kaaway ay inaakay tayo sa kasalanan, at pagkatapos ay inaakusahan niya tayo sa harapan ng makalangit na uniberso na hindi karapat-dapat sa pag-ibig ng Diyos."—*Thoughts From the Mount of Blessing,* pp. 116, 117.

**c. Kapag ang tagapag-akusa ay pinupuntirya ang depekto ng ating mga pag-uugali, paano tayo ipinagsasanggalang ng Panginoon? Zacarias 3:1–4; 1 Juan 1:9–2:1.**

## 4. ANG KALAKASAN NG DIYOS SA ATING KARUPUKAN

**a. Ipaliwanag ang sipi sa panalangin ng Panginoon, "At huwag mo kaming ihatid sa tukso." Mateo 6:13 (unang bahagi); Isaias 30:21.**

"[Ang Diyos] ay pinapahintulutang makatagpo tayo ng mga balakid, pag-uusig, at paghihirap, hindi bilang isang sumpa, kundi bilang pinakadakilang pagpapala sa ating buhay. Ang bawat tuksong nilalabanan, bawat pagsubok na may katapangang tinitiis, ay nagbibigay sa atin ng bagong karanasan at nagsusulong sa atin sa gawain ng pagbubuo ng pag-uugali. Ang kaluluwa na sa pamamagitan ng banal na kapangyarihan ay lumalaban sa tukso ay naghahayag sa sanlibutan at sa makalangit na sansinukob ng pagiging-mabisa ng biyaya ni Kristo.

"Ngunit bagama't hindi tayo dapat manglupaypay sa pagsubok, bagama't napakapait nito, dapat tayong manalangin na hindi tayo pahintulutan ng Diyos na madala kung saan tayo mahihila ng mga pagnanasa ng ating masasamang puso. Sa pag ng panalangin na ibinigay ni Kristo, isinusuko natin ang ating mga sarili sa patnubay ng Diyos, na humihiling sa Kanya na akayin tayo sa ligtas na mga landas. Hindi natin maiaalay ang panalanging ito nang may katapatan, at pagkatapos ay magpapasiya na lumakad sa anumang paraan na ating pinipili. Hihintayin natin ang Kanyang kamay na akayin tayo. . . .

"Mapanganib para sa atin na magpaliban upang pag-isipan ang mga pakinabang na makukuha sa pamamagitan ng pagpapasakop sa mga mungkahi ni Satanas. Ang kasalanan ay nangangahulugan ng kahihiyan at kapahamakan sa bawat kaluluwang nagpapakabuyo dito; maliban pa ito ay nakakabulag at mapanlinlang sa likas na katangian nito, at ito ay hihikayat sa atin sa pamamagitan ng nakaka-akit na mga anyo. Kung mangangahas tayo sa teritoryo ni Satanas wala tayong katiyakan ng proteksyon mula sa kanyang kapangyarihan. Hanggang sa ngayon sa atin nakasalalay, dapat nating isara ang bawat lagusan kung saan ang manunukso ay maaaring makahanap ng daan sa atin.

"Ang panalangin, na 'Huwag mo kaming ihatid sa tukso,' mismo ay isang pangako."—*Thoughts From the Mount of Blessing,* pp. 117, 118.

**b. Anong panawagan at katiyakan ang ginagawa ng Diyos sa atin hinggil sa tukso? Santiago 1:14–16; 1 Corinto 10:13.**

"Ano ang tukso? Ito ang paraan kung saan ang mga nagsasabing sila ay mga anak ng Diyos ay sinusubok at sinusuri. Mababasa natin na tinukso ng Diyos si Abraham, na tinukso Niya ang mga anak ni Israel. Ito ay nangangahulugan na pinahihintulutan Niya ang mga sitwasyon na mangyari upang subukin ang kanilang pananampalataya at akayin silang umasa sa Kanya para sa tulong. Pinahihintulutan ng Diyos na dumating ang tukso sa Kanyang bayan ngayon upang maunawaan nila na Siya ang kanilang katulong. Kung sila ay lalapit sa Kanya kapag sila ay tinutukso, palalakasin Niya sila upang mapaglabanan ang tukso."—*In Heavenly Places,* p. 251.

# *Huwebes* Oktubre 17

**5. PANANAW SA MGA PAGSUBOK**

**a. Upang manatili kay Kristo at sa gayon ay maligtas mula sa mga tukso, ano ang dapat nating palaging pipiliin? Lucas 4:8; Filipos 1:21.**

"Ang manunukso ay hindi kailanman tayo mapipilit na gumawa ng masama. Hindi niya makokontrol ang mga isipan maliban kung sila ay magpapasakop sa kanyang kontrol. Ang kalooban ay may pahintulot, ang pananampalataya ay dapat munang makabitaw sa paghawak kay Kristo, bago magamit ni Satanas ang kanyang kapangyarihan sa atin. Ngunit ang bawat makasalanang pagnanasa na ating pinahahalagahan ay nagbibigay sa kanya ng panghahawakan. Bawat punto kung saan nabibigo tayong maabot ang banal na pamantayan ay isang bukas na pinto kung saan maaari siyang makapasok upang tuksuhin at wasakin tayo. At ang bawat kabiguan o pagkatalo sa ating panig ay nagbibigay ng pagkakataon para sa kanya na ipahiya si Kristo."—*The Desire of Ages,* p. 125.

**b. Ano ang dapat magpasigla sa atin na magpatuloy sa pagsulong sa tagumpay kay Kristo? Filipos 4:13; Pahayag 2:10 (huling bahagi); 3:21.**

"Siya na puspos ng Espiritu ni Kristo ay nananatili kay Kristo. Ang dagok na nakapuntirya sa kanya ay napupunta sa Tagapagligtas, na kumukubkob sa kanya ng Kanyang presensya. Anuman ang dumating sa kanya ay nagmumula kay Kristo. Hindi niya kinakailangang labanan ang kasamaan, dahil si Kristo ang kanyang depensa. Walang makahihipo sa kanya maliban sa kapahintulutan ng ating Panginoon, at ang 'lahat ng bagay' na pinahihintulutan ay 'gumagawa nang sama-sama sa ikabubuti nila na umiibig sa Diyos.' Roma 8:28."—*Thoughts From the Mount of Blessing,* p. 71.

"Ang korona ng buhay ay inilalagay lamang sa noo ng mananagumpay. Mayroon, para sa bawat isa, ng taimtim, solemneng gawain para sa Diyos habang nabubuhay."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 71.

# *Biyernes* Oktubre 18

**PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL**

**1. Ano ang kinakailangan kong alalahanin sa susunod na pagkakataon kapag ang isang mahirap na pagsubok ay dumating?**

**2. Ano ang dapat kong maunawaan tungkol sa pamamaraan ng Diyos sa pagsagot sa panalangin?**

**3. Saan nagmumula ang mga pagsubok at tukso, at bakit?**

**4. Ano ang nangyayari sa tuwing nilalabanan natin ang tukso?**

**5. Paano ako makakapanatili nang lubusan kay Kristo ?**

# Pagsasagawa ng Pananampalataya

**SAULUHING TALATA: “Datapuwa’t maging tagatupad kayo ng salita, at huwag tagapakinig lamang, na inyong dinadaya ang inyong sarili” (Santiago 1:22).**

“Ang [tao] ay hinirang upang maging masunurin sa bawat salita na lumalabas sa bibig ng Diyos, at upang siya ay maging, hindi isang tagapakinig lamang, kundi isang tagatupad ng salita.”

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, vol.* 2, pp. 24–26, 50–55, 164, 165.

## *Linggo* *Oktubre 20*

### 1. ANG SAKDAL NA NAGBIBIGAY

**a. Ano ang nagpapakita ng nakakamanghang kabutihan ng Diyos sa atin? Santiago 1:17.**

“Ang pag-ibig ni Kristo sa Kanyang mga anak ay magiliw at makapangyarihan. At ito ay lalong matatag kaysa sa kamatayan; sapagkat Siya ay namatay upang bayaran ang ating kaligtasan, at upang tayo ay maging isa sa Kanya, sa espirituwal at walang hanggan. Napakalakas ng Kanyang pag-ibig na nako-kontrol nito ang lahat ng Kanyang kapangyarihan, at ginagamit ang napakalawak na kayamanan ng langit sa paggawa ng kabutihan sa Kanyang bayan. Ito ay walang pagbabago o anino ng pagbaling—tulad noon, ngayon, at magpakailanman. Bagama’t matagal nang umiiral ang kasalanan, sinusubukang hadlangan ang pag-ibig na ito at hadlangan ang pagdaloy nito sa lupa, ito ay dumadaloy pa rin sa masaganang agos para sa mga taong pinagkamatayan ni Kristo.

“Mahal ng Diyos ang walang kasalanang mga anghel, na gumagawa sa paglilingkod sa Kanya at sumusunod sa lahat ng Kanyang mga ipinag-uutos; ngunit hindi Niya sila binibigyan ng biyaya; hindi nila ito kinakailangan kailanman, sapagkat hindi sila kailanman nagkasala. Ang biyaya ay isang katangiang ipinapakita sa mga taong hindi karapat-dapat. Hindi natin ito hinahanap; ipinadala ito sa paghahanap sa atin. Ang Diyos ay nagagalak na magkaloob ng biyaya sa lahat ng nagugutom at nauuhaw para dito, hindi dahil tayo ay karapat-dapat, kundi dahil tayo ay hindi karapat-dapat. Ang ating pangangailangan ay ang batayan na nagbibigay sa atin ng katiyakan na matatanggap natin ang kaloob.”—*Testimonies to Ministers,* p. 519.

**b. Paano at bakit tayo ipinanganak ng Diyos? Santiago 1:18; 1 Pedro 1:23; 2:9.**

## 2. PINALALAMIG ANG INIT

**a. Sa mundong nagngangalit, paano at bakit tayo dapat naiiba? Santiago 1:19.**

"Gawin itong isang tuntunin na huwag magbigkas ng isang salita ng pagtuligsa sa isa't isa, kundi magbigay ng pagpapahalaga at papuri hangga't maaari.

"Ang ilan ay iniisip na ito ay isang kagalingan ang hindi napipigilan, at sila ay magsasalita bilang papuri sa kanilang gawi ng tahasang pagsasalita ng hindi kanais-nais na mga bagay na nasa puso. Pinahihintulutan nila ang galit na espiritu na magpakawala sa sarili ng delubyo ng pamumuna at paghahanap ng kamalian. Mas maraming sinasabi, mas lalo silang napupukaw, at si Satanas ay nakatayo upang tumulong sa gawain, dahil ito ay umaangkop sa kanya. Ang mga binibigkas na salita ay nagpapagalit sa kanilang kausap, at ipinupukol pabalik, na pumupukaw ng pagpapagalit para sa mas masasakit na mga salita, hanggang sa ang isang maliit na bagay ay magliyab na isang napakalaking apoy. Pareho ninyong nararamdaman na nasa inyo ang lahat ng mga pagsubok na maaari ninyong tiisin at ang inyong buhay ay ang pinaka-malungkot. Matatag na simulan ang gawain ng pagpipigil ng inyong mga iniisip, ng inyong mga sinasalita, ng inyong mga ginagawa. Kapag ang sinuman sa inyo ay nakakaramdam ng pagsibol ng sama ng loob, gawin itong panuntunan na pumunta ng mag-isa at mapagpakumbabang manalangin sa Diyos."—*Testimonies for the Church,* vol. 4, p. 243.

**b. Bakit mainitin ang ulo ay hindi nakakalugod sa Dios—at paano ito malulunasan? Santiago 1:20.**

"Ang ilan ay nababalisa, at kung sila ay nagsisimulang mawalan ng pagpipigil sa sarili sa salita o espiritu sa ilalim ng panunukso, sila ay labis na lasing sa pagkagalit gaya ng nalasing sa alak. Sila ay wala sa katuwiran, at hindi madaling himukin o makumbinsi. Sila ay hindi maliwanag ang isipan; Si Satanas sa panahong ito ang may ganap na kontrol. Ang bawat isa sa mga pagpapakitang ito ng matinding poot ay nagpapahina sa sistema ng nerbiyos at ng mga kapangyarihang moral, at ginagawang mahirap pigilan ang galit sa isa pang pambubuyo.

"Sa uring ito ay may isang lunas lamang—positibong pagpipigil sa sarili sa lahat ng pagkakataon. Ang pagsisikap na makapasok sa isang kanais-nais na lugar, kung saan ang sarili ay hindi maiinis, ay maaaring magtagumpay sa ilang sandali; ngunit alam ni Satanas kung saan matatagpuan ang kaawa-awang mga kaluluwang ito, at aatakihin sila sa kanilang mga kahinaan ng paulit-ulit. Patuloy silang guguluhin hanggang mag-isip sila ng labis sa sarili nila. . . . Ngunit may pag-asa para sa kanila. Hayaang ang buhay na ito, na mabagyo ng mga tunggalian at mga alalahanin, ay maiugnay kay Kristo, at pagkatapos ang sarili ay hindi na hihiyaw sa pangingibabaw. . . . Dapat nilang ipagpakumbaba ang sarili, na nagsasabi ng matapat na, 'Nagkamali ako. Mapapatawad mo ba ako? Sapagkat sinabi ng Diyos na huwag nating hayaang lumubog ang araw sa ating galit.' Ito ang tanging ligtas na landas patungo sa pagtatagumpay." – Sons and Daughters of God, p. 142.

## 3. PAGPAPAHALAGA SA LIWANAG

**a. Ipaliwanag ang panawagan ng Diyos sa bawat isa sa atin. Santiago 1:21.**

"Oh, paano nagagawa ng nagtataglay ng liwanag ng katotohanan, ng dakilang liwanag na ibinigay sa kanila ng Diyos, na salungatin ang poot at mga paghatol ng Diyos sa pamamagitan ng pagkakasala laban sa Kanya at paggawa ng mismong mga bagay na sinabi sa kanila ng Diyos sa Kanyang salita na huwag gagawin? Paano sila lubos na nabubulag ni Satanas upang lapastanganin ang Diyos sa Kanyang mukha, at dungisan ang kanilang mga kaluluwa sa pamamagitan ng pagkakasala nang sinasadya? Ang sabi ng apostol, 'Kami'y ginawang panoorin ng sanlibutan, at ng mga anghel, at ng mga tao.' Itong mga makasalanan—ay tatawagin ko bang mga mapagpaimbabaw?—sa Sion ay nagtanong, Sa paanong paraan ako naging panoorin ng sanlibutan, ng mga anghel, at ng mga tao? Sagutin ang inyong mga sarili, Sa pamamagitan ng aking pag-aabuso sa liwanag at mga pribilehiyo at habag na ibinibigay ng Dios sa akin, sa pamamagitan ng mga hindi nararapat na mga pagkilos na nagpapasama at dumudungis sa kaluluwa."—*Testimonies to Ministers,* p. 447.

**b. Paano ang salita ng Diyos nauugnay sa ating kaligtasan, lalo na sa mga huling araw? 2 Timoteo 3:15; 1 Corinto 15:1, 2.**

"Ang tunay na paggawa ng Banal na Espiritu sa mga puso ng tao ay ipinangako, upang magbigay ng kahusayan sa pamamagitan ng Salita. Ipinahayag ni Kristo na ang Salita ay espiritu at buhay. . . .

"Si Satanas ay gagawa sa isang tusong pamamaraan upang ipakilala ang mga imbensyon ng tao na nadadamitan ng mga kasuotan ng anghel. Ngunit ang liwanag mula sa Salita ay sumisinag sa gitna ng moral na kadiliman; at ang Bibliya ay hindi kailanman mapapalitan ng mga mahimalang pagpapakita. Ang katotohanan ay dapat pag-aralan, ito ay dapat saliksikin gaya ng nakatagong kayamanan. Ang mga kahanga-hangang pagpapaliwanag ay hindi ibibigay maliban sa Salita, o hahalili sa lugar nito. Panghawakan ang Salita, tanggapin ang itinanim na Salita, na gagawa sa tao na maging pantas tungo sa kaligtasan."—*Selected Messages,* bk. 2, p. 100.

"Ang mga yumayakap sa katotohanan ay dapat magsikap ng isang malinaw na pagkaunawa sa Banal na Kasulatan at ng isang nagsisiyasat na kaalaman sa isang buhay na Tagapagligtas. Ang katalinuhan ay dapat linangin, ang isipan ay papaghirapin. Ang lahat ng pangkaisipang katamaran ay kasalanan, at ang espirituwal na pananamlay ay kamatayan."—*Testimonies for the Church,* vol. 4, p. 399.

"Kapag ang Kanyang mga salita ng pagtuturo ay tinanggap na, at kumukontrol sa atin, si Jesus ay isang nananatiling presensya sa atin, na kumokontrol sa ating mga iniisip at mga ideya at mga pagkilos. Tayo ay napupuspos ng turo ng pinakamahusay na guro na noon pa man kilala ng sanlibutan."—*Messages to Young People,* p. 160.

## 4. ANG SALAMIN NG KAUTUSAN NG DIYOS

**a. Bakit mahalagang suriin natin ang ating mga puso? Santiago 1:22–24.**

"Marami ang tumatanggap ng papuri para sa mga kabutihan na hindi nila tinataglay. Ang Tagasuri ng mga puso ay tinitimbang ang mga motibo, at kadalasan ang mga gawa na lubos na pinapapurihan ng mga tao ay itinatala Niya na nagmumula sa pagkamakasarili at pagpapa-imbabaw. Bawat kilos ng ating buhay, maging napakagaling at kapuri-puri, o karapat-dapat sa pagpuna, ay hinahatulan ng Tagasuri ng mga puso ayon sa mga motibo na nag-uudyok dito.

"Maraming nagpapabayang tingnan ang sarili sa salamin na nagpapakita ng mga depekto sa pag-uugali; kaya ang depekto at kasalanan ay umiiral, at nakikita ng iba, kahit na hindi nauunawaan ng mga taong nagkakasala. Ang nakakamuhing kasalanan ng pagkamakasarili ay umiiral sa napakalaking antas, maging sa ilang mga nag-aangking matapat sa gawain ng Diyos. Kung kanilang ihahambing ang kanilang pag-uugali sa Kanyang mga kahilingan, lalo na sa dakilang pamantayan, ang banal na kautusan ng Diyos, kanilang matitiyak, kung taimtim, matapat na mga tagasuri, na sila ay nakakatakot na lubhang nagkukulang. Ngunit ang ilan ay hindi handang tumingin nang mas malayo o nang mas malalim upang makita ang kasamaan ng kanilang sariling mga puso. Sila ay nagkukulang sa napakaraming aspeto, ngunit sila ay nananatili sa kusang-loob na kamangmangan ng kanilang kasamaan."—*Gospel Workers,* pp. 275, 276.

**b. Ipaliwanag ang kagandahan ng tunay na kalayaan sa pamamagitan ng malikhaing kapangyarihan na nagmumula sa pamamagitan ng pagsuko kay Kristo at sa Kanyang kalooban. Santiago 1:25; Juan 8:32.**

"Sa gawain ng pagtubos ay walang pamimilit. Walang panlabas na puwersa ang ginagamit. Sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu ng Diyos, ang tao ay hinahayaang pumili kung sino ang kanyang paglilingkuran. Sa pagbabagong nagaganap kapag ang kaluluwa ay sumuko kay Kristo, mayroong sukdulang pagkadama ng kalayaan. Ang pag-waksi ng kasalanan ay gawa ng kaluluwa mismo. Totoo, wala tayong kapangyarihan na palayain ang ating sarili mula sa kontrol ni Satanas; ngunit kapag ninanais nating mapalaya mula sa kasalanan, at sa ating matinding pangangailangan ay humihingi ng kapangyarihang mula sa labas at higit sa ating sarili, ang mga kapangyarihan ng kaluluwa ay napupuspos ng banal na kalakasan ng Banal na Espiritu, at sila ay sumusunod sa mga dikta ng kalooban sa pagtupad ng kalooban ng Diyos.

"Ang tanging kondisyon kung saan ang kalayaan ng tao ay posible ay ang pagiging kaisa ni Kristo. 'Ang katotohanan ay magpapalaya sa inyo;' at si Kristo ang katotohanan. Ang kasalanan ay maaaring magtagumpay lamang sa pamamagitan ng pagpapahina ng isipan, at pagsira sa kalayaan ng kaluluwa. Ang pagpapasakop sa Diyos ay pagpapanumbalik sa sarili—sa tunay na kaluwalhatian at dignidad ng tao. Ang banal na kautusan, kung saan tayo ay pinapasakop, ay 'ang batas ng kalayaan.' Santiago 2:12."—*The Desire of Ages,* p. 466.

# Huwebes
Oktubre 24

**5. TUNAY NA RELIHIYON**

**a. Pangalanan ang isang napakahalagang aspeto ng Kristiyanismo na kadalasang nagkukulang. Santiago 1:26.**

"Sa pamamagitan ng tulong na maaaring ibigay ni Kristo, matututunan nating pigilan ang dila. Kahit na Siya ay malupit na sinubok sa punto ng padalus-dalos at malupit na pananalita, hindi Siya kailanman nagkasala sa Kanyang mga labi. Sa kalmadong pagtitiis ay hinarap Niya ang mga panunuya, mga pag-alipusta, at panglilibak ng Kanyang mga kasamahan sa trabaho sa pagawaan ng karpintero. Sa halip na gumanti nang may galit, sinisimulan Niyang awitin ang isa sa mga magagandang salmo ni David; at ang Kanyang mga kasamahan, bago maunawaan ang kanilang ginagawa, ay nakikiisa sa Kanya sa pag-awit. Anong napakalaking pagbabago ang mangyayari sa mundong ito kung ang mga lalaki at babae sa ngayon ay susundin ang halimbawa ni Kristo sa paggamit ng mga salita."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7, p. 936.

**b. Paano ang tunay na relihiyon gumagawa nang tahimik, nang walang pagka-makasarili sa likod ng mga nangyayari? Santiago 1:27.**

"Ang maging isang manggagawa, ang magpatuloy sa paggawa nang may pagtitiis na nangangailangan ng pagtanggi sa sariling paggawa, ay isang maluwalhating gawain, na ang Langit ay ngumingiti. Ang matapat na paggawa ay higit na katanggap-tanggap sa Diyos kaysa sa pinaka-masigasig at inaakalang pinakabanal na pagsamba. Ang paggawa kasama ni Kristo ang tunay na pagsamba. Ang mga panalangin, pangaral, at pananalita ay mahinang uri ng mga bunga, na madalas na nakakabit; ngunit ang mga bunga na nahayag sa mabubuting gawa, sa pangangalaga sa nangangailangan, sa mga ulila, at sa mga babaing balo, ay mga tunay na bunga, at natural na lumalago sa isang mabuting puno."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, p. 24.

# Biyernes
Oktubre 25

**PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL**

1. **Bakit maaari nating ipagkatiwala ang ating buhay sa walang hanggang Diyos ng Langit?**
2. **Ano ang tungkulin ng lahat na natatagpuan ang kanilang sarili na nawawalan ng pagpipigil?**
3. **Bakit mahalaga para sa akin na pag-aralan ang Salita ng Diyos para sa aking sarili?**
4. **Ipaliwanag kung ano ang tunay na kalayaan.**
5. **Paano ko malilinang ang mas mataas na antas ng tunay na relihiyon mula sa puso?**

Sabbath, Nobyembre 2, 2024

## Handog sa Unang Sabbath para sa General Conference Literature Department




May isang tanyag na kasabihan, "Ang isang patak ng tinta ay maaaring gawing ang isang milyon ay mag-isip." Ang naka-imprentang babasahin ay may posibilidad na magdala ng higit na kahalagahan kaysa sa mga salita na basta binibigkas lamang dahil sa pagiging permanente nito. Gamit ang nakasulat na aral, maaari tayong maglaan ng oras upang magbasa sa sarili nating pagpapasya, gayundin ang sumangguni muli at isaalang-alang nang mas malalim ang impormasyong sinisikap nating matutunan. Nakakatulong ito kapag sinusubukang maunawaan ang malalim na espirituwal na mga paksa.

Ito ay totoo sa buong kasaysayan: "Ang panulat ni Luther ay isang kapangyarihan, at ang kanyang mga sinulat, na kumalat na pagpapahayag, ay nagpasigla sa mundo. Ang parehong mga ahensya ay nasa aming pagpapasya, na may mga pasilidad ay nakaparami ng isang daang beses. Ang mga Bibliya, mga publikasyon sa maraming wika, na naglalahad ng katotohanan para sa panahong ito, ay nasa aming kamay, at maaaring mabilis na madadala sa buong sanlibutan."—*Testimonies for the Church,* vol. 6, p. 403.

"Sa isang malaking antas sa pamamagitan ng aming mga publishing houses ay maisasakatuparan ang gawain ng ibang anghel na bumaba mula sa langit na may dakilang kapangyarihan at siyang nagliliwanag sa lupa ng kanyang kaluwalhatian."—Ibid., vol. 7, p. 140.

Noong 1849, gumawa si James White ng isang maliit na pagpapahayag na tinatawag na The Present Truth. "Ang maliit na salansan ng mga papel ay inilapag sa sahig. Pagkatapos ay ang mga kapatid ay nagtipon sa paligid nila at lumuluha na nagsumamo sa Diyos na basbasan ang maliit na pahina bago ito ipadala. Pagkatapos, ang mga papel ay itinupi, binalot at sinulatan ng address, at dinala ito ni James White ng walong milya patungo sa post office ng Middletown."

Ang pagkilos na ito ay bilang tugon sa mensahe: " 'Kailangan mong simulan ang pag-imprenta ng isang kapirasong papel at ipadala ito sa mga tao. Hayaan itong maliit sa una; ngunit habang nagbabasa ang mga tao, padadalhan ka nila ng paraan upang makapag-imprenta, at ito ay magiging isang tagumpay mula sa una.' "

Ano ang mangyayari kapag ang mga gastos sa pagpapadala ay tumaas at ang mga paghihigpit sa hangganan ay nangangailangan ng mas mahal na paraan ng pamamahagi? Ang halaga ng aming pagpapadala ay hindi kasama ang mga bagong gastos na ito. Kaya naman, dapat tayong umasa sa kagandahang-loob ng mga kapwa-mananampalataya upang matupad ang hula na sinabi sa unang mamamahayag na iyon: "Habang nagbabasa ang mga tao, padadalhan ka nila ng paraan."

Dalangin namin na ang Handog sa Unang Sabbath para sa GC Literature Department ay aantig sa iyong puso na magbigay ng karagdagan para sa mga kaluluwa sa buong mundo na kinakailangang makapagbasa ng pang-kasalukuyang katotohanan. salamat po!

*Ang inyong mga kapatid sa General Conference Literature Department*

# Panagumpayan ang Pagtatangi

**SAULUHING TALATA: "Sapagkat ang Diyos ay hindi nagtatangi ng mga tao" (Roma 2:11).**

"Ang Diyos ay hindi kinikilala ang pagkakaiba ng katayuan. Sa Kanya ay walang lahi. Sa Kanyang paningin, ang mga tao ay simpleng tao, mabuti man o masama. Sa araw ng pangwakas na pagtutuos, ang posisyon, ranggo, o kayamanan ay hindi mababago ng kahit tulad ng isang hibla ng buhok ang kaso ng sinuman. Sa pamamagitan ng Diyos na nakakakita ng lahat, ang mga tao ay hahatulan kung ano ang kanilang antas sa kadalisayan, sa karangalan, sa pag-ibig kay Kristo."—*Counsels on Stewardship,* p. 162.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, for the Church*3.

## *Linggo* *Oktubre 27*

**1. ISANG SULIRANIN SA UGALI**

**a. Ilarawan ang isang karaniwang makamundong ugali na maaaring tayo ay nagkakasala, marahil nang hindi natin ito namamalayan. Santiago 2:1–4.**

"Ang mahihirap ay dapat tratuhin nang may pagmamalasakit at atensyon gaya ng mayayaman. Ang gawi ng pagpapahalaga sa mayayaman at pagmamaliit at pagpapabaya sa mahihirap ay isang krimen sa paningin ng Diyos. Yaong mga napapaligiran ng lahat ng kaginhawahan ng buhay, na pinangangalagaan at pinapalayaw ng sanlibutan dahil sila ay mayaman, ay hindi nakadarama ng pangangailangan ng simpatya at magiliw na pagsasaalang-alang gaya ng mga tao na ang buhay ay matagal nang nakikipaglaban sa kahirapan." - *Testimonies for the Church,* vol. 4, p. 551.

"Bagaman si Kristo ay mayaman sa makalangit na mga palasyo, Siya ay naging dukha upang tayo sa pamamagitan ng Kanyang kahirapan ay yumaman. Pinarangalan ni Jesus ang mga dukha sa pamamagitan ng pakikibahagi ng kanilang abang kalagayan. Mula sa kasaysayan ng Kanyang buhay ay kinakailangan nating matututunan kung paano pakikitunguhan ang mahihirap."—Ibid., p. 550.

**b. Ano ang dapat nating maunawaan tungkol sa mga maaaring mahirap sa mga ari-arian ng mundong ito ngunit mayaman sa pananampalataya? Santiago 2:5.**

## 2. PANG-UNAWA AT WALANG ITINATANGI

**a. Ipaliwanag ang balanseng pamamaraan na itinuro ni Jesus tungkol sa pagtulong sa mahihirap. Marcos 14:3–9.**

"Ang ilan ay dinadala ang tungkulin ng pagiging mabuti sa labis-labis na antas na talagang nakakapinsala na sa nangangailangan sa pamamagitan ng paggawa ng labis para sa kanila. Ang mga mahihirap ay hindi palaging nagsisikap sa kanilang sarili ayon sa nararapat. Bagama't hindi sila dapat pabayaan at hayaang magdusa, dapat silang turuan na tulungan ang kanilang sarili.

"Ang layunin ng Diyos ay hindi dapat mapabayaan na ang mga mahihirap ang unang makakatanggap ang ating pag-aasikaso. Minsan ay binigyan ni Kristo ang Kanyang mga disipulo ng isang napakahalagang aral sa puntong ito. Nang ibuhos ni Maria ang pamahid sa ulo ni Jesus, ang mapag-imbot na si Hudas ay nakiusap alang-alang sa mga dukha, na bumubulong sa itinuturing niyang pag-aaksaya ng salapi. Ngunit pinagtibay ni Jesus ang gawa, na nagsasabi: 'Bakit ninyo siya binabagabag? gumawa siya ng mabuting gawa sa Akin.' 'Saanman ipangaral ang ebanghelyong ito sa buong mundo, ito ring ginawa niya ay ipapahayag bilang pag-alaala sa kanya.' Sa pamamagitan nito tayo ay tinuturuan na si Kristo ay dapat parangalan ng pagtatalaga ng pinakamabuti sa ating mga pag-aari. Kung ang ating buong pansin ay itutuon sa pag-tulong sa mga pangangailangan ng mga dukha, ang layunin ng Diyos ay mapapabayaan. Hindi maghihirap ang Kanyang mga katiwala kung ginagawa ang kanilang tungkulin, ngunit ang layunin ni Kristo ay dapat mauna."—*Testimonies for the Church,* vol. 4, pp. 550, 551.

**b. Sa sinaunang Israel, anong pag-uugali ang hinihiling sa mga nangangasiwa ng katarungan? Levitico 19:15; Deuteronomio 1:17; 10:17.**

**c. Ngayon, paano dapat ng lahat sa alinmang kakayahan ng pamumuno ng iglesia matutunan na iangkop ang kaparehong prinsipyong ito? 1 Pedro 1:17; Colosas 3:25.**

"Yaong mga iniuugnay ang kanilang damdamin at kapakinabangan sa isa o dalawa, at pinapaboran sila sa kapinsalaan ng iba, ay hindi dapat panatilihin ang kanilang katungkulan sa opisina sa loob ng isang araw. Ang hindi makadiyos na pagtatanging ito para sa mga espesyal na maaaring nakalulugod sa naiibigan, sa pagpapabaya sa iba na matapat at may takot sa Diyos, at sa Kanyang paningin na higit na mahalaga, ay nakakalapastangan sa Diyos. Ang pinahahalagahan ng Diyos ay dapat nating pahalagahan. Ang gayak ng maamo at mapayapang espiritu ay itinuturing Niya na mas mataas ang halaga kaysa panlabas na kagandahan, panlabas na palamuti, kayamanan, o makamundong karangalan."—Ibid., vol. 3, p. 24.

### 3. PAGBUO NG MAS MABUTING MGA GAWI

**a. Anong pagsaway ang ibinigay ni Santiago hinggil sa may kaugnayan sa mga materyal na pagtatangi ng nag-aangking mananampalataya—at bakit ito isang napakahalagang bagay? Santiago 2:6, 7.**

---

"Ang Diyos ay kinikilala tayo sa harap ng mga tao at mga anghel bilang Kanyang anak; manalangin na huwag tayong makagawa ng kalapastanganan sa 'marangal na pangalan na sa inyo'y itinatawag.' Santiago 2:7 . Ipinadala ka ng Diyos sa sanlibutan bilang Kanyang kinatawan. Sa bawat kilos ng buhay ay dapat mong ipakilala ang pangalan ng Diyos. Ang kahilingang ito ay nananawagan sa iyo na taglayin ang Kanyang katangian. Hindi mo maaaring maparangalan ang Kanyang pangalan, hindi mo Siya maaaring katawanin sa sanlibutan, maliban kung sa buhay at pag-uugali ay pinangangatawanan mo ang mismong buhay at katangian ng Diyos. Ito ay magagawa mo lamang sa pamamagitan ng pagtanggap sa biyaya at katuwiran ni Kristo."—*Thoughts From the Mount of Blessing,* p. 107.

**b. Paano lamang tayo maaaring magtagumpay sa wastong pagpapahayag kay Kristo? Roma 2:11; Kawikaan 23:7.**

"Pag-aralang mabuti ang banal na katangian ng tao, at palagiang magtanong, 'Ano ang gagawin ni Jesus kung Siya ang nasa aking kalagayan?' Ito ang dapat na sukatan ng ating tungkulin. Huwag ilagay ang inyong sarili sa hindi kinakailangang pagsasama ng mga taong sa pamamagitan ng kanilang kinagawian ay magpapahina sa inyong layunin na gawin ang tama, o magdudulot ng mantsa sa inyong budhi. Huwag gumawa ng anuman sa mga taong hindi kilala, sa kalye, sa mga sasakyan, sa tahanan, na maaaring magkaroon ng pinakamaliit na anyo ng kasamaan. Gumawa ng isang bagay araw-araw upang mapabuti, pagandahin, at parangalan ang buhay na binili ni Kristo ng Kanyang sariling dugo.

"Laging kumilos mula sa prinsipyo, hindi mula sa simbuyo ng damdamin. Pigilin ang likas ng inyong mapusok na pagkatao na may kaamuan at kahinahunan. Huwag magpakabuyo sa kahalayan o walang kapararakan. Huwag hayaang makawala ang walang kabuluhang pananalita sa inyong mga labi. Kahit na ang kaisipan ay hindi dapat payagang magkagulo. Dapat silang pigilan, dalhin sa pagkabihag sa pagsunod kay Kristo. Hayaan silang mailagay sa mga banal na bagay. Kasunod, sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo, sila ay magiging dalisay at totoo.

"Kinakailangan natin ng patuloy na pag-unawa sa makapagpaparangal na kapangyarihan ng dalisay na kaisipan. Ang tanging kasiguruhan para sa sinumang kaluluwa ay ang tamang kaisipan. . . .

"Linangin ang ugali ng pagsasalita ng mabuti sa iba. Manahan sa mabubuting katangian ng inyong mga nakakasama, at hindi gaanong pansinin hangga't maaari ang kanilang mga pagkakamali at pagkukulang."— *The Ministry of Healing,* pp. 491, 492.

## 4. PAGKAKAROON NG MARANGAL NA PAG-UUGALI

**a. Ano ang binibigyang diin ng Kasulatan na tunay na mahalaga sa ating pananampalatayang Kristiyano—at bakit? Santiago 2:8.**

---

"Maraming tagapagturo ng relihiyon ang nagpapahayag na si Kristo sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay inalis na ang kautusan, at ang tao ay malaya na mula sa mga kahilingan nito. May ilan na inilalarawan ito sa napakabigat na pamatok, at sa pagsalungat sa pagkaalipin sa kautusan ipinapahayag nila ang kalayaan ay mararanasan sa ilalim ng ebanghelyo.

"Subalit may ibat-ibang pagpapahalaga ang mga propeta at apostol sa banal na kautusan ng Diyos. Sinabi ni David: 'At lalakad ako sa Kalayaan; sapagkat aking hinanap ang iyong mga tuntunin.' Awit 119: 45. Ang apostol na si Santiago, na nagsulat pagkatapos ng kamatayan ni Kristo, na tinukoy ang Dekalogo bilang 'ang kautusang hari' at 'ang sakdal na kautusan ng kalayaan' Santiago 2: 8; 1: 25. At ang tagapagpahayag, kalahating siglo pagkatapos ng pagkapako, ipinahayag ang pagpapala sa kanila 'na tumutupad ng Kanyang kautusan, upang magkaroon ng Karapatan sa punong-kahoy ng buhay, at makapasok sa bayan sa pamamagitan ng mga pintuan.' Pahayag 22:14—The Great Controversy, p. 466.

"Kapag ang isa ay sumuko kay Kristo, ang kaisipan ay dinadala sa ilalim ng pagkontrol ng kautusan; subalit ang kautusang hari, ang nagpapahayag ng kalayaan sa bawat bihag. Sa pakiki-isa kay Kristo, ang tao ay nagiging malaya. Ang pagpapasakop sa kalooban ni Kristo ay nangangahulugan ng pagpapanumbalik sa sakdal na pagkatao.

"Ang pagsunod sa Dios ay Kalayaan sa pagkaalipin sa kasalanan, pagpapalaya mula sa pagkahumaling at simbuyo. Ang tao ay maaaring tumayong mananagumpay sa kaniyang sarili, mananagumpay sa kaniyang sariling mga hilig, mananagumpay sa mga pamunuan at mga kapangyarihan, at laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan.' Efeso 6:12."—*The Ministry of Healing,* p. 131.

**b. Paanong ang pagkakaroon ng pinapanigan, pagtatangi, at/o masamang palagay ay napakasamang sumisira sa ating pagpapatotoo para kay Kristo? Santiago 2:9.**

"Maaari nating angkinin na maging mga tagasunod tayo ni Cristo, maaari nating sabihing nananampalataya tayo sa bawat katotohanan sa salita ng Diyos; ngunit ito ay walang maidudulot na kabutihan sa ating kapwa maliban kung ang ating paniniwala ay dinadala sa ating pang-araw-araw na buhay. Ang ating pag-aangkin ay maaaring kasing taas ng langit, ngunit hindi nito ililigtas ang ating sarili maging ang ating kapwa tao maliban kung tayo ay mga Kristiyano. Ang tamang halimbawa ay higit ang magagawa upang maging kapaki-pakinabang sa sanlibutan kaysa sa lahat ng ating pag-aangkin."—*Christ's Object Lessons,* p. 383.

# *Huwebes* *Oktubre 31*

## 5. MATALINONG PAGTUTURO NA MAY HABAG

**a. Ano ang dapat nating panatilihin sa isipan sa pagtataguyod ng moral na kautusan ng Diyos sa ating sarlil—gayundin kapag ibinabahagi ang katotohanang ito sa mga susunod na henerasyon? Eclesiastes 11:9; 12:13, 14; Santiago 2:10–13.**

"Ang kabataan ay may likas na pag-ibig sa kalayaan; ninanais nila ang kalayaan; at kinakailangan nilang maunawaan na ang hindi masusukat na mga pagpapalang ito ay matatamasa lamang sa pagsunod sa kautusan ng Diyos. Ang kautusang ito ang tagapangalaga ng tunay na kalayaan. Nagtuturo ito at nagbabawal ng mga bagay na nakakasama at umaalipin, at sa masunurin ito ay nagbibigay ng proteksyon mula sa kapangyarihan ng kasamaan.

"Sinabi ng salmista: 'Lalakad ako nang malaya: sapagka't aking hinanap ang iyong mga tuntunin.' 'Ang mga patotoo mo naman ay aking mga kaluguran at aking mga tagapayo.' Awit 119:45, 24.

"Sa ating pagsisikap na iwasto ang kasamaan, dapat tayong mag-ingat laban sa isang hilig sa paghahanap ng kamalian o pamumuna. Ang patuloy na pagbatikos ay nagpapagulo, ngunit hindi nagpapabuti. Sa maraming kaisipan, at madalas sa mga pinaka-maramdamin, ang walang malasakit na pagpuna ay nakamamatay sa pagsisikap. Ang mga bulaklak ay hindi bumubuka sa ilalim ng ihip ng mapangwasak na hangin. . . .

"Ang tunay na layunin ng pagsaway ay makakamit lamang kapag ang gumagawa ng kamalian mismo ay naakay upang makita ang kanyang pagkakamali at ang kanyang kalooban ay hinihikayat para sa pagtutuwid nito. Kapag ito ay nangyari, ituro sa kanya ang pinagmumulan ng pagpapatawad at kapangyarihan. Sikaping mapanatili ang kanyang respeto sa sarili at magbigay ng inspirasyon sa kanya ng lakas ng loob at pag-asa.

"Ang gawaing ito ay ang pinakamaganda, ang pinakamahirap, na noon pa man ay ipinagkatiwala sa mga tao. Nangangailangan ito ng pinaka-maingat na taktika, at pagiging sensitibo, ng kaalaman ng likas ng tao, at ng nagmumula sa langit na pananampalataya at pagtitiis, handang gumawa at magpuyat at maghintay. Ito ay isang gawain na wala ng maaaring magiging mas mahalaga pa."—*Education,* pp. 291, 292.

# *Biyernes* *Nobyembre 1*

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Bagama't maaaring ang akin ay hindi naman ganoon karami, ano ang dapat kong maunawaan tungkol sa iba na may mas kakaunti?**
2. **Gaano kadali ang magkaroon ng bulag na pagtatangi o hindi nararapat na maling palagay laban sa ilang tao?**
3. **Paano ang ating mga paraan ng pag-iisip nakakaapekto sa paraan ng pakikitungo natin sa gayong mga tao?**
4. **Bakit ang kautusan ng Diyos tinawag na kautusan ng kalayaan?**
5. **Ilarawan ang pag-uugali na dapat taglayin sa pagtuturo sa mga taong may maling mga ideya.**

# Pananampalatayang Gumagawa

**SAULUHING TALATA: "Datapuwa't ibig mo bagang maalaman, Oh taong walang kabuluhan, na ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay?" (Santiago 2:20).**

"Bagaman ang mabubuting gawa ay hindi makapagliligtas ng kahit isang kaluluwa, gayunpaman imposible para sa kahit isang kaluluwa na maligtas nang walang mabubuting gawa."—*Faith and Works,* p. 111.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Early Writings, pp.* 226–228, 269–273.

## *Linggo* *Nobyembre 3*

**1. PANANAMPALATAYA AT HALIMBAWA**

**a. Bakit lubos na napakahalagang mamuhay nang naaayon sa pananampalatayang ating ipinahahayag? 1 Corinto 4:9; 1 Juan 5:3; Santiago 2:14.**

"Huwag dayain ng sinuman ang kanilang sarili sa paniniwalang maaari silang maging banal habang sinasadyang nilalabag ang isa sa mga hinihiling ng Diyos. Ang paggawa ng isang nalalamang kasalanan ay nagpapatahimik sa nagpapatotoong tinig ng Espiritu at naghihiwalay sa kaluluwa mula sa Diyos."—*The Great Controversy,* p. 472.

"Ang patotoo ng buhay ng isang tao ay nagpapahayag sa sanlibutan kung siya ay matapat o hindi sa pananampalataya na kanyang inaangkin. Ang inyong pag-uugali ay nagpapababa sa pagpapahalaga sa kautusan ng Diyos ng inyong makamundong mga kaibigan. Sinasabi nito sa kanila na: 'Maaari ninyong sundin o hindi ang mga utos. Naniniwala ako na ang kautusan ng Diyos, sa isang paraan, ay may bisa sa mga tao; ngunit, sa kabila ng lahat, ang Panginoon ay hindi masyadong maselan sa mahigpit na pagsunod sa mga tuntunin nito, at ang paminsan-minsang paglabag ay hindi nagreresulta ng malupit na parusa mula sa Kanyang bahagi.'

"Marami ang nagdadahilan sa kanilang sarili sa paglabag sa Sabbath sa pamamagitan ng pagtukoy ng inyong halimbawa. Ipinapangatuwiran nila na kung ang napakabuting tao, na naniniwala na ang ikapitong araw ay ang Sabbath, ay maaaring gumawa ng mga makamundong gawain sa araw na iyon kapag tila hihnihingi ito ng mga sitwasyon, tiyak na magagawa rin nila ito nang walang pagkondena. Maraming kaluluwa ang haharap sa iyo sa paghuhukom, na gagawing dahilan ang iyong impluwensya para sa kanilang pagsuway sa kautusan ng Diyos. Bagama't hindi ito paghingi ng tawad para sa kanilang kasalanan, ito ay magsasalita ng nakakatakot laban sa iyo."—*Testimonies for the Church,* vol. 4, p. 250.

## 2. ANG LANGIT AT LUPA AY NAKATINGIN

**a. Anong halimbawa ang ibinigay ni Santiago upang ilarawan ang pagpapaimbabaw ng walang kabuluhang pagsasalita nang walang gawa? Santiago 2:15–17.**

"Ang pinakamagaling na sermon na maaaring ipangaral ayon sa batas ng Sampung Utos ay ang gawin ang mga ito. Ang pagsunod ay dapat gawing personal na tungkulin. Ang pagpapabaya sa tungkuling ito ay tahasang kasalanan. Inilalagay tayo ng Diyos sa ilalim ng mga obligasyon hindi lamang upang matiyak ang ating sarili sa langit, kundi upang madama na isang umiiral na tungkulin ang ipakita sa iba ang daan at, sa pamamagitan ng ating pangangalaga at walang pag-iimbot na pag-ibig, na akayin tungo kay Kristo ang mga taong nasa saklaw ng ating impluwensya. Ang bukod-tanging kawalan ng prinsipyo na naipapakita sa buhay ng maraming nag-aangking Kristiyano ay nakababahala. Ang kanilang pagwawalang-bahala sa kautusan ng Diyos ay nagpapahina sa kalooban ng mga kumikilala sa mga sagradong pag-aangkin nito at may posibilidad na tumalikod ang mga iyon mula sa katotohanan na maaari sanang tumanggap nito."—*Testimonies for the Church,* vol. 4, p. 58. [Pagbibigay-diin ng may-akda.]

**b. Ano nga ba talaga ang ibig sabihin ng tunay na pananampalataya kay Kristo? Santiago 2:18; Mateo 6:24.**

"Ang Dios ay nagpahayag, at ang ibig Niyang sabihin na ang tao ay sumunod. Hindi siya nagtatanong kung ito ay maginhawa para sa kanya na gawin ito. Ang Panginoon ng buhay at kaluwalhatian ay hindi isinaalang-alang Kanyang kaginhawahan o kasiyahan nang Siya ay umalis sa Kanyang kalagayan sa mataas na kapamahalaan upang maging isang tao sa kapanglawan at bihasa sa karamdaman, tinanggap ang kahihiyan at kamatayan upang iligtas ang tao mula sa resulta ng kanyang pagsalangsang. Si Jesus ay namatay, hindi upang iligtas ang tao sa kanyang mga kasalanan, kundi mula sa kanyang mga kasalanan. Ang tao ay dapat iwanan ang pagkakamali sa kanyang mga paraan, sundin ang halimbawa ni Kristo, pasanin ang kanyang krus at sundin Siya, tinatanggihan ang sarili, at sinusunod ang Diyos anuman ang kapalit. . . .

"Kung tayo ay tunay na mga lingkod ng Diyos, wala dapat pag-aalinlangan sa ating isipan kung susundin ba natin ang Kanyang mga utos o isasaalang-alang ang ating sariling temporal na mga kapakinabangan. Kung ang mga mananampalataya sa katotohanan ay hindi pinanindigan ang kanilang pananampalataya sa medyo mapayapang mga araw na ito, ano ang magtataguyod sa kanila pagdating ng matinding pagsubok at ang utos ay lalabas laban sa lahat ng hindi sasamba sa larawan ng hayop at tumanggap ng kanyang tanda sa kanilang noo o sa kanilang mga kamay? Ang solemneng panahong ito ay malapit na. Sa halip na maging mahina at walang determinasyon, ang bayan ng Diyos ay dapat na mag-iipon ng lakas at tapang para sa panahon ng kabagabagan."—Ibid., pp. 250, 251. [Pagbibigay-diin ng may-akda.]

## 3. MATUTO MULA KAY ABRAHAM

**a. Anong nakakakilabot na espirituwal na kalagayan tayo ay taimtim na binababalaan? Santiago 2:19.**

"Marami ang tumatanggap na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng sanlibutan, ngunit kasabay nito ay inilalayo nila ang kanilang mga sarili sa Kanya, at nabibigong magsisi sa kanilang mga kasalanan, na nabibigong tanggapin si Jesus bilang kanilang personal na Tagapagligtas. Ang kanilang pananampalataya ay simpleng pagsang-ayon ng isipan at sariling palagay sa katotohanan; ngunit ang katotohanan ay hindi dinadala sa puso, upang pabanalin nito ang kaluluwa at baguhin ang pag-uugali."—*Selected Messages,* bk. 1, pp. 389, 390.

"Maaari ninyong panampalatayanan ang lahat ng katotohanan; ngunit kung ang mga prinsipyo nito ay hindi nadadala sa inyong buhay, ang inyong pag-aangkin ay hindi magliligtas sa inyo. Si Satanas ay naniniwala at nanginginig. Gumagawa siya. Alam niya na ang kanyang oras ay maikli na, at siya ay bumaba na may matinding kapangyarihan upang gawin ang kanyang masasamang gawa ayon sa kanyang pananampalataya. Ngunit ang nag-aangking bayan ng Diyos ay hindi tinutustusan ang kanilang pananampalataya ng kanilang mga gawa. Naniniwala sila na napaka-iksi na ng panahon, gayunpaman, masigasig na humahawak sa mga bagay sa sanlibutang ito na para bang ang mundo ay mananatili pa ng isang libong taon kung paano ito nakatayo ngayon."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, p. 161.

**b. Paano tayo mapapasigla ng halimbawa ni Abraham? Roma 4:1–3; Santiago 2:20–22.**

"Si Abraham ay nanampalataya sa Diyos. Paano natin malalaman na siya ay nanampalataya? Ang kanyang mga gawa ay nagpatotoo sa katangian ng kanyang pananampalataya, at ang kanyang pananampalataya ay ibinilang sa kanya bilang katuwiran.

"Kinakailangan natin ang pananampalataya ni Abraham sa ating kapanahunan, upang lumiwanag sa kadiliman na nagtitipon sa ating paligid, isinasara ang matamis na sikat ng araw ng pag-ibig ng Diyos, at pinaliliit ang espirituwal na paglago. . . . Bawat tungkuling ginagampanan, bawat sakripisyong ginawa sa pangalan ni Jesus, ay magdudulot ng napakalaking gantimpala. Sa mismong pagsasagawa ng tungkulin, ang Diyos ay nagsasalita at nagbibigay ng Kanyang pagpapala."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7, p. 936.

"Ang mga tao ay inaaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, ngunit hinahatulan at ginagantimpalaan ayon sa kanilang mga gawa."— *The Signs of the Times,* Nobyembre 20, 1884.

"Ang katuwiran ni Kristo ay binubuo ng matuwid na mga gawa at mabubuting gawa mula sa dalisay, di-makasariling mga motibo."—*Testimonies for the Church,* vol. 3, p. 528.

"Ang pagsunod sa kautusan ng Diyos ay humihingi sa atin ng mabubuting gawa, pagtanggi sa sarili, pagsasakripisyo sa sarili, at pagtatalaga para sa ikabubuti ng iba, hindi ang ating mabubuting gawa lamang ang makapagliligtas sa atin, ngunit tiyak na hindi tayo maliligtas nang walang mabubuting gawa. Pagkatapos nating gawin ang lahat ng kaya nating gawin, sasabihin natin: ginawa namin ang katungkulan naming gawin, at kami ay mga aliping walang kabuluhan, hindi karapat-dapat kahit sa pinakamaliit na biyaya mula sa Diyos. Si Kristo ang dapat na ating katuwiran at putong na ating ipinagmamapuri."—Ibid., p. 526.

## 4. MGA SALITA NA NAGPAPATIBAY NG KALOOBAN

**a. Ipaliwanag kung paano ang halimbawa ng buhay ni Abraham ay dapat makita sa ating sariling buhay bilang mananampalataya kay Kristo. Genesis 26:5; Santiago 2:23, 24.**

"Ang mabubuting gawa ay ang mga bunga ng pananampalataya. Habang ang Diyos ay gumagawa sa puso, at isinusuko ng tao ang kanyang kalooban sa Diyos, at nakikipagtulungan sa Diyos, ginagawa niya sa buhay kung ano ang ginagawa ng Diyos sa kalooban sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, at mayroong pagkakaisa sa pagitan ng layunin ng puso at ng kinaugalian sa buhay. Bawat kasalanan ay dapat na iwaksi bilang kasuklam-suklam na bagay na nagpako sa Panginoon ng buhay at kaluwalhatian, at ang mananampalataya ay dapat magkaroon ng lumalagong karanasan sa pamamagitan ng patuloy na paggawa ng mga gawa ni Kristo. Ito ay sa pamamagitan ng patuloy na pagsuko ng kalooban, sa pamamagitan ng patuloy na pagsunod, na ang pagpapala ng pag-aaring ganap ay mananatili.

"Yaong mga inaaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya ay dapat magkaroon ng puso na handang sumunod sa daan ng Panginoon. Ito ay isang katibayan na ang isang tao ay hindi inaaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya kapag ang kanyang mga gawa ay hindi tumutugma sa kanyang pag-aangkin. Sinabi ni Santiago, 'Nakikita mo na ang pananampalataya ay gumagawang kalakip ng kaniyang mga gawa, at sa pamamagitan ng mga gawa ay naging sakdal ang pananampalataya?' (Santiago 2:22).

"Ang pananampalataya na hindi nagbubunga ng mabubuting gawa ay hindi inaaring-ganap ang kaluluwa."—*Selected Messages,* bk. 1, p. 397.

**b. Bakit lahat ng nagpapatotoo sa mga pagano ngayon ay maaaring mapasigla kung paanong si Rahab, na patutot, ay binanggit na siya ay inaring-ganap ng Diyos? Santiago 2:25; Hebreo 11:31.**

"Sa napakasamang Jerico ang patotoo ng isang paganong babae ay, 'Ang Panginoon ninyong Dios, ay Siyang Diyos sa langit sa itaas, at sa lupa sa ibaba.' Josue 2:11. Ang kaalaman tungkol kay Jehova na dumating sa kanya, ay nagpatunay ng kanyang kaligtasan. . . . At ang kanyang pagkahikayat ay hindi isang di-pangkaraniwang pagkakataon ng habag ng Diyos sa mga sumasamba sa diyus-diyusan na kumikilala sa Kanyang banal na kapangyarihan."— *Prophets and Kings,* p. 369.

"Ang lahat na, gaya ni Rahab na Cananeo, at ni Ruth na Moabita, na tumalikod mula sa idolatriya tungo sa pagsamba sa tunay na Diyos, ay dapat makipagkaisa na kasama ng Kanyang piniling bayan."—*Christ's Object Lessons,* p. 290.

"Isang dakilang gawain ang dapat gawin sa ating mga lungsod, at ang mga bukirin ay hinog na para sa pag-aani. Ang ating pansin ay matatawag sa lahat ng panig, dahil ang mga nagsisising mga kaluluwa sa parehong Kristiyano at paganong mga lupain ay magtataas ng kanilang mga tinig para sa tulong. Dapat ay walang kahit isang katiting ng pag-angat ng sarili; ang tanging kaligtasan ay ang pagtitiwala sa Diyos."—*The General Conference Bulletin,* Abril 1, 1895.

# Huwebes

Nobyembre 7

## 5. MGA SUSI SA TAGUMPAY

**a. Ipaliwanag kung paano tayo magkakaroon ng tagumpay kay Kristo. Santiago 2:26; 2 Pedro 1:3, 4.**

"Kinakailangang magkaroon ng pananampalataya kay Jesus, at manalig na ikaw ay naligtas sa pamamagitan Niya; ngunit may panganib sa pag-iisip na ginagawa ng marami sa pagsasabing, 'Ako ay ligtas na.' Marami ang nagsasabi: 'Dapat kayong gumawa ng mabubuting gawa, at kayo ay mabubuhay'; ngunit maliban kay Kristo ay walang makakagawa ng mabubuting gawa. Marami sa kasalukuyang panahon ang nagsasabi, 'Manampalataya ka, manampalataya lamang, at mabuhay.' Ang pananampalataya at mga gawa ay magkasama, ang paniniwala at paggawa ay pinaghalo. Ang Panginoon ay hinihiling sa kaluluwa ngayon ang tulad sa hiniling kay Adan sa Paraiso bago siya nahulog—ang ganap na pagsunod, walang dungis na katuwiran. Ang hinihiling ng Diyos sa ilalim ng tipan ng biyaya ay kasing halaga ng hinihiling na ginawa Niya sa Paraiso—ang pakiki-ayon sa Kanyang kautusan, na banal, at matuwid, at mabuti. . . . Huwag hayaang tanggapin ng sinuman ang haka na kaaya-aya sa natural na puso, na tatanggapin ng Diyos ang katapatan, anuman ang pananampalataya, gaano man kasama ang buhay. Hinihiling ng Diyos sa Kanyang anak ang ganap na pagsunod.

"Upang matugunan ang mga hinihingi ng kautusan, ang ating pananampalataya ay dapat maunawaan ang katuwiran ni Kristo, tinatanggap ito bilang ating katuwiran. Sa pamamagitan ng pakiki-pagkaisa kay Kristo, sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kanyang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya, maaari tayong maging karapat-dapat na gumawa ng mga gawa ng Diyos, upang maging mga kamanggagawa ni Kristo. Kung handa kang maanod sa agos ng kasamaan, at hindi makikipagtulungan sa mga ahensya ng langit sa paghadlang sa pagsalangsang ng iyong pamilya, at sa iglesia, upang maipasok ang walang hanggang katuwiran, wala kang pananampalataya. Ang pananampalataya ay gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig at nagpapadalisay sa kaluluwa. Sa pamamagitan ng pananampalataya ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa puso upang lumikha ng kabanalan doon; ngunit hindi ito magagawa maliban kung ang tao ay gagawa kasama ni Kristo. . . . Upang magkaroon tayo ng katuwiran ni Kristo, kinakailangan nating araw-araw na mabago sa pamamagitan ng impluwensya ng Espiritu, upang maging kabahagi ng banal na likas."—*Selected Messages,* bk. 1, pp. 373, 374.

# Biyernes

Nobyembre 8

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

**1. Sa pag-aangkin na sinusunod ang kautusan ng Diyos, ano ang dapat kong maunawaan tungkol sa aking impluwensya?**

**2. Ano ang hinihiling ng Langit sa mga Kristiyanong mananampalataya?**

**3. Bakit si Abraham ay madalas na tinutukoy bilang ama ng mga matapat?**

**4. Sa aking mga nakikilala, sino ang maaaring maging tulad ng nahikayat na si Rahab?**

**5. Paano ako magkakaroon ng isang matagumpay na Kristianong karanasan?**

# Pananalangin Bago Buksan ang Ating Bibig

**SAULUHING TALATA: "Turuan mo ako, at ako'y mamamayapa; at ipaunawa mo sa akin kung ano ang aking pinagkasalahan" (Job 6:24).**

" 'Kung ang sinumang tao ay hindi nagkakasala sa salita, siya rin ay isang sakdal na tao, at may kakayahang pigilan ang buong katawan.' Ang liwanag na sumisinag sa ating landas, ang katotohanan na humihimok mismo sa ating konsensya, ang hahatol o wawasak sa kaluluwa, o magpapabanal at magbabago nito. Tayo ay nabubuhay nang napakalapit na sa pagsasara ng pintuan ng awa para makuntento lamang sa isang mababaw na gawain."—*Testimonies for the Church,* vol. 1, p. 308.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, for the Church*2; vol. 5, pp. 55–59, 175–177.

## *Linggo* — *Nobyembre 10*

### 1. PAGPAPAKALMA SA ATING EGO

**a. Ano ang dapat tandaan ng mga laging mabilis na sumusubok na pangunahan ang iba? Santiago 3:1; Marcos 9:35.**

"Pananagutin ng Diyos ang bawat isa sa epekto ng impluwensyang bumabalot sa kanyang kaluluwa, para sa kanyang sariling kapakanan at kapakanan ng iba."—*Counsels to Parents, Teachers, and Students,* p. 102.

"Likas, na ang mga tao ay makasarili at may nangingibabaw maling palagay. Ngunit ang pagiging makasarili ay nawawala sa buhay ng mga taong natututo ng mga aral na nais ituro sa kanila ni Kristo. Sila ay nagiging kabahagi ng banal na likas, at si Kristo ay nabubuhay sa kanila. Itinuturing nilang magkakapatid ang lahat ng tao, na may magkatulad na hangarin, kakayahan, mga tukso, at mga pagsubok, naghahangad ng simpatiya at nangangailangan ng tulong.

"Huwag kailanman nating ipahiya ang isang kapwa nilalang. Kapag tayo ay nakakakita ng mga pagkakamaling nagagawa, dapat nating gawin ang lahat ng ating makakaya upang tulungan ang mga nagkakamali, sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanila ng ating sariling karanasan—kung paano kapag tayo ay nakakagawa ng mabibigat na pagkakamali, ang pagtitiis at pakikisama, kabaitan at pagiging matulungin, sa bahagi ng ating mga kapwa manggagawa, ay nagbibigay sa atin ng lakas ng loob at pag-asa."— *The Signs of the Times,* Mayo 11, 1904.

## 2. PAGLINANG NG MAS MABUTING PAG-UUGALI

**a. Anong matalas na pagsaway ang ibinibigay para sa mga malupit sa iba habang tumatangging aminin ang kanilang sariling mga pagkakamali? Eclesiastes 7:20; Santiago 3:2 (unang bahagi).**

"Hindi ba ninyo nakikita ang inyong sariling mga pagkukulang at ibihis ang buong kagayakan ng katuwiran sa inyong sarili? Hindi ba kayo magiging mapagbantay at mapanuri sa inyong sariling mga espiritu at ugali at mga salita gaya ng inyong ginagawa sa iba, baka ang Diyos ay malapastangan, at ang Kanyang katotohanan ay maipahayag nang mali? Ang inyong pag-unawa ay lubos na mapapabuti kung gagawin ninyo ito. Ang katotohanan, ang buhay na salita, ay magiging parang apoy na nakakulong sa iyong mga buto, na sisinag na malinaw, hindi mapag-aalinlanganang katangian, na kumakatawan kay Kristo sa sanlibutan. . . .

"Wala bang sinuman sa mga gumawa ng kanilang sarili bilang mga tiktik ang nakakakita ng pupuntahan ng kalagayan na kanilang ginagawa sa pagsisikap na maging isang kumokontrol na puwersa? Nasaan ang kanilang malinaw na espirituwal na paningin? Bakit nila nakikita ang isang puwing sa mata ng isang kapatid, habang ang isang torso ay nasa kanilang sariling mata?"—*Testimonies to Ministers,* pp. 295, 296.

**b. Ano ang nagpapakita na ang isa ay naabot na ang antas ng moral na kasakdalan—at paano lamang ito magiging posible? Santiago 3:2; 1 Corinto 13:5 (ikalawang kalahati).**

"Kung saan ang hindi napipigilang dila ay nakakahanap ng puwang upang gawin ang kanyang hindi banal na gawain, ang kagalakan ng Panginoon ay hindi mananatili.

"Hayaang ang mga naghihinala, na nag-iisip at nagsasalita ng masama tungkol sa kanilang mga kapatid, na alalahanin na ginagawa nila ang nakakasuyang gawain ng diyablo. Hayaang ang bawat kaanib ng iglesia ay gumawa nang may taimtim na determinasyon, at may pananalangin para sa tulong, na pagalingin ang may sakit na bahagi ng katawan, ang dila. Hayaang madama ng bawat isa na kanyang tungkulin at pribilehiyo na palampasin ang maliliit na pagkakaiba at pagkakamali nang walang komento. Huwag palakihin ang maliliit na pagkakamali ng isang tao, ngunit isipin ang kabutihang nasa kanya. Sa tuwing naiisip at pinag-uusapan ang mga pagkakamaling ito, lumalaki ang mga ito. Isang bundok ang nagagawa mula sa isang kasing-laki ng nunal. Sama ng loob at kawalan ng pagtitiwala ang nagiging resulta."—*Australasian Union Conference Record,* Abril 15, 1903.

"Gumawa ng pakikipagtipan sa Diyos na babantayan mong mabuti ang iyong mga salita. 'Kung ang sinuman ay hindi natitisod sa salita, siya rin ay isang taong sakdal, at may kakayahang pigilan ang buong katawan.' Santiago 3:2. Tandaan na ang mapaghiganting pananalita ay hindi kailanman ang isang tao makakadama na siya ay nagtamo ng tagumpay. Hayaang magsalita si Kristo sa pamamagitan mo. Huwag hayaang mawala ang pagpapala na nagmumula sa hindi pag-iisip ng masama."—*Testimonies for the Church,* vol. 7, p. 243.

## 3. ITO AY NAGSISIMULA SA UGAT

**a. Tukuyin ang maling direksyon na susunod kapag tayo ay nagtatanim ng sama ng loob, at ipaliwanag ang tanging paraan upang maiwasan ito. Hebreo 12:15; Santiago 3:3–5.**

---

"Inaalagaan mo ang iyong hinanakit laban sa iyong asawa at sa iba na nagkakasala sa iyo, ngunit hindi mo naunawaan kung saan ka nagkamali at nagpapalala ng mga bagay sa pamamagitan ng iyong sariling maling pamamaraan. Ang iyong espiritu ay nagiging mapait laban sa mga gumagawa sa iyo ng hindi tama, at ang iyong damdamin ay nakakahanap ng paraan para sa paninisi at pamumuna. Ito ay magbibigay ng panandaliang ginhawa sa iyong nabibigatang puso, ngunit ito ay mag-iiwan ng pangmatagalang pilat sa iyong kaluluwa. Ang dila ay isang maliit na bahagi ng katawan, ngunit nililinang mo ang hindi wastong paggamit nito hanggang sa ito ay maging apoy na tumutupok.

"Lahat ng mga bagay na ito ay may posibilidad na pigilan ang iyong espirituwal na pagsulong. Ngunit nakikita ng Diyos kung gaano kahirap para sa iyo na maging mapagtiis at mapagpatawad, nalalaman Niya kung paano mahabag at tumulong. Hinihiling niya sa iyo na baguhin ang iyong buhay, na itama ang iyong mga depekto. Ninanais Niya na ang iyong matatag, hindi sumusukong espiritu ay masupil ng Kanyang biyaya. Dapat kang humingi ng tulong sa Diyos, dahil kinakailangan mo ng kapayapaan at katahimikan sa halip na silakbo at pagtatalo. Ang relihiyon ni Kristo ay nag-uutos sa iyo na kumilos nang hindi gaanong nagmumula sa simbuyo, at higit na nagmumula sa pinabanal na katwiran at mahinahong pagpapasya."—*Testimonies for the Church,* vol. 4, p. 139.

**b. Ano ang dapat nating maunawaan tungkol sa mga salitang binibitiwan natin? Santiago 3:6.**

---

"Ang inyong mga salita ang magpapahayag, ang iyong mga gawa ay magpapakita, kung nasaan ang inyong kayamanan."—Ibid., vol. 1, pp. 698, 699.

"Si Sister F ay kumikilos mula sa simbuyo ng damdamin, at naghahanap ng kamalian, at marami siyang nais sabihin laban sa kanyang mga kapatid. Ito ay magdudulot ng kaguluhan sa alinmang iglesia."—Ibid., vol. 2, p. 51.

"Hayaang ang mga nalulugod na tumunton ng mga salita ng paninirang-puri at kasinungalingan laban sa mga lingkod ni Kristo ay alalahanin na ang Diyos ang saksi ng kanilang mga ginagawa. Ang mapanghamak nilang kilos ay hindi nilalapastangan ang walang pagdaramdam na mga sisidlan kundi ang mga katangian ng mga binili ni Kristo sa pamamagitan ng Kanyang dugo. Ang kamay na sumulat ng mga letra sa mga dingding ng palasyo ni Belshazzar ay matapat na nagsusulat ng bawat gawa na hindi matuwid o pang-aapi na ginagawa laban sa bayan ng Diyos."—Ibid., vol. 5, pp. 244, 245.

## 4. KAHIT NA ITO AY MAGING MAKATOTOHANAN . . .

**a. Anong masidhing na panawagan ang ginawa hinggil sa isang mapanganib na karaniwang hilig sa ating kapanahunan? Awit 15:1–3; 1 Corinto 13:6.**

---

"Ang dila na nalulugod sa kasamaan, ang madaldal na dila na nagsasabi, Ibalita mo, at aking ibabalita, ay ipinahayag ni apostol Santiago na susunugin ng apoy sa impierno. Nagkakalat ito ng mga nag-aapoy na piraso sa bawat panig. Ano ang pag-aalala ng naglalako ng tsismis na sinisiraan niya ang inosente? Hindi niya tinitigilan ang kanyang masamang gawain, kahit na nasisira na niya ang pag-asa at lakas ng loob ng mga nalulugmok na sa ilalim ng kanilang mga pasanin. Ang iniintindi lamang niya ay magpakasawa sa kanyang pagkahilig sa iskandalo. Maging ang mga nag-aangking Kristiyano ay ipinipikit ang kanilang mga mata sa lahat ng dalisay, tapat, marangal, at kaibig-ibig, at pinahahalagahan ang anumang bagay na hindi kanais-nais at hindi kaaya-aya, at inilalathala ito sa sanlibutan.

"Kayo mismo ang nagbubukas ng mga pintuan para makapasok si Satanas. Binibigyan ninyo siya ng isang marangal na lugar sa inyong pagsisiyasat, o mga nag-uusisang mga pag-uusap. Ngunit hindi ka nagpapakita ng respeto sa mga kahusayan ng isang pag-uugaling napagtibay ng mga taon ng katapatan. Ang mga paninibugho, mapaghiganting mga dila ay binibigyang kulay ang mga kilos at motibo upang umangkop sa kanilang sariling mga ideya. Ginagawa nilang ang itim ay lumitaw na puti, at ang puti ay itim. Kapag tinututulan ang kanilang mga pahayag, ang ilan ay nagsasabi: 'Totoo ito.' Kung tatanggapin ang balitang sinabi ay totoo, ito ba ay nagbibigay-katwiran sa inyong ginagawa? Hinding, hindi. Kung tatanggapin ng Diyos ang lahat ng mga akusasyon na maaaring sa katotohanan ay iharap laban sa iyo, at kung ilulubid ang mga ito na panghampas upang parusahan ka, ang iyong mga sugat ay magiging higit at mas malalim kaysa sa iyong ginawa sa Kapatid -----. Kahit ang mga katotohanan ay maaaring sabihin nang gayon na maghahatid ng isang maling impresyon. Wala kang karapatang tipunin ang bawat balita laban sa kanya at gamitin ang mga iyon para sirain ang kanyang reputasyon at sirain ang kanyang pagiging kapaki-pakinabang. Kung ipapakita sa inyo ng Panginoon ang parehong espiritu na ipinapakita mo sa inyong kapatid, ikaw ay mawawasak nang walang awa. Kayo ba ay walang habag sa konsensya? Sana hindi. Hindi pa dumarating ang oras para ang kapangyarihan ng orasyon ni Satanas ay mawala. Kahit na ang kapatid ----- ay ang lahat ng iyong inilalarawan ay siya —na alam kong hindi naman siya, ang iyong ginagawa ay hindi pa rin makatwiran.

"Kapag tayo ay nakikinig sa kasiraan laban sa ating kapatid, nakukuha natin ang kasiraang iyon. . . . [Sipi ang Awit 15:1–3.]"—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 57, 58.

**b. Sa pitong kasalanang binanggit bilang mga kasuklamsuklam sa Panginoon, ilan ang nauugnay sa ating mga pananalita? Kawikaan 6:16–19.**

# Huwebes Nobyembre 14

## 5. ISANG SANDATA NA NAKAKASUGAT

**a. Paano at bakit natin dapat iwasan ang lahat-ng-napaka-karaniwang gawi ng tsismis? Job 6:24; Kawikaan 11:13; 26:20–22.**

"Isang napakalawak na tsismis ang mapipigilan kung maiisip ng bawat tao na ang mga nagsasabi sa kanya ng mga pagkakamali ng iba ay malayang maghahayag din ng kanyang mga pagkakamali sa isang naaayong pagkakataon. Dapat nating pagsikapang pag-isipan ng mabuti ang lahat ng tao, lalo na ang ating mga kapatid, hanggang sa mapilitang mag-isip ng iba. Hindi tayo dapat padalus-dalos na magbigay ng masasamang balita. Ang mga ito ay kadalasang resulta ng inggit o hindi pagkakaunawaan, o maaaring nagpapatuloy mula sa pagsasalita ng labis o bahagyang pagsisiwalat ng mga katunayan. Ang paninibugho at hinala, sa sandaling binibigyan ng pagkakataon, ay kumakalat sa kanilang sarili ng malawak, tulad ng ligaw na bulaklak. Kung ang isang kapatid ay naliligaw, kung gayon panahon na upang ipakita ang inyong tunay na malasakit sa kanya. Pumunta sa kanya nang may kabaitan, manalangin kasama niya at para sa kanya, inaalala ang walang katumbas na halaga na ibinayad ni Kristo para sa pagtubos sa kanya. Sa ganitong paraan maaari mong iligtas ang isang kaluluwa mula sa kamatayan, at maitatago ang napakaraming kasalanan.

"Ang isang sulyap, isang salita, kahit ang tono ng boses, ay maaaring magamit sa kasinungalingan, na bumabaon tulad ng isang may tinik na palaso sa ilang puso, na nagdudulot ng isang hindi magagamot na sugat. Kaya't ang isang pagdududa, isang kapintasan, ay maaaring ibigay sa isa na sa pamamagitan niya ay maaaring maisagawa ng Diyos ang isang mabuting gawain, at ang kanyang impluwensya ay nasisira, ang kanyang pagiging kapaki-pakinabang ay nawasak. Sa ilang mga uri ng hayop, kung ang isa sa kanila ay nasugatan at nahulog, siya ay agad na ipapatong at pinagpipira-piraso ng kanyang mga kasamahan. Ang parehong malupit na espiritu ay pinaluluguran ng mga lalaki at babae na nagtataglay ng pangalan bilang mga Kristiyano. Nagpapakita sila ng isang pang-pariseong sigasig na batuhin ang iba na hindi gaanong nagkasala kaysa sa kanilang sarili. May ilan na itinuturo ang mga pagkakamali at kabiguan ng iba upang ilihis ang atensyon mula sa kanilang sarili, o upang makakuha ng kapurihan para sa malaking kasigasigan para sa Diyos at sa iglesia."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 58, 59.

"Ang panahon ay kadalasang mas lalong pang napapasama kaysa sa pagkasayang sa walang ginagawa, ang oras sa walang kabuluhan, at malisyosong tsismis ay dapat ibigay sa mas mataas at marangal na mga bagay."—Ibid., p. 176.

# Biyernes Nobyembre 15

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Bakit ko dapat bawasan ang hilig na ipahayag ang aking opinyon sa lahat ng bagay?**
2. **Magbanggit ng isang mahalagang aspeto ng katangiang tulad ng kay Cristo na kadalasang hindi napapansin.**
3. **Kapag sinisiraan natin ang ating mga kapwa mananampalataya sa iba, paano ito tinitingnan ng Diyos?**
4. **Ano ang kinakailangan kong matutunan sa Awit 15—at bakit ito mahalaga?**
5. **Paano ako maaaring magkasala sa paghahasik ng alitan sa pagitan ng mga kapatid at bakit ko dapat itigil?**

# Pagpili Kung Ano ang Iisipin

**SAULUHING TALATA: "Papaano kayo na masasama, ay makapagsasalita ng mabubuting bagay? sapagka't sa kasaganaan ng puso ay nagsasalita ang bibig" (Mateo 12:34, ikalawang bahagi).**

"Manalangin bago kayo magsalita, at ang mga makalangit na anghel ay darating upang tulungan ka at itataboy ang mga masasamang anghel, na aakay sa iyo upang lapastanganin ang Diyos, sirain ang Kanyang layunin, at pahinain ang inyong sariling kaluluwa."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, p. 82.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Thoughts From the Mount of Blessing,* pp. 125–129.

## *Linggo* *Nobyembre 17*

### 1. PANLUNAS PARA SA LASON

**a. Kapag tayo ay binobomba ng mga kinagawian sa pananalita ng mga taong masama ang pag-iisip, ano ang mensahe ng Diyos sa atin, kahit na sa gitna ng lahat ng mga ito? Santiago 3:7, 8; Hebreo 10:38.**

"Si [Brother J] ay kinaawaan ng makalangit na mga anghel, sapagkat siya ay nababalot ng kadiliman. Ang kanyang mga tainga ay nakakarinig ng mga salita ng kawalan ng pananampalataya at ang kadiliman ay halos patuloy. May mga pag-aalinlangan at pagtatanong na palaging ibinabato sa kanya. Ang dila ay daigdig ng kasamaan. 'Ang dila ay hindi mapaamo ng tao; ito ay isang hindi mapigil na kasamaan, puno ng nakamamatay na lason.' Kung si Brother J ay mas mahigpit na kakapit sa Diyos at madarama na dapat niyang ingatan ang kanyang integridad sa harapan ng Diyos kahit na kapalit ng kanyang natural na buhay, tatanggap siya ng kalakasan mula sa itaas. Kung hahayaan niyang maapektuhan ang kanyang pananampalataya ng kadiliman at kawalan ng pananampalataya na nakapaligid sa kanya—ang mga pag-aalinlangan at pagtatanong at maraming usapan—hindi magtatagal siya ay lubusang mapapalibutan ng kadiliman at pagdududa at kawalan ng pananampalataya, at hindi magkakaroon ng liwanag o kalakasan sa katotohanan.

"Hindi niya kinakailangang isipin na sa pagsisikap na makipagkompromiso sa kanyang mga kaibigan, na napopoot sa ating pananampalataya, ay gagawin niya itong mas madali para sa kanyang sarili. Kung maninindigan siya na may iisang layunin na sundin ang Diyos sa anumang paraan magkakaroon siya ng tulong at lakas. Ang Diyos ay iniibig at naaawa kay Brother J. Nalalaman niya ang bawat kalituhan, bawat panghihina ng kalooban, bawat mapait na pananalita. Siya ay bihasa sa lahat ng ito. Kung isasantabi niya ang kanyang kawalan ng pananampalataya at tatayo sa Diyos na hindi natitinag, ang kanyang pananampalataya ay mapapalakas sa pamamagitan ng pagsasanay."—*Testimonies for the Church,* vol. 4, pp. 236, 237.

## 2. ISANG MAPANGANIB NA BAGAY

**a. Ano ang nakasulat tungkol sa mapanlinlang at nagpapaalab na pananalita—at bakit kinakailangan nating manalangin upang magtagumpay sa aspektong ito ng buhay? Awit 5:8–10.**

"Ang pananalita ay isa sa mga dakilang kaloob ng Diyos sa tao. Ang dila ay isang maliit na bahagi ng katawan, ngunit ang mga salitang binabalangkas nito, na ipinapahayag ng tinig, ay may malaking kapangyarihan. Ipinahayag ng Panginoon, 'Ang dila ay hindi napaaamo ng sinumang tao.' Ito ay nagtakda ng bansa laban sa bansa, at nagdulot ng digmaan at pagdanak ng dugo. Ang mga salita ay nagpasiklab ng apoy na mahirap patayin. Nagdala rin sila ng katuwaan at kagalakan sa maraming kaluluwa. At kapag binibigkas ang mga salita dahil sinabi ng Diyos, 'Sabihin mo sa kanila ang Aking mga salita,' kadalasang nagiging sanhi ito ng kalungkutan sa pagsisisi.

"Ang talento sa pananalita ay may dalang malaking responsibilidad. Kinakailangan itong maingat na bantayan; sapagkat ito ay isang malakas na kapangyarihan para sa kasamaan at gayundin sa kabutihan."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 3, p. 1142.

"Kapag natutuksong bigyan ng maluwag na renda ang hindi napipigilang bahagi ng katawan, o! tandaan na ang anghel na nagsusulat ay itinatala ang bawat salita. Ang lahat ay nakasulat sa aklat, at, maliban kung hugasan ng dugo ni Kristo, kakailanganin mong harapin silang muli. Mayroon ka na ngayong nadungisang patotoo sa langit. Ang matapat na pagsisisi sa harapan ng Diyos ay tatanggapin. Kapag magsasalita nang makapukaw-damdamin, isara ang inyong bibig. Huwag magsambit ng isang salita."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, p. 82.

**b. Ilarawan kung paano ang ating mga salita ay simpleng pag-uumapaw ng kung ano ang ating iniisip at kung sino tayo. Jeremias 17:9; Mateo 12:33–37; 14:6–8.**

"Ang himig ng pag-uusap ay nagpapakita ng kayamanan ng puso. Ang walang halaga, karaniwang pag-uusap, ang mga salita ng labis na papuri, ang walang saysay na pagpapatawa, na binibigkas upang lumikha ng katatawanan, ay mga kalakal ni Satanas, at lahat ng nagpapakabuyo sa pananalitang ito ay nakikipagkalakalan sa kanyang mga kalakal. Ang mga palagay ay nagagawa sa mga nakakarinig ng mga bagay na ito na katulad ng ginawa kay Herodes nang sumayaw sa harap niya ang anak na babae ni Herodias. Ang lahat ng mga pakikipag-unawaang ito ay nakatala sa mga aklat ng langit; at sa huling dakilang araw ay mahahayag sila sa kanilang tunay na liwanag sa harapan ng mga nagkasala. Kung magkagayon ay mauunawaan ng lahat sa kanila ang kaakit-akit, mapanlinlang na mga gawa ng diyablo, na aakay sa kanila sa malawak na daan at sa maluwang na tarangkahan na magbubukas ng kanilang kapahamakan."—*Testimonies to Ministers,* pp. 84, 85.

## 3. ANG BUONG PUSO AY KINAKAILANGAN

**a. Bakit dapat nating asahan ang kasang-ayon na pananalita mula sa mga mananampalataya sa kasalukuyang katotohanan? Santiago 3:9, 10. Anong babala ang ibinibigay kung mabibigo tayo sa puntong ito?**

"Kung pinahahalagahan ninyo ang isang nakagawiang paniniwala na nakikita at naririnig ng Diyos ang lahat ng inyong ginagawa at sinasabi, at nag-iingat ng matapat na talaan ng lahat ng inyong mga salita at kilos, na kinakailangan ninyong harapin ang lahat ng ito, kung gayon sa lahat ng inyong ginagawa at sinasabi ay pagsisikapan ninyong sundin ang dikta ng isang naliwanagan at gising na budhi. Ang inyong dila ay gagamitin sa ikaluluwalhati ng Diyos at magiging mapagkukunan ng pagpapala sa inyong sarili at sa iba. Ngunit kung ikaw ay humihiwalay sa Diyos, gaya ng inyong ginagawa, mag-ingat na baka ang inyong dila ay magpatunay ng isang daigdig ng kasamaan at magdudulot sa inyo ng nakakatakot na paghatol; sapagkat ang mga kaluluwa ay napapahamak ng dahil sa inyo."—*Testimonies for the Church,* vol. 4, p. 244.

**b. Anong panalangin ang maaaring makatulong sa atin na mag-isip at magsalita nang mas maayos? Awit 86:11.**

"Kung ang tumatanggap ng kaalaman sa Bibliya ay hindi nagbabago sa kaniyang mga gawi o gawain upang tumugma sa liwanag ng katotohanan, ano kung gayon ang mangyayari? Ang espiritu ay nakikipagdigma laban sa laman, at ang laman laban sa espiritu; at isa sa mga ito ay dapat magtagumpay. Kung ang katotohanan ay nagpapabanal sa kaluluwa, ang kasalanan ay kinasusuklaman at iniiwasan, dahil si Kristo ay tinatanggap bilang isang marangal na panauhin. Ngunit si Kristo ay hindi maaaring makibahagi sa isang pusong nahati; ang kasalanan at si Jesus ay hindi kailanman sa nagkakatulungan."—*Testimonies to Ministers,* p. 160.

"Magpuyat at manalangin palagi. Italaga ang iyong sarili nang walang pag-aalinlangan sa Panginoon, at hindi magiging mahirap na paglingkuran Siya. Kayo ay may hating puso. Ito ang dahilan kung bakit ang kadiliman, sa halip na liwanag, ay nakapaligid sa inyo. Ang huling mensahe ng awa ngayon ay nagpapatuloy. Ito ay tanda ng mahabang pagpapahinuhod at habag ng Diyos. Lumapit, ang paanyaya ay ibinigay na. Lumapit, dahil ang lahat ay handa na. Ito ang huling panawagan ng awa. Kasunod ay darating ang paghihiganti ng isang nilapastangang Diyos."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, p. 225.

"Ito ay buong puso, lubos na desididong mga lalaki at babae ang maninindigan ngayon. Binithay ni Kristo ang Kanyang mga tagasunod nang paulit-ulit, hanggang sa isang pagkakataon ay naiwan na lamang ang labing isa at ilang tapat na kababaihan upang ilatag ang pundasyon ng iglesiang Kristiyano. May mga tatalikod kapag ang mga pasanin ay dapat dalhin; ngunit kapag ang iglesia ay lubos na masigla, sila ay nakakakuha ng sigasig, umaawit at humihiyaw, at nagiging masigla; subalit bantayan mo sila. Kapag nawala na ang sigla, iilan na lamang ang matapat na Caleb ang darating sa harapan at magpapakita ng hindi natitinag na prinsipyo. Ang mga ito ay asin na nagpapanatili ng lasa."—Ibid., vol. 5, p. 130.

### 4. TUBIG MULA SA MALINIS NA BUKAL

**a. Anong prinsipyo ang naghahayag na tanging ang pusong binago ng biyaya ng Diyos ang maaaring magbunga ng naaalinsunod na mga pagkilos? Santiago 3:11, 12. Magbigay ng ilang praktikal na halimbawa.**

"Ang kalinisan at pagiging maayos sa pananamit, at kalinisan sa buong tirahan, ay dapat na mahigpit na sundin ng mga nangingilin ng Sabbath, na itinuturing na natatangi, at binabantayan sa kanilang mga pagkakamali. Ang kanilang impluwensya ay dapat na banal. Ang mga sagradong katotohanan na ating ipinahahayag ay hindi kailanman pinasasama ang mga tumatanggap, at gagawin silang magaspang at marahas, pabaya sa kanilang pagkatao, at walang kaayusan sa kanilang mga tahanan. Kung ang tumatanggap ay may pabayang mga gawi, ang katotohanan ang magpaparangal sa kanya, at gumagawa para sa kanya ng isang lubusang pagbabago. Maliban kung ang katotohanan ay may ganitong epekto, ang indibidwal ay hindi nararamdaman ang kapangyarihang makapagliligtas nito. Ang walang ingat at hindi maayos na pananamit ay hindi tanda ng kababaang-loob. Dito ang ilan ay nadadaya ang kanilang sarili. Ang buhay, ang mga pagkilos, ang mga pananalita, ay magsasabi kung ang indibidwal ay nagtataglay ng tunay na kababaang-loob, at ang pananamit ay tumutugma sa mga bungang ipinapakita. Ang isang malinis na bukal ay hindi maaaring [magdala] ng matamis na tubig at mapait. Linisin ang bukal at ang mga batis ay magiging dalisay. Ang bahay ng Diyos ay madalas na nilapastangan ng mga anak ng mga nag-iingat ng Sabbath. Hinahayaan sila ng kanilang mga magulang na tumakbo sa bahay, naglalaro, nakikipag-usap, kinukuha ang atensyon ng mga tao, at ipinapakita ang kanilang masamang ugali sa mismong mga pagpupulong kung saan sila nagtitipon upang sambahin ang Diyos. Nakita ko na sa kapulungan ng mga banal ay dapat manatili ang banal na katahimikan. Ngunit ang bahay kung saan nagtitipon ang bayan ng Diyos ay kadalasang ginagawang ganap na babilonia, isang lugar ng kaguluhan at walang kaayusan. Ito ay hindi nakakalugod sa Diyos. Kung ang mga magulang ay walang kapamahalaan, at hindi makontrol ang kanilang mga anak sa mga pagpupulong, mas ikalulugod ng Diyos para sa kanila na manatili sa bahay kasama ang kanilang mga anak na masuwayin. Mas mabuting magtiis sila na wala sa mga pagpupulong, kaysa magkaroon ng malaking bilang na nayayamot, at ang kanilang mga pagpupulong ay nasisira. Kung pinahihintulutan ng mga magulang ang kanilang mga anak na hindi nakokontrol, hindi nasusupil sa bahay, hindi nila maaaring gawin ang gusto nila sa pagpupulong. Sino ang dapat na magdusa sa sitwasyong ito? Tiyak, ang mga magulang. Hindi sila dapat masasaktan kung ayaw ng iba na naiistorbo ang kanilang kapayapaan kapag nagtitipon sila para sumamba sa Diyos.

"Mga magulang, dapat kayo ang nagdurusa sa bagay na ito, at ito ay maaaring akayin kayo na makita at tuparin ang inyong napapabayaang tungkulin. Kung inyong dinadala ang inyong mga anak sa bahay ng Diyos, dapat sa kanilang maipaunawa na sila ay nasa lugar kung saan nakikipagtagpo ang Diyos na kasama ng kanyang bayan. Walang ganoong kaayusan na sinusunod sa mga nangingilin ng Sabbath sa bagay na ito na mayroon sa naturingang mga iglesia. Mga magulang, mayroon kayong gawain na dapat gawin. Supilin ang inyong mga anak sa tahanan, at sa ganoon ay maaari mo silang pamahalaan sa bahay ng Diyos."—*Spiritual Gifts,* vol. 2, pp. 288, 289.

# *Huwebes* *Nobyembre 21*

## 5. KARUNUNGAN AT MAY KAALAMAN

**a. Bakit ang bawat isa sa atin ay kinakailangang suriin ang ating sariling pag-uugali mula sa loob at labas—sa puso, salita, at gawa? 2 Corinto 13:5.**

" 'Siyasatin ninyo ang inyong sarili, kung kayo'y nangasa pananampalataya; subukin ninyo ang inyong sarili' (2 Corinto 13:5). Mahigpit na punahin ang ugali, ang disposisyon, ang mga iniisip, mga salita, mga hilig, mga layunin, at mga gawa. Paano tayo hihingi nang may katalinuhan para sa mga bagay na kinakailangan natin maliban kung patutunayan natin sa pamamagitan ng Kasulatan ang kalagayan ng ating espirituwal na kalusugan?"—*Selected Messages,* bk. 1, p. 89.

"Mga kapatid, paano ninyo ginagamit ang kaloob ng pananalita? Natutunan mo na bang pigilin ang dila upang ito ay susunod sa mga dikta ng isang naliwanagang budhi at banal na damdamin? Ang inyong pakikipag-usap ba ay malaya sa kawalang-galang, pagmamataas at malisya, pandaraya at karumihan? Wala ka bang katusuhan sa harapan ng Diyos? Ang mga salita ay may kapangyarihang magpahayag. Si Satanas, kung maaari, ay pananatilihing aktibo ang dila sa paglilingkod sa kaniya. Sa ating mga sarili hindi natin makokontrol ang hindi disiplinadong bahagi ng katawan. Ang banal na biyaya ang ating tanging pag-asa."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 175.

"Siya na inilalagay ang kanyang sarili nang walang paglalaan sa ilalim ng patnubay ng Espiritu ng Diyos, ay makikita na ang kanyang kaisipan ay lumalawak at lumalago. Siya ay nagtatamo ng karunungan sa paglilingkod sa Diyos na hindi isang panig at kulang, na bumubuo ng hindi balanseng pag-uugali, kundi nagreresulta sa maayos at kumpleto. Ang mga kahinaan na naipapakita ng isang nag-aalinlangang kalooban at walang lakas na katangian, ay nadadaig, dahil ang patuloy na pagtatalaga at kabanalan ay nagdadala sa tao sa napakalapit na ugnayan kay Kristo na taglay ang pag-iisip ni Kristo. Siya ay kaisa ni Kristo, na may kagalingan at matibay na prinsipyo. Ang kanyang pang-unawa ay malinaw, at ipinakikita niya ang karunungan na nagmumula sa Diyos."—*Selected Messages,* bk. 1, p. 338.

# *Biyernes* *Nobyembre 22*

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Paano ako dapat tutugon kapag nahaharap sa isang nakakalasong pakikipag-usap?**
2. **Kapag ang mga tao ay may mga bagay na sinasabi, ano ba talaga ang ipinahihiwatig nito tungkol sa kanila?**
3. **Ipaliwanag ang pakikibaka na nagaganap sa isipan ng tao, at kung paano ito maipapagwagi.**
4. **Anong mga gawi/hilig ko ang maaaring nagpapakita ng maruming tubig sa kalooban?**
5. **Paano at bakit ang aking paraan ng pagsasalita dapat mabago?**

# Kaamuan ng Karunungan

**SAULUHING TALATA: "Sino ang marunong at matalino sa inyo? ipakita niya sa pamamagitan ng mabuting kabuhayan ang kaniyang mga gawa sa kaamuan ng karunungan" (Santiago 3:13).**

"Ang ating Tagapagligtas ay sinasamba ng mga tao dahil sa Kanyang kadalisayan at marangal na moralidad, habang Ang kanyang pag-ibig at magiliw na kagandahang-loob ay nagbibigay sigla sa kanila nang may sigasig. Ang ang pinakamahirap at pinakamababa ay hindi natatakot na lumapit sa Kanya."—*Gospel Workers (1892),* p. 261.

**Iminumungkahing Babasahin:***Testimonies for the Church, vol.* 5, pp. 167–177.

## *Linggo* — *Nobyembre 24*

**1. BALUKTOT NA "PAG-UNAWA"**

**a. Anong malubhang kasamaan ang dapat nating lubos na pag-ingatan—at bakit? Santiago 3:14,15.**

"Siya na binubuksan ang kanyang puso sa mga mungkahi ng kaaway, tinatanggap ang masasamang palagay, at nagtataglay ng paninibugho, ay madalas na mali ang pakahulugan nito sa masamang pag-iisip, na tinatawag itong espesyal na pananaw, diskriminasyon, o pag-unawa sa pagtuklas ng pagkakasala at malalim na pag-unawa ng masasamang motibo ng iba. Isinasaalang-alang niya na ang isang mahalagang kaloob ay ipinagkaloob sa kanya; at siya ay lumalayo sa mismong mga kapatid na dapat niyang kasundo; siya ay umaakyat sa luklukan ng paghatol, at isinasara ang kanyang puso laban sa isa na ipinapalagay na nasa pagkakamali, na para bang siya mismo ay matatag sa tukso. Si Jesus ay humihiwalay sa kanya, at iniiwan siyang lumalakad sa liwanag ng sariling pagpapaningas.

"Huwag nang magmalaki ang sinuman sa inyo laban sa katotohanan sa pamamagitan ng pagpapahayag na ang espiritung ito ay isang kinakailangang bunga ng matapat na pakikitungo sa mga gumagawa ng masama at ng paninindigan sa pagtatanggol sa katotohanan. Ang ganitong karunungan ay marami ang humahanga, ngunit ito ay lubhang mapanlinlang at nakakapinsala. Ito ay hindi nagmumula sa itaas, ngunit ito ay bunga ng isang hindi muling nabagong puso. Ang pinagmulan nito ay Si Satanas mismo. Huwag hayaan ang nag-aakusa sa iba na mag-angkin sa kanyang sarili mismo ng pag-unawa; sapagkat sa paggawa nito ay binibihisan niya ang mga katangian ni Satanas ng mga kasuotan ng katuwiran. Nananawagan ako sa inyo, mga kapatid ko, na dalisayin ang templo ng kaluluwa sa lahat ng mga bagay na ito na nagpaparumi; sapagkat sila ay ang mga ugat ng kapaitan."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7, pp. 936, 937.

## 2. NAKAKALASONG PAG-UUGALI

**a. Ilarawan ang hindi maiiwasang resulta ng paninibugho at pagkakampi-kampi. Santiago 3:16.**

"Ang isang tao sa isang institusyon o sa isang iglesia na nagbibigay ng maluwag na renda ng walang habag na kaisipan sa pamamagitan ng pagsasalita ng masama tungkol sa mga kapatid, ay maaaring pukawin ang pinakamasamang pagnanasa sa puso ng tao, at magpakalat ng lebadura ng kasamaan na makakaapekto sa lahat ng nakikisama sa kanya. Sa ganitong paraan ang kaaway ng lahat ng katuwiran ay nagtatamo ng tagumpay, at ang resulta ng kanyang gawain ay ang gawing walang bisa ang panalangin ng Tagapagligtas nang Siya ay nagsumamo upang ang Kanyang mga alagad ay maging isa kung paanong Siya ay kaisa ng Ama."— *The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7, p. 937.

**b. Taliwas sa mga hilig ng tao na udyok ng kaaway ng ating mga kaluluwa, paano tayo dapat makikipag-ugnayan sa iba? Juan 13:34.**

"Kayo ay nagbibigay ng paghatol sa mga indibidwal, at pinupuna ang kanilang mga paraan at ugali, kahit hindi ninyo nauunawaan ang kanilang kalagayan o kanilang gawain. Tinitingnan ninyo ang mga bagay mula sa inyong pananaw at pagkatapos ay handang mag-usisa o magkondena ng pamamaraang kanilang sinusunod, nang hindi tinitingnan ng may katapatan ang mga bagay sa lahat ng panig. Wala kayong nalalaman sa mga tungkulin ng iba at hindi ninyo dapat maramdaman ang pananagutan sa kanilang mga kinikilos, ngunit gawin ninyo ang inyong tungkulin, ipaubaya ang iba sa Panginoon. Pigilin ang inyong espiritu sa pagtitiis, panatilihin ang kapayapaan at kalmadong kaisipan, at magpasalamat. . . .

"Kayo ay napaka-sensitibo, at kung ang isang salita ay binibigkas na sumasalungat sa pamamaraan na inyong ginagawa, kayo ay nasasaktan. Pakiramdam ninyo ay sinisisi kayo, at dapat ninyong ipagtanggol ang inyong sarili, iligtas ang inyong buhay; at sa inyong masigasig na pagsisikap na iligtas ang inyong buhay, mawawala ninyo ito. Mayroon kayong gawaing dapat gawin upang mamatay sa sarili at upang linangin ang espiritu ng pagpapahinuhod at pagtitiis."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, p. 424.

"Ang mga bumabatikos at kumukondena sa isa't isa ay lumalabag sa mga utos ng Diyos, at isang pagkakasala sa Kanya. Hindi nila iniibig ang Diyos o ang kanilang kapwa nilalang. Mga kapatid na lalaki at babae, alisin na natin ang mga basura ng pamimintas at pagdududa at pagrereklamo, at huwag ipakita ang inyong katapangan sa labas. Ang ilan ay napaka-maramdamin na mahirap maka-pangatuwiran. Maging napaka-sensitibo sa kung ano ang ibig sabihin ng pagsunod sa kautusan ng Diyos, at kung tayo ba ay sumusunod o lumalabag sa kautusan. Ito ang nais ng Diyos na dito tayo maging sensitibo."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7, p. 937.

## 3. PAGTUGON SA MGA KABIGUAN

**a. Ano ang nakasulat tungkol sa mga umiibig sa kautusan ng Diyos? Awit 119:165.**

"Alisin ang palagay na hindi kayo pinakikitunguhan nang tama, na kayo ay inaabuso, na may gustong dumugin o saktan kayo. Kayo ay tumitingin sa pamamagitan ng mapanlinlang na mga mata. Inaakay kayo ni Satanas na kunin ang mga baluktot na pananaw sa mga bagay."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, p. 424.

"Ang sanlibutan ay umiibig sa kasalanan, at napopoot sa katuwiran, at ito ang dahilan ng pagkapoot nito kay Jesus. Ang lahat ng tumatanggi sa Kanyang walang hanggang pag-ibig ay masusumpungan ang Kristiyanismo na isang bagay na nakakabagabag. Ang liwanag ni Kristo ay nag-aalis ng kadiliman na tumatakip sa kanilang mga kasalanan, at ang pangangailangan ng pagbabago ay nahahayag. Habang ang mga nagpapasakop sa impluwensya ng Banal na Espiritu ay nagsisimulang makipagbaka sa kanilang sarili, ang mga kumakapit sa kasalanan ay nakikipagbaka laban sa katotohanan at sa mga kinatawan nito.

"Sa gayon ang kaguluhan ay nalilikha, at ang mga tagasunod ni Kristo ay inaakusahan bilang mga manggugulo ng mga tao. Ngunit ang pakikisama sa Diyos ang nagdudulot sa kanila ng poot ng sanlibutan. Dinadala nila ang kadustaan ni Kristo. Tinatahak nila ang landas na tinahak ng pinakamarangal sa mundo. Kung sakaling mapaharap sila sa paguusig, dapat silang magalak sa halip na malungkot. Ang bawat nagniningas na pagsubok ay ahente ng Diyos para sa kanilang pagdadalisay. Bawat isa ay iniaangkop sila para sa kanilang gawain bilang mga kamanggagawa Niya. Ang bawat pakikipagtunggali ay may kanya-kanyang lugar sa matinding pakikipagbaka para sa katuwiran, at bawat isa ay magdaragdag sa kagalakan ng kanilang huling tagumpay. Sa pagkakaroon ng ganitong pananaw, ang pagsubok sa kanilang pananampalataya at pagtitiis ay malugod na tatanggapin sa halip na katakutan at iwasan." – The Desire of Ages, p. 306.

**b. Kahit na talagang tinatrato ng hindi makatarungan, ano ang ipinapaalala sa atin? Mateo 5:11, 12, 41; 1 Pedro 4:12–15.**

"Siya na banal na Pangulo ng iglesia, ang pinakamakapangyarihan sa mga mananakop, ay ituturo ang Kanyang mga tagasunod sa Kanyang buhay, sa Kanyang mga pagpapagal, sa Kanyang pagtanggi sa sarili, sa Kanyang pakikibaka, at pagdurusa, sa pamamagitan ng paghamak, sa pamamagitan ng hindi pagtanggap, pangungutya, paghamak, pang-iinsulto, panlilibak, kasinungalingan, pataas sa landas ng Kalbaryo patungo sa pinangyarihan ng pagpapako sa krus, upang sila ay mahikayat na magpatuloy patungo sa hangganan para sa gantimpala at kabayaran ng mananagumpay. Ang tagumpay ay tinitiyak sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsunod. Gawin natin ang pag-aangkop ng mga salita ni Kristo sa ating sariling indibiduwal na mga kalagayan."—*The Review and Herald,* Hulyo 24, 1888.

## 4. KARUNUNGANG NAGMUMULA SA ITAAS

**a. Ano ang unang katangian ng karunungang buhat sa itaas—at bakit ito napakahalaga para sa atin? Santiago 3:17 (unang bahagi); Mateo 5:8.**

"Sa lunsod ng Diyos ay walang makakapasok na marumi. Ang lahat ng maninirahan doon ay malinis ang puso. Sa isang tao na natututo tungkol kay Jesus, ay makikita ang lumalagong pagkasuklam para sa walang ingat na pag-uugali, di-karapat-dapat na pananalita, at masagwang pag-iisip. Kapag si Kristo ay nananatili sa puso, magkakaroon ng malinis at pagdadalisay ng pag-iisip at pag-uugali.

"Ngunit ang mga salita ni Jesus na, 'Mapalad ang mga may malinis na puso,' ay may mas malalim na kahulugan—hindi lamang malinis sa karaniwang kahulugan kung paano nauunawaan ng sanlibutan ang kalinisan, Malaya mula sa kung ano ang mahalay, malinis mula sa pagnanasa, ngunit totoo sa nakatagong layunin at motibo ng kaluluwa, malaya sa pagmamataas at pagsisikap para sa sarili, mapagpakumbaba, hindi makasarili, tulad ng bata."—*Thoughts From the Mount of Blessing,* pp. 24, 25.

**b. Ipaliwanag kung ano ang dapat nating pagtuunan ng pansin sa paghahanda para kay Kristo. 1 Juan 3:2, 3.**

"Sa ating pang-araw-araw na karanasan ay nauunawaan natin ang kabutihan at habag ng [Diyos] sa pagpapakita ng Kanyang probidensya. Kinikilala natin Siya sa katangian ng Kanyang Anak. Ang Banal na Espiritu ay kinukuha ang katotohanan tungkol sa Diyos at sa Kanya na Kanyang sinugo, at binubuksan ito sa pang-unawa at sa puso. Ang malinis na puso ay nakikita ang Diyos sa isang bago at nakakaakit na ugnayan, bilang kanilang Manunubos; at habang nauunawaan nila ang kalinisan at kagandahan ng Kanyang katangian, nananabik silang maipakita ang Kanyang wangis. Nakikita nila Siya bilang isang Ama na nagnanais na yakapin ang isang nagsisising anak, at ang kanilang mga puso ay puspos ng kagalakan na hindi masayod at puspos ng kaluwalhatian.

"Ang malinis na puso ay nakikilala ang Maylalang sa mga gawa ng Kanyang makapangyarihang kamay, sa mga magagandang bagay na bumubuo sa sansinukob. Sa Kanyang nakasulat na salita ay nababasa nila sa mas malinaw na mga linya ang paghahayag ng Kanyang awa, Kanyang kabutihan, at Kanyang biyaya. Ang mga katotohanang lingid sa matatalino at maalam ay inihahayag sa mga bata pa. Ang kagandahan at kahalagahan ng katotohanan, na hindi pa nauunawaan ng marurunong sa mundo, ay patuloy na nalalantad sa mga may pagtitiwala, may pagnanais na tulad ng bata na malaman at gagawin ang kalooban ng Diyos. Nauunawaan natin ang katotohanan sa pamamagitan ng pagiging, kabahagi ng ating sarili, ng banal na likas.

"Ang malinis sa puso ay namumuhay na tulad ng lantad sa presensya ng Diyos sa panahong itinatalaga Niya sila sa sanlibutang ito."—Ibid., pp. 26, 27.

## *Huwebes* *Nobyembre 28*

### 5. HIGIT NA KINAKAILANGANG MGA KATANGIAN

**a. Pagkatapos ng kalinisan, banggitin ang susunod na limang katangian ng karunungang buhat sa itaas—na kung wala ang ating impluwensya ay makakasama. Santiago 3:17 (gitnang bahagi).**

"Kinakailangan ninyo ang kabaitan, kagandahang-loob, kaamuan, at kababaan ni Kristo. Kayo ay maraming mahahalagang kakayahan na maaaring mapahusay para sa pinakamataas na paglilingkod kung mapapabanal sa Diyos. Dapat ninyong madama ang pangangailangan ng paglapit sa inyong mga kapatid nang may kabaitan at kagandahang-loob, hindi nang may kalupitan at kabagsikan. Hindi ninyo namamalayan ang pinsalang nagagawa ng inyong matalas, nangingibabaw na espiritu sa kanila. Ang mga ministro sa inyong kapulungan ay pinanghihinaan ng loob, nawawalan ng lakas ng loob kung bibigyan ninyo sila ng respeto, kabaitan, pagtitiwala, at pag-ibig. Sa pamamagitan ng inyong pamamaraan ng pakikitungo ay inihiwalay ninyo ang mga puso ng inyong mga kapatid mula sa inyo, na anupat ang inyong payo ay hindi nagkakaroon ng malaking impluwensya sa kanila para sa ikabubuti."—*Christian Leadership,* pp. 6, 7.

"Kung ang iyong mga inaasahan ay hindi natupad, ikaw ay nasa panganib na mawalan ng pag-asa at mabalisa, at magnanais ng pagbabago. Dapat ninyong iwasan ang isang disposisyon na mapanghusga, upang makatiis. Panatilihing malinaw ang lahat ng bagay na may samyo ng isang espiritu ng pagtuligsa. Hindi nakalulugod sa Diyos na ang espiritung ito ay matatagpuan sa alinman sa Kanyang mga lingkod na may mahaba ng karanasan. Nararapat para sa isang kabataan, kung biniyayaan ng kababaang-loob at kagandahang loob, na magpakita ng sigla at sigasig; ngunit kapag ang isang padalus-dalos na kasigasigan at isang espiritu ng pagtuligsa ang ipinamamalas ng isang kabataan na may ilang taon lamang na karanasan, ito ay talagang-hindi nagiging kaaya-aya at positibong nakakamuhi. Walang maaaring makasira sa kanyang impluwensya nang mas mabilis kaysa dito. Kaamuan, kahinahunan, pagpapahinuhod, pagtitiis, hindi madaling magalit, pinapasan ang lahat ng bagay, umaasa sa lahat ng bagay, tinitiis ang lahat ng bagay—ito ang mga bungang lumalago sa napakahalagang puno ng pag-ibig, na kung saan ay makalangit ang paglago. Ang punong ito, kung inaalagaan, ay magiging parating berde. Ang mga sanga nito ay hindi mabubulok, ang mga dahon nito ay hindi malalanta. Ito ay walang kamatayan, walang hanggan, patuloy na dinidilig ng hamog ng langit."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, pp. 134, 135.

## *Biyernes* *Nobyembre 29*

### PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Sa anong mga sitwasyon ako natutukso na husgahan ang mga motibo at tawagin itong pag-unawa?**
2. **Paanong ang gawi ng pagbatikos sa iba ay pagsalangsang sa kautusan ng Dios?**
3. **Kapag ang nakakalasong pag-uugali ay sinisimulang gawin laban sa akin, ano ang dapat kong tandaan?**
4. **What does it mean to be "pure in heart"?**
5. **Paano ako magiging mas madaling lapitan—mas madaling "pakiusapan"?**

Sabbath, Disyembre 7, 2024

# First Sabbath Offering for the Colombian Union Headquarters



Ang Colombia ay isang bansa sa South America na may kasalukuyang populasyon na higit sa 51 milyong mga naninirahan. Kabilang sa mga industriya ang petrolyo, pagmamanupaktura, tela, konstruksyon, agrikultura, pagbabangko, at ibang mga serbisyo. Sa populasyon, 73% ng populasyon ay mga Katoliko, 9.1% ang nag-aangking di-Kristiyanong mga relihiyon, 6.9% ay Evangelical, 6.5% ay walang relihiyon, 2.9% ay Protestante, at 0.9% ay nagpapahayag ng kanilang sarili na ateista. Ang sitwasyong ito ay kumakatawan sa isang malaking hamon para sa iglesia ng Diyos dito.

Noong dekada ng 1960, ang mensahe ng ikatlong anghel ay dumating sa Columbia habang ang bansa ay dumaranas ng pagkawasak sa moral dahil sa digmaang sibil. Sa gitna ng kaguluhan, umabot kami ng mga 100 miyembro noong 1971 nang opisyal na irehistro ang iglesia. Noong mga panahong iyon, kakaunti ang mga manggagawa, ngunit hindi sila nagkukulang ng lakas ng loob at sigasig na ibigay ang lahat para sa layuning kanilang iniibig. Palagi naming pinahahalagahan ang suporta ng mga pastor at ministro na, umaalis sa kanilang mga bansa at kaalwanan, ay dumarating nang may kagalakan upang tustusan ang gawain sa Colombia—na iniaalay ang kanilang sarili nang buong puso sa pagpapalaganap ng mensahe dito.

Sa awa ng Diyos, noong 2006, ang Colombian Union ay inorganisa, at ngayon ay mayroon itong tatlong Field. Ang aming headquarter ng Union ay nasa kanayunang lugar ng munisipalidad ng Barbosa, Santander.

Upang mapaglingkuran ang ating mga kapatid at ang mga lumalagong interesado sa katotohanan, nakikita namin ang mahalagang pangangailangang mapalawak ang mga pasilidad na mayroon ngayon. Sa kasalukuyan, mayroon kaming sakahan kung saan pinamamahalaan ng ang aming mga opisina, paaralan ng missionary school at ng multimedia department. Dito rin ginaganap ang mga conference, seminar, at spiritual retreat para sa aming mga kaanib at sa mga bagong interesado sa mensahe.

Ang bahagi ng imprastraktura ay naitayo na sa pag-aaring ito, at ang mga karagdagang pasilidad ay kasalukuyang isinasagawa, ngunit, kulang kami ng mga mapagkukunan upang tapusin ang mga ito. Iyan ang dahilan kung bakit namamanhik kami sa kagandahang-loob ng pandaigdigang pamilya ng iglesia. Ang suporta na inyong saganang mga handog ay magbibigay-daan sa amin na magkaroon ng mas angkop na mga pasilidad para pagsilbihan ang mga kaluluwang nagugutom sa kaalaman ng Panginoon.

Lubos naming pinahahalagahan ang inyong mga donasyon. Ang kawalang-hanggan lamang ang makakapagpakita kung gaano kalaki ang nagawa ng inyong mga donasyon at mga handog.

*Ang iyong mga kapatid mula sa Colombian Union*

# Pagtagumpayan ang mga Suliranin sa Ating Ugali

**SAULUHING TALATA: "Pasakop nga kayo sa Dios; datapuwa't magsisalangsang kayo sa diablo, at tatakas siya sa inyo" (Santiago 4:7).**

"Ang pag-ibig sa dalisay, nagpapabanal na katotohanan, pag-ibig para sa mahal na Manunubos, ay magpapagaan sa pakikibaka upang magtagumpay."—*Testimonies for the Church,* vol. 4, p. 38.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, for the Church*3.

## *Linggo* *Disyembre 1*

### 1. MAPAGBIGAY NA WALANG PINAPANIGAN

**a. Banggitin ang huling dalawang katangiang binanggit sa listahan ng karunungang buhat sa itaas. Santiago 3:17 (huling bahagi).**

"Ang apostol Judas ay nagsabi: 'At ang ibang nagaalinlangan ay inyong kahabagan.' Ang pagkakaibang ito ay hindi nararapat na gamitin sa espiritu ng pagtatangi. Walang mukha ang dapat magpahiwatig sa isang espiritu na nagsasabi: 'Kung papanigan mo ako, papanigan din kita.' Ito ay hindi banal, makasanlibutang patakaran, na hindi nakalulugod sa Diyos. Ito ay pagbibigay ng mga kabutihan at papuri para sa kapakinabangan. Ito ay nagpapakita ng pagtatangi para sa ilang partikular na mga tao, na umaasang makakakuha ng mga pakinabang sa pamamagitan nila. Ito ay ang paghahangad ng kanilang mabuting kalooban sa pamamagitan ng labis na pagbibigay, upang tayo ay ituring na may higit na pagpapahalaga kaysa sa iba na ganap na karapat-dapat gaya ng ating sarili."—*Testimonies for the Church,* vol. 4, pp. 221, 222.

"Hindi nalulugod ang Diyos sa makupad na paggawa na nangyayari sa mga iglesia. Siya ay umaasa na ang Kanyang mga katiwala ay magiging totoo at matapat sa pagbibigay ng saway at pagtutuwid. Dapat nilang iwaksi ang mali ayon sa tuntuning ibinigay ng Diyos sa Kanyang Salita, hindi ayon sa kanilang sariling mga ideya at simbuyo ng damdamin. Walang malupit na pamamaraan ang dapat gamitin, walang may kinikilingan, padalos-dalos, mapusok na gawain. Ang mga pagsisikap na ginagawa upang linisin ang iglesia mula sa moral na karumihan ay dapat gawin sa pamamaraan ng Diyos. Dapat ay walang mga pagtatangi, walang pagpapaimbabaw. Kinakailangang walang itinatangi, na ang mga kasalanan ay itinuturing na hindi gaanong masama kaysa sa iba. Oh, gaano ang pangangailangan nating lahat ng bautismo ng Espiritu Santo. Kasunod ay palagi tayong gagawa nang may pag-iisip ni Kristo, nang may kabaitan, habag, at pakikiramay, na nagpapakita ng pag-ibig sa makasalanan habang napopoot sa kasalanan nang may lubos na pagkamuhi."—*The Ellen G. White 1888 Materials,* p. 144.

## 2. TAMANG PAGLALARAWAN KAY KRISTO

**a. Paano lamang si Kristo wastong mailalarawan sa ating pananalita? Santiago 3:18.**

"Maaari nating ipahayag sa ating mga labi si Kristo subalit sa ating mga gawa ay itinaatanggi Siya. Ang mga bunga ng Espiritu na ipinapakita sa buhay ay pagpapahayag sa Kanya. Kung ating tatalikuran ang lahat para sa Kanya, ang ating buhay ay magiging mapagpakumbaba, ang ating pakikipag-usap ay makalangit, ang ating ugali ay walang bahid. Ang makapangyarihang, naglilinis na impluwensya ng katotohanan sa kaluluwa, at ang katangian ni Kristo na ipinapakita sa buhay ay isang pagpapahayag sa Kanya. Kung ang mga salita ng buhay na walang hanggan ay naihahasik sa ating mga puso, ang bunga ay katuwiran at kapayapaan. Maaari nating ikaila si Kristo sa ating buhay sa pamamagitan ng pag-ibig sa kaalwanan o pag-ibig sa sarili, sa pamamagitan ng pagbibiro at pagtatawanan, at sa paghahangad ng karangalan sa sanlibutan. Maaari nating ikaila Siya sa ating panlabas na anyo sa pamamagitan ng pag-ayon sa sanlibutan, sa pamamagitan ng marangyang hitsura o magarbong kasuotan. Tanging sa pamamagitan lamang ng patuloy na pagbabantay at pagtitiyaga at halos walang patid na pananalangin maipapakita natin sa ating buhay ang katangian ni Kristo o ang nagpapabanal na impluwensya ng katotohanan. Marami ang nagtataboy kay Kristo mula sa kanilang mga tahanan sa pamamagitan ng walang pasensya, mapusok na espiritu. Ang mga gayon ay may dapat na mapagtagumpayan sa bagay na ito."—*Testimonies for the Church,* vol. 1, pp. 303, 304.

**b. Anong mga karaniwang hilig ng tao ang lumalaganap sa pang-araw-araw na buhay ang talagang kinakailangang madaig—at bakit? Santiago 4:1–3.**

"Nakakalungkot na sitwasyon na hindi tayo nakokontento sa ating kapaligiran o sa mga pangyayari na naglalagay sa atin kung saan ang ating mga tungkulin ay tila nagiging simple at hindi mahalaga. Ang mga pribado at simpleng tungkulin ay hindi kanais-nais sa inyo; kayo ay hindi mapalagay, naliligalig, at hindi nasisiyahan. Ang lahat ng ito ay nagmumula sa pagiging makasarili. . . .

"Ang mga nag-aangking Kristiyano na patuloy na nagbubulungan at nagrereklamo, at tila nag-iisip na ang kaligayahan at isang masayang mukha ay isang kasalanan, ay walang tunay na batayan ng relihiyon."—Ibid., vol. 3, p. 334.

"Kung ako ay kakain ng dobleng dami ngayon at sa susunod, dahil sa masarap ang lasa, paano ako yuyuko at hihingi sa Diyos na tulungan ako sa aking gawain sa pagsusulat, gayong hindi ako makakuha ng ideya dahil sa aking katakawan? Maaari ba akong humiling sa Diyos na pangalagaan ang labis na laman ng aking tiyan? Iyon ay hindi nakakalugod sa Kanya. Iyon ay humihiling na pakainin ang aking pagnanasa. Ngayon kumakain ako ng kung ano ang sa tingin ko ay tama, at pagkatapos ay maaari kong hilingin sa Kanya na bigyan ako ng kalakasan upang maisagawa ang gawain na ibinigay Niya sa akin na dapat gawin."—Ibid., vol. 2, pp. 373, 374.

"Kapag ang relihiyon ni Kristo ang namamahala sa puso, ang budhi ay sumasang-ayon, at ang kapayapaan at kagalakan ay naghahari; ang kaguluhan at kapighatian ay maaaring pumaligid, ngunit may liwanag sa kaluluwa."—Ibid., vol. 4, p. 47.

### 3. PAGTAKAS SA MGA PANGKARANIWANG SILO

**a. Anong pangunahing prinsipyo ang napakahalaga sa isang tunay na pakikipag-ugnayan kay Kristo, kumpara sa isang mababaw lamang na pananampalataya sa pangalan lamang? Santiago 4:4.**

"Ang mga nagsisimula sa kanilang buhay sa pagiging kalahating Kristiyano, sa huli ay matatagpuang nakabilang sa panig ng kaaway, anuman ang maaaring una nilang mga layunin. At ang maging isang taong ganap na tumalikod, isang taksil sa layunin ng Diyos, ay mas mapanganib kaysa kamatayan; sapagkat nangangahulugan ito ng pagkawala ng buhay na walang hanggan.

"Ang mga lalaki at babae na may dalawang akala ay ang pinakamahusay na kapanalig ni Satanas. Anuman ang magaling nilang opinyon sa kanilang sarili, sila ay mga magdaraya. Lahat ng matapat sa Diyos at sa katotohanan ay dapat manindigan nang matatag sa tama dahil ito ang tama. Ang makipamatok sa mga hindi banal, ngunit maging matapat sa katotohanan, ay talagang imposible. Hindi tayo maaaring makiisa sa mga naglilingkod sa kanilang sarili, na gumagawa sa mga makamundong mga plano, at hindi nawawala ang ating kaugnayan sa makalangit na Tagapayo. Maaaring mabawi natin ang ating sarili mula sa silo ng kaaway, ngunit tayo ay mabubugbog at masusugatan, at ang ating karanasan ay magiging mahina." — *The Review and Herald,* Abril 19, 1898.

**b. Bakit kinakailangan nating bunutin ang bawat pagkahilig sa inggit? Santiago 4:5, 6.**

"Isang napakasamang depekto sa ugali ni Saul ay ang kanyang pag-ibig sa papuri. Ang katangiang ito ay nagkakaroon ng pagkontrol sa kanyang mga pagkilos at pag-iisip; sa lahat ng bagay ay makikita ang kanyang pagnanais para sa papuri at pagpaparangal sa sarili. Ang kanyang pamantayan ng tama at mali ay ang mababang pamantayan ng karaniwang pagpaparangal. Walang taong ligtas na nabubuhay na maaari niyang mapaluguran ang mga tao, at hindi muna magsisikap para sa pagsang-ayon ng Diyos."—*Patriarchs and Prophets,* p. 650.

"Ang inggit ang gumawang kahabaghabag kay Saul at inilagay sa alanganin ang mapagpakumbabang lingkod ng kanyang trono. Anong hindi masayod na kasamaan ang ginawa nitong masamang katangian ng ugali sa ating mundo! Ang parehong poot ay umiral sa puso ni Saul na pumukaw sa puso ni Cain laban sa kanyang kapatid na si Abel, dahil ang mga gawa ni Abel ay matuwid, at pinarangalan siya ng Diyos, at ang kanyang sariling mga gawa ay masama, at hindi siya pinagpala ng Panginoon. Ang inggit ay bunga ng pagmamataas, at kung ito ay tinataglay sa puso, ito ay hahantong sa poot, at sa huli ay sa paghihiganti at pagpatay."—Ibid., p. 651.

"Ang pagpapasakop, pag-ibig, at pagpapasalamat sa Diyos ay pinananatili ang sikat ng araw sa puso, kahit na ang araw ay maaaring maging napaka-ulap. Ang pagtanggi sa sarili at ang krus ni Kristo ay nasa harapan mo. Papasanin mo ba ang krus?"—*Testimonies for the Church,* vol. 4, p. 47.

## 4. PINAGTUTUONAN NG PANSIN AT PAGPAPASAKOP

**a. Anong napakahalagang punto ang nagbibigay sa atin ng tunay, nagpapatuloy na tagumpay kay Kristo? Santiago 4:7.**

"Ang ilan ay nadarama ang kanilang pangangailangan ng pagbabayad-sala, at sa pagkilala sa pangangailangang ito, at sa pagnanais ng pagbabago ng puso, nagsisimula ang isang pakikibaka. Upang talikuran ang kanilang sariling kalooban, marahil ang mga bagay na kanilang napili upang mahalin o hangarin ay nangangailangan ng pagsisikap, kung saan marami ang nag-aatubili at nanghihina at tumatalikod. Ngunit ang labang ito ay dapat ipaglaban ng bawat pusong tunay na nahikayat. Dapat tayong makipagbaka laban sa mga tukso sa labas at sa kalooban. Dapat nating matamo ang tagumpay laban sa sarili, ipako sa krus ang mga pandama at pagnanasa; at pagkatapos ay magsisimula ang pagkikipagkaisa ng kaluluwa kay Kristo. Kung paanong ang tuyo at tila walang buhay na sanga ay inihugpong sa buhay na puno, nawa'y maging buhay na sanga tayo ng Tunay na Puno. At ang bunga na dinala ni Kristo ay dadalhin ng lahat ng Kanyang mga tagasunod. Matapos ang pakikipagkaisang ito ay mabuo, ito ay mapapangalagaan lamang sa pamamagitan ng patuloy, na masigasig, maingat na pagsisikap. Si Kristo ay ginagamit ang Kanyang kapangyarihan upang pangalagaan at bantayan ang sagradong bigkis na ito, at ang umaasa, walang magawang makasalanan ay dapat kumilos ng kanyang bahagi nang may walang kapagurang pagsisikap, o si Satanas sa pamamagitan ng kanyang malupit, tusong kapangyarihan ay maghihiwalay sa kanya mula kay Kristo.

"Ang bawat Kristiyano ay dapat na manindigang patuloy na nakabantay, binabantayan ang bawat lagusan ng kaluluwa kung saan maaaring makapasok si Satanas. Dapat siyang manalangin para sa banal na tulong at sa parehong panahon ay matatag na labanan ang bawat pagkahilig sa kasalanan. Sa pamamagitan ng lakas ng loob, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa matiyagang pagpapagal, maaari siyang magtagumpay. Ngunit alalahanin niya na upang makamit ang tagumpay si Kristo ay dapat manatili sa kanya at siya kay Kristo."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 47.

**b. Paano inulit ni Pablo ang paliwanag ni Santiago tungkol sa espirituwal na kalakasan sa buhay ng Kristiyano? Roma 6:6–11.**

"Ang makamundong pag-iisip, pagkamakasarili, at kasakiman ay kinakain ang espirituwalidad at buhay ng bayan ng Diyos."—Ibid., vol. 1, p. 141.

"Kinakailangan natin ng mas matatag na pananampalataya at mas taimtim na pagtatalaga. Kinakailangan nating mamatay sa sarili, at sa isipan at puso ay taglayin ang isang malalim na pag-ibig para sa ating Tagapagligtas. Kapag hahanapin natin ang Panginoon nang buong puso ay makikita natin Siya, at ang ating mga puso ay magliliwanag sa Kanyang pag-ibig. Ang sarili ay lulubog sa kawalang-kabuluhan, at si Jesus ay magiging lahat- lahat sa kaluluwa. . . .

"Tayo ay dapat lumapit sa Diyos. Tayo ay dapat maging mga manggagawang kasama Niya, kung hindi, ang kahinaan at pagkakamali ay makikita sa lahat ng ating ginagawa."—Ibid., vol. 6, p. 51.

# Huwebes — Disyembre 5

## 5. HUMINTO NG SANDALI PARA SA MAGALANG NA PANANALANGIN

**a. Anong katiyakan at panawagan ang aalingawngaw sa bawat isa sa atin sa pakikibaka laban sa sarili nating masasamang hilig? Colosas 3:1–3; Santiago 4:8, 9.**

"Imposible para sa sinuman na maunawaan ang katotohanan habang sila ay may pag-ibig sa sanlibutan. Ang sanlibutan ay nasa pagitan nila at ng Diyos, na nagpapadilim sa paningin at pinamamanhid ang mga pandama sa isang antas na magiging imposible para sa kanila na makilala ang mga sagradong mga bagay. Ang Diyos ay nananawagan sa kanila: 'Linisin ninyo ang inyong mga kamay, kayong mga makasalanan; at dalisayin ninyo ang inyong mga puso, kayong may dalawang akala. Kayo'y mangagpighati, at magsihibik, at magsitangis: inyong palitan ang inyong pagtawa ng paghibik, at ang inyong kagalakan ng kalumbayan.' Yaong mga nadungisan ang kanilang mga kamay ng pakahawa sa sanlibutan ay kinakailangang linisin ang kanilang sarili mula sa mga bahid nito. Ang mga nag-iisip na maaari nilang paglingkuran ang sanlibutan at iibigin ang Diyos ay may dalawang akala. Ngunit hindi sila makapaglilingkod sa Diyos at sa kayamanan. Sila ay mga taong may dalawang kaisipan, iniibig ang sanlibutan at nawawalan ng pandama sa kanilang tungkulin sa Diyos, ngunit nag-aangking mga tagasunod ni Kristo. Hindi nila kinakatawanan ang isa o ang iba pa. Mawawala sa kanila ang magkabilang mundo maliban kung linisin nila ang kanilang mga kamay at dadalisayin ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng pagsunod sa mga dalisay na prinsipyo ng katotohanan."—*Testimonies for the Church,* vol. 1, pp. 530, 531.

**b. Ano ang mangyayari kapag yumuyukod tayo sa harapan ng Diyos nang may pagpapakumbaba? Awit 34:18; 1 Pedro 5:6, 7.**

"Kung kayo ay magpapakumbaba ngayon sa inyong sarili sa harapan ng Diyos, ipahahayag ang inyong mga pagkakamali, at manunumbalik sa Kanya nang may buong layunin ng puso, ang inyo ay maaari pang maging masayang pamilya. Kung hindi ninyo gagawin ito, ngunit pipiliin ninyo ang inyong sariling paraan, ang inyong kaligayahan ay may katapusan."—Ibid., vol. 2, p. 304.

# Biyernes — Disyembre 6

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Kung sinusuri ng malalim ang aking lihim na mga motibo, sa anong mga bahagi ako maaaring maging isang mapagpaimbabaw?**
2. **Magbanggit ng ilang mga paraan kung saan ang ating mga salita ay madalas na maling nailalarawan Kristo.**
3. **Sa anong kahulugan ang inggit ay isang mapanganib na pagkakaila sa pananampalataya—at isang insulto sa Diyos?**
4. **Bakit kinakailangan kong mamatay sa sarili upang mabuhay kay Kristo?**
5. **Paano ang araling ito binubuod ang ilang tunay na mga punto na kinakailangan kong mapanagumpayan?**

# Pagtanggap ng Mas Mapagpakumbabang Pananaw

**SAULUHING TALATA: "Mangagpakababa kayo sa paningin ng Panginoon, at kaniyang itataas kayo" (Santiago 4:10).**

"Kapag ating sinusunod nang may pagpapakumbaba ang landas ng pagsunod, nag-iiwan tayo ng malinaw na bakas patungo sa langit na tatahakin ng iba. Pribilehiyo natin na magkaroon ng mas malalim na karanasan sa mga bagay ng Diyos."—*The Signs of the Times,* Marso 17, 1890.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, vol.* 2, pp. 41–44, 678–686.

## *Linggo* — *Disyembre 8*

### 1. PAG-IWAS SA MALING PAG-UNAWA

**a. Anong lubhang nakapipinsalang ugali ang kinakailangang alisin ng lahat ng nag-aangking iniibig nila ang kanilang mga kapatid, at bakit? Santiago 4:11, 12.**

"Hindi dapat ituring na isang magaang bagay ang magsalita ng masama tungkol sa iba o gawin ang ating mga sarili bilang mga hukom sa kanilang mga motibo o kilos."—*Patriarchs and Prophets,* p. 385.

"Ang tunay na kahalagahan ng moral ay hindi nagsisikap na gumawa ng lugar para sa sarili nito sa pamamagitan ng pag-iisip at pagsasalita ng masama, sa pamamagitan ng pagpapawalang halaga sa iba. Lahat ng anyo ng inggit, lahat ng uri ng paninibugho, lahat ng panlalait, kasama ang lahat ng kawalan ng pananampalataya, ay dapat maalis sa mga anak ng Diyos."—*Our High Calling,* p. 234.

"Isang taimtim na pagsisikap ang dapat gawin sa bawat iglesia na iwaksi ang panlalait at isang mapanghusgang espiritu bilang kasama sa mga kasalanang mabunga ng pinakamatinding kasamaan sa iglesia. Ang pagiging mabagsik at paghahanap ng pagkakamali ay dapat sawayin bilang mga gawa ni Satanas. Ang pag-ibig sa isa't-isa at pagtitiwala sa isa't isa ay dapat pasiglahin at palakasin sa mga kaanib ng iglesia. Hayaan ang lahat, sa pagkatakot sa Diyos at pag-ibig sa kanilang mga kapatid, na isara ang kanilang mga tainga sa tsismis at panghuhusga. Ituro ang mapaghatid-dumapit sa mga aral sa salita ng Diyos. Himukin siyang sundin ang Kasulatan at dalhin ang kanyang mga sumbong nang direkta sa mga iniisip niyang nagkakamali. Ang nagkakaisang pagkilos na ito ay magdadala ng daloy ng liwanag sa iglesia at magsasara ng pinto sa dagsa ng kasamaan. Sa gayon ang Diyos ay maluluwalhati, at maraming kaluluwa ang maililigtas."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, pp. 609, 610.

## 2. PAGTANGGAP NG LIWANAG NG TAOS-PUSO

**a. Kapag gumagawa ng mga plano, ano ang dapat nating laging isasaisip? Awit 16:8; Santiago 4:10, 13–16.**

"Italaga ang inyong sarili sa Diyos sa umaga; gawin itong pinakauna mong gawain. Hayaan ang inyong panalangin ay, 'Tanggapin mo ako, O Panginoon, na lubos na sa Iyo. Inilalapag ko ang lahat ng aking mga plano sa Iyong paanan. Gamitin mo ako ngayon sa paglilingkod sa Iyo. Manahan ka sa akin, at ang lahat ng aking gawain ay magagawa para sa Iyo.' Ito ay pang-araw-araw na alalahanin. Bawat umaga ay italaga ang inyong sarili sa Diyos para sa araw na iyon. Ibigay ang lahat ng inyong mga plano sa Kanya, upang maisakatuparan o ipapaubaya kung ano ang ipinahihiwatig ng Kanyang probidensya. Sa gayon araw-araw ay maaari ninyong ibigay ang inyong buhay sa mga kamay ng Diyos, at sa gayon ang inyong buhay ay mas mahuhubog ayon sa buhay ni Kristo."—*Steps to Christ,* p. 70.

**b. Ipaliwanag ang solemneng tungkulin at pananagutan ng bawat isa sa atin para sa makalangit na liwanag na ibinigay sa atin sa lahat ng bahagi ng buhay. Santiago 4:17; Mateo 12:31, 32 .**

"Hindi ang Diyos ang bumubulag sa mga mata ng tao o nagpapatigas ng kanilang mga puso. Siya ay nagpapadala sa kanila ng liwanag upang ituwid ang kanilang mga pagkakamali, at upang akayin sila sa ligtas na mga landas; sa pamamagitan ng pagtanggi sa liwanag na ito ay nabubulag ang mga mata at ang puso ay tumitigas. Kadalasan ang pamamaraan ay unti-unti, at halos hindi mapapansin. Ang Liwanag ay dumarating sa kaluluwa sa pamamagitan ng salita ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang mga tag-apaglingkod, o sa pamamagitan ng direktang pagkilos ng Kanyang Espiritu; ngunit kapag ang isang sinag ng liwanag ay binalewala, magkakaroon bahagyang pagkamanhid ng mga espirituwal na pag-unawa, at ang pangalawang pagpapahayag ng liwanag ay hindi na gaanong nauunawaan. Kaya't ang kadiliman ay lumalago, hanggang sa dumilim ang kaluluwa."—*The Desire of Ages,* p. 322.

"Mapanganib ang magbitaw ng salita ng pagdududa, mapanganib ang pag-alinlan-ganan at batikusin ang banal na liwanag. Ang ugali na walang ingat at walang paggalang na pagpuna ay may epekto sa pagkatao, sa pagpapatuloy ng kawalan ng paggalang at kawalan ng pananampalataya. Maraming tao na nagpapakabuyo sa ugaling ito ay hindi namamalayan ang panganib, hanggang sa siya ay mahanda nang batikusin at tanggihan ang gawain ng Banal na Espiritu."—Ibid., p. 323.

"Kapag ang mga tao ay kinakausap tungkol sa kalusugan, madalas nilang sinasabi: 'Tayo ay maraming ng nalalaman kaysa sa ginagawa natin.' Hindi nila naiisip na sila ay may pananagutan sa bawat sinag ng liwanag tungkol sa kanilang pisikal na kalusugan, at ang kanilang bawat ugali ay hayag sa pagsisiyasat ng Diyos.".''—*Testimonies for the Church,* vol. 6, p. 372.

### 3. MGA KAYAMANANG LABIS ANG PAGTANTIYA

**a. Anong mga babala ang ibinibigay hinggil sa mga tuksong nakapalibot sa mga biniyayaan ng higit na materyal na mga bagay kaysa sa iba? Santiago 5:1.**

"Ang mga ministro ay hindi dapat gumamit ng labis na papuri o maging may pagtatangi sa mga tao. Noon pa man ay myroon na, at lalo pa ngayon, ng malaking panganib ng pagkakamali dito, na gumawa ng kaunting pagkakaiba sa mga mayayaman, o bigyan ng espesyal na atensyon, kung hindi man sa pamamagitan ng mga salita. May panganib na 'nangagpapakita ng galang sa mga tao' dahil sa pakinabang, ngunit sa paggawa nito ay nanganganib ang kanilang walang-hanggang mga kapakanan. Ang ministro ay maaaring ang espesyal na paborito ng ilang mayayamang tao, at maaaring siya ay napaka-mapagbigay sa kanya; ito ay nagbibigay-kasiyahan sa ministro, at siya naman ay nagbibigay ng labis na papuri sa kabutihan ng kanyang tagapagbigay. Ang kanyang pangalan ay maaaring parangalan sa pamamagitan ng paglathala, ngunit ang mapagbigay na iyon ay maaaring maging ganap na hindi karapat-dapat sa kredito na ibinibigay sa kanya. Ang kanyang pagiging mapagbigay ay hindi nagmumula sa isang malalim, buhay na prinsipyo na gumawa ng mabuti sa paggamit ng kanyang mga kayamanan, upang isulong ang layunin ng Diyos dahil pinahahalagahan niya ito, kundi mula sa ilang makasariling motibo, isang pagnanais na isipin na mapagbigay. Siya ay maaaring nagbibigay mula sa simbuyo ng damdamin at ang kanyang pagiging mapagbigay ay walang pundasyon ng prinsipyo. Siya ay maaaring naaantig sa pamamagitan ng pakikinig sa nakakapukaw na katotohanan na pansamantala ay tinatanggal ang mga tali ng kanyang pitaka; ngunit, pagkatapos ng lahat, ang kanyang pagiging mapagbigay ay walang mas malalim na motibo. Siya ay nagbibigay sa pamamagitan ng silakbo; ang kanyang pitaka ay binubuksan nang paminsan-minsan at isinasara nang mahigpit. Siya ay hindi karapat-dapat na papurihan, sapagkat siya sa bawat kahulugan ng salita ay isang taong maramot, at maliban kung lubusang mahikayat, ang pitaka at lahat na, ay mapapakinggan ang napakasakit na pagkondena: Magsiparito ngayon, kayong mayayaman, kayo'y magsitangis at magsihagulhol dahil sa mga karalitaan ninyong sa inyo'y darating. Ang inyong mga kayamanan ay mga bulok, at ang inyong mga damit ay nginangatngat ng tanga.' Ang mga gayon ay magigising sa huli mula sa isang nakakakilabot na pagkadaya sa sarili. Yaong mga pumupuri sa kanilang mga pabugso-bugsong pagbibigay ay tumutulong kay Satanas na linlangin sila at isipin nila na sila ay napaka matulungin, mapagsakripisyo, ngunit hindi nila nalalaman ang mga unang prinsipyo ng pagiging mapagbigay o pagsasakripisyo sa sarili."—*Testimonies for the Church,* vol. 1, pp. 475, 476.

**b. Paano natin mapapabuti ang ating mga priyoridad patungkol sa salapi? Kawikaan 11:4.**

"Sa pamamagitan ng pagsasanay, ang kabutihang loob ay patuloy na lumalaki at lumalakas, hanggang sa ito ay maging isang prinsipyo at mangingibabaw sa kaluluwa. Lubhang mapanganib sa espiritwalidad na pahintulutan ang pagkamakasarili at kasakiman sa pinakamaliit na silid sa puso."—Ibid., vol. 3, pp. 548, 549.

## 4. PAGTALIKOD SA DIOSDIOSAN

**a. Ano ang madalas na dahilan kung bakit ang mga tao nagkakamit ng kayamanan? Santiago 5:2 (unang bahagi).**

"Sa henerasyong ito ang pagnanais na makakuha ng pakinabang ay ang lubhang nakaka-engganyong pagkahumaling. Ang yaman ay kadalasang nakukuha sa pamamagitan ng pandaraya. Maraming tao ang nakikibaka sa kahirapan, napipilitang gumawa nang mahabang oras para sa maliit na sahod, na hindi makakuha ng kahit na sapat lamang sa pangangailangan sa buhay. Ang pagpapagal at kahirapan, na walang pag-asa ng mas mabuting bagay, ay nagpapabigat sa kanilang pasanin. Ang mga pagod na pagod at inaapi, ay hindi nila alam kung saan sila tutungo para sa kaginhawahan. At lahat ng ito ay maaaring tustusan ng mayayaman ng kanilang labis na paggasta o pagpapakabuyo sa kanilang pagpupunyagi na magtipon!

"Ang pag-ibig sa salapi at pag-ibig sa pagpapasikat ang gumagawa sa mundong ito tulad ng yungib ng mga magnanakaw at kriminal. Inilalarawan ng Kasulatan ang kasakiman at pang-aapi na mananaig bago ang ikalawang pagdating ni Kristo."—*Prophets and Kings,* pp. 650, 651.

**b. Ano ang nag-uudyok sa karamihan sa sanlibutan ngayon—at anong panawagan ang kinakailangang gawin sa mga nagnanasa nito? 1 Timoteo 6:9, 10; Deuteronomio 8:18, 19.**

"Ang Bibliya ay hindi hinahatulan ang sinuman sa pagiging mayaman, kung nakuha niya ng matapat ang kanyang kayamanan. Hindi salapi, kundi ang pag-ibig sa salapi, ang ugat ng lahat ng kasamaan. Ang Diyos ang nagbibigay sa mga tao ng kapangyarihan upang magkaroon ng kayamanan; at sa kanyang mga kamay na kumikilos bilang katiwala ng Diyos, na ginagamit ang kanyang mga kayamanan nang walang pag-iimbot, ang kayamanan ay isang pagpapala, kapwa sa may-ari nito at sa sanlibutan. Ngunit marami, ang nakatuon sa kanilang pagnanais sa mga makamundong kayamanan, ay nagiging walang kamalayan sa mga pag-aangkin ng Diyos at sa mga pangangailangan ng kanilang kapwa. Itinuturing nila ang kanilang kayamanan bilang isang paraan ng pagluwalhati sa kanilang sarili. Nagdaragdag sila ng bahay sa bahay, at lupa sa lupa; pinupuno nila ang kanilang mga tahanan ng mga karangyaan, habang ang lahat ng nakapaligid sa kanila ay mga tao na nagdadanas ng paghihirap at krimen, sakit at kamatayan. Yaong mga nagbibigay ng kanilang buhay sa paglilingkod sa sarili ay umuunlad sa kanilang sarili, hindi ng mga katangian ng Diyos, kundi ng mga katangian ng isang napakasama.

"Ang mga taong ito ay nangangailangan ng ebanghelyo. Kinakailangan nilang ibaling ang kanilang mga mata mula sa walang kabuluhang materyal na mga bagay upang makita ang kahalagahan ng walang hanggang kayamanan. . . .

"Ang ilan ay partikular na angkop na gumawa para sa mas nakakaangat na mga tao. Dapat silang humingi ng karunungan mula sa Diyos upang malaman kung paano maabot ang mga taong ito, upang magkaroon ng hindi lamang basta bastang pagkakakilala sa kanila, kundi sa pamamagitan ng personal na pagsisikap at buhay na pananampalataya upang gisingin sila sa mga pangangailangan ng kaluluwa, upang akayin sila sa kaalaman ng katotohanan gaya ng kay Jesus."—*The Ministry of Healing,* pp. 212, 213.

# *Huwebes* *Disyembre 12*

## 5. PAGTINGIN SA KABILA NG LABIS NA PAGPAPAHALAGA SA MATERYAL NA BAGAY

**a. Ilarawan ang resulta ng pakinabang na kinuha sa hindi matapat na pamamaraan. Santiago 5:2 (huling bahagi).**

"Ang magkamit ng kayamanan sa pamamagitan ng hindi-matuwid na pamamaraan, sa pamamagitan ng panlalamang sa pakikipagkalakal, sa pamamagitan ng pang-aapi sa balo at ulila, o sa pagtitipon ng kayamanan at pagpapabaya sa mga pangangailangan ng mahihirap, sa kalaunan ay magdadala ng nararapat na kaparusahan na inilalarawan ng kinasihang apostol."—*Testimonies for the Church* vol. 2, p. 682.

**b. Ano ang natatanging mensahe ng Diyos tungkol sa kayamanan? 1 Timoteo 6:17–19.**

"Ang pinakamababa at pinakamahirap sa mga tunay na disipulo ni Cristo, na mayaman sa mabubuting gawa, ay higit na pinagpapala at mas napakahalaga sa paningin ng Diyos kaysa sa mga taong nagyayabang sa kanilang malaking kayamanan. Sila ay higit na marangal sa mga korte ng langit kaysa sa pinakadakilang mga hari at taong maharlika na hindi naman mayaman sa Diyos. . . .

"Yaong mga nagtatago ng kayamanan o namumuhunan ng malaking bahagi sa mga lupain, habang pinagkakaitan nila sa kanilang mga pamilya ng kaginhawahan ng buhay, ay kumikilos na parang mga baliw na tao. Hindi nila pinahihintulutan ang kanilang mga pamilya na tamasahin ang mga bagay na saganang ibinigay sa kanila ng Diyos. Sa kabila ng marami nilang mga ari-arian, ang kanilang mga pamilya ay madalas na napipilitang magtrabaho nang higit pa sa kanilang lakas upang makapag-ipon pa ng mas maraming yaman upang maitago. Ang utak, buto, at kalamnan ay pinahihirapan nang sukdulan upang makaipon, at ang relihiyon at mga tungkuling Kristiyano ay napapabayaan. Magtrabaho, magtrabaho, magtrabaho, ang ambisyon mula umaga hanggang gabi.

"Marami ang hindi nagpapakita ng masigasig na pagnanais na matutunan ang kalooban ng Diyos at maunawaan ang Kanyang mga pag-aangkin sa kanila. Ang ilan na nagtatangkang ituro ang katotohanan sa iba na sila ay mismo ay hindi sumusunod sa salita ng Diyos. Kung mas marami ang gayong mga guro sa layunin ng Diyos, mas lalong magiging mababa ang antas ng pag-unlad."—Ibid., pp. 682, 683.

# *Biyernes* *Disyembre 13*

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Kapag iniisip ko ang mga pagkukulang ng iba, ano ang aking ginagawa?**
2. **Ipaliwanag kung paano napipighati ang Banal na Espiritu kapag binabalewala natin ang liwanag na ipinadadala ng Langit.**
3. **Paano maaaring kapwa ang mga mayayamang tao at ang kanilang mga pastor ay mabitag?**
4. **Bakit ang kasakiman ay lumalago at bakit dapat natin itong iwasan ngayon higit kailanman?**
5. **Ilarawan ang kagandahan at kapakinabangan ng pagpapakumbaba kay Kristo.**

# Nakatuon sa Langit

**SAULUHING TALATA: Mangagtiis din naman kayo; pagtibayin ninyo ang inyong mga puso, sapagka't ang pagparito ng Panginoon ay malapit na." (Santiago 5:8).**

"Kinakailangan mong patuloy na mabihisan ng katuwiran ni Kristo. Kinakailangan mong isaisip na ikaw ay anak ng Diyos, at dapat kang magtaglay ng [isang] magiliw, mabait, at matiyagang espiritu. Tingnang mabuti na ang pagkamakasarili at kasakiman ay hindi mananatili sa inyong kaluluwa."—*Manuscript Releases,* vol. 13, p. 288.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Early Writings, pp.* 72, 73.

## *Linggo* — *Disyembre 15*

**1. PANAHON PARA SA MULING PAGSUSURI!**

**a. Ano ang malapit nang mangyari sa mga bagay na lubhang pinahahalagahan at kadalasang inaasam mula pa noong unang panahon—at ano ang dapat nitong ipaalala sa atin? Isaias 31:6, 7.**

"Ang makasariling pag-ibig sa salapi na ginamit sa maling paraan ang ugat ng lahat ng kasamaan. Ang kayamanan ay magpapatunay na isang pagpapala kung ituturing natin ito bilang sa Panginoon, na tatanggapin nang may pagpapasalamat at may pagpapasalamat na ibabalik sa Tagapagbigay.

"Ngunit ano ang halaga ng hindi masayod na kayamanan kung ito ay itatago sa mga mamahaling mansyon o sa mga kapital sa bangko? Gaano kabigat ang mga ito kung ihahambing sa kaligtasan ng isang kaluluwa kung para kanino ang Anak ng walang hanggang Diyos namatay?"—*Testimonies for the Church,* vol. 6, p. 453.

"Ang mga pinipiling gumawa ng mga pagdadahilan at magpatuloy sa kasalanan at pag-ayon sa sanlibutan ay maiiwan sa kanilang mga dios-diosan. . . . Kapag si Kristo ay darating sa Kanyang kaluwalhatian at sa kaluwalhatian ng Kanyang Ama, kasama ang lahat ng makalangit na anghel na nakapalibot sa Kanya, sinasamahan Siya sa Kanyang daan na may mga tinig ng pagtatagumpay, habang ang mga himig ng pinakakaakit-akit na musika ay umaalingawngaw sa tainga, ang lahat ay magiging interesado; hindi magkakaroon ng isang walang interes na manonood. Ang mga haka-haka ay hindi na pagkakaabalahan ng kaluluwa. Ang mga nakapatas na ginto ng maramot, na nagpalugod sa kanyang mga mata, ay hindi na magiging nakakaakit. Ang mga palasyo na itinayo ng mga palalong tao sa lupa, at naging kanilang mga diyus-diyosan, ay tatalikuran nang may pagkamuhi at pagkasuklam."—Ibid., vol. 2, p. 41.

## 2. BAGO MAGING HULI ANG LAHAT . . .

**a. Paano inilalarawan ng Banal na Kasulatan ang mga taong, sa pamamagitan ng pagpapaliban, ay nawawalan ng pagkakataong parangalan ang Diyos sa kanilang mga pag-aari? Oseas 4:17; Mateo 25:11, 12.**

**b. Ilarawan ang sukdulang kahihinatnan ng lahat—kabilang ang mga nag-aangkin ng pangkasalukuyang katotohanan—na makasariling kumakapit sa kanilang materyal na mga ari-arian. Santiago 5:3.**

"[Sinipi sa Santiago 5:1–3.] Nakita ko na ang mga nakakatakot na salitang ito ay partikular na naaangkop sa mga mayayaman na nag-aangking naniniwala sa pangkasalukuyang katotohanan. Ang Panginoon ay nananawagan sa kanila na gamitin ang kanilang mga kayamanan upang isulong ang Kanyang layunin. Ang mga pagkakataon ay inihaharap sa kanila, ngunit ipinipikit nila ang kanilang mga mata sa mga pangangailangan ng layunin, at kumakapit nang mahigpit sa kanilang makalupang kayamanan. Ang kanilang pag-ibig sa sanlibutan ay mas malaki kaysa sa kanilang pag-ibig sa katotohanan, sa kanilang pag-ibig sa kanilang kapwa tao, o sa kanilang pag-ibig sa Diyos. Siya ay nananawagan para sa kanilang mga pag-aari, ngunit sila ay makasarili, mapag-imbot, pinanatili kung ano ang mayroon sila. Sila ay nagbibigay ngayon ng kaunti paminsan-minsan upang mapagaan ang kanilang konsensya, ngunit hindi nila napagtatagumpayan ang kanilang pag-ibig sa sanlibutang ito. Hindi sila nagsasakripisyo para sa Diyos. Ang Panginoon ay itinataas ang iba na pinahahalagahan ang buhay na walang hanggan, at nadarama at nauunawaan ang halaga ng kaluluwa, at malaya nilang ipinagkakaloob ang kanilang mga kayamanan upang isulong ang layunin ng Diyos. Ang gawain ay magtatapos; at sa lalong madaling panahon ang mga kabuhayan ng mga nag-iingat ng kanilang mga kayamanan, ng kanilang malalaking sakahan, ng kanilang mga bakahan, atbp., ay hindi na kakailanganin. Nakita ko ang Panginoon na bumaling sa gayon na may galit, may poot, at inulit ang mga salitang ito: 'Magsiparito ngayon, kayong mayayaman.' Siya ay nananawagan, ngunit hindi ninyo pinakikinggan. Ang pag-ibig sa sanlibutang ito ay nilunod ang Kanyang tinig. Ngayon Siya ay wala nang paggagamitan para sa inyo, at hinahayaan na kayong umalis, na nag-uutos sa inyo: Magsiparito ngayon, kayong mayayaman.'

"O, aking nakita ang isang nakakakilabot na bagay ang pabayaan ng Panginoon—isang nakakakilabot na bagay na hawakan ang isang nasisirang bagay dito, nang sabihin Niya na kung ipagbili ninyo ang inyong mga tinatangkilik, at kayo'y mangaglimoss, makakapag-ipon tayo ng kayamanan sa langit. Ipinakita sa akin na habang ang gawain ay nagtatapos, at ang katotohanan ay lumalabas sa malakas na kapangyarihan, ang mayayamang taong ito ay magdadala ng kanilang mga kayamanan at ilalagay ito sa paanan ng mga tagapaglingkod ng Diyos, na nagsusumamo sa kanila na tanggapin ito. Ang sagot mula sa mga lingkod ng Diyos ay: 'Magsiparito ngayon, kayong mayayaman. Ang inyong kayamanan ay hindi na kailangan. Inyong itinago ito noong maaari ka sanang Nakagawa ng mabuti sa pagsusulong ng layunin ng Diyos. Ang nangangailangan ay nagdusa; hindi sila pinagpala ng inyong yaman. Ang Diyos ay hindi tatanggapin ang inyong kayamanan ngayon. Magsiparito ngayon, kayong mayayaman.' "—*Testimonies for the Church,* vol. 1, pp. 174, 175.

## 3. MATUTUNAN ANG GININTUANG PANUNTUNAN

**a. Paano ang mga mayayaman madalas na pinakikitunguhan ang kanilang mga empleyado—o ang bumibili mula sa kanila—at ano ang dapat palagi nating isasaisip? Santiago 5:4–6; Mateo 7:12.**

"Ang Diyos ay wala sa lahat ng kayamanan na nakukuha. Si Satanas ang madalas na may higit na kinalaman sa pagtamo ng ari-arian kaysa sa Diyos. Karamihan dito ay nakukuha sa pamamagitan ng pang-aapi sa upahan sa kanyang mga sahod. Ang likas na mapag-imbot na mayamang tao ay nakakakuha ng kanyang kayamanan sa pamamagitan ng pag-abuso sa upahan, at pagsasamantala sa mga indibidwal saanman niya magagawa, sa gayon ay nagdaragdag sa isang kayamanan na kakain sa kanyang laman na parang apoy.

"Ang isang istriktong matapat, marangal na pamamaraan ay hindi ginagamit ng ilan. Ang gayon ay dapat pumili ng ganap na bagong pamamaraan at kumilos nang mabilis para mabawi ang panahon. Maraming mga nag-iingat ng Sabbath ang nagkakasala dito. Nananamantala kahit sa kanilang mga kapatid na mahihirap, at ang mga may kasaganaan ay humihigit pa sa tunay na halaga ng mga bagay, higit pa sa kung ano ang gagastusin nila para sa parehong mga bagay, habang ang parehong mga kapatid na ito ay napapahiya at nababalisa dahil sa kakulangan ng mapagkukunan. Ang Diyos ay nalalaman ang lahat ng mga bagay na ito. Bawat makasariling gawa, bawat mapag-imbot na paghingi ng sapilitan, ay magdadala ng ganti nito.

"Nakita ko na ito ay malupit at hindi matuwid ang walang pagsasalang-alang para sa kalagayan ng isang kapatid. Kung siya ay nababalisa, o naghihirap, ngunit ginagawa niya ang lahat ng kanyang makakaya, dapat siyang bigyan ng laang-halaga, at kahit na ang buong halaga ng mga bagay ay maaari niyang mabili sa mayayaman ay hindi dapat sisingilin ang buong halaga; kundi dapat silang magkaroon ng awa para sa kanya. Ang Diyos ay sasang-ayon sa gayong mabait na mga gawa, at ang gumagawa ay hindi mawawalan ng gantimpala. Ngunit isang nakakatakot na salaysay ang nakatayo laban sa maraming mga nag-iingat ng Sabbath para sa napakalapit, na mapag-imbot na mga gawa."—*Testimonies for the Church,* vol. 1, pp. 175, 176.

**b. Noong unang panahon, paano ang mga mananampalataya malayang nagbabahagi? 2 Corinto 8:1, 2.**

"Itinuro ako pabalik sa isang panahon na kakaunti lamang ang nakinig at yumakap sa katotohanan. Wala silang gaanong pag-aari sa sanlibutang ito. Ang mga pangangailangan ng layunin ay nahati sa iilan lamang. Pagkatapos ay kinailangan ng ilan na ipagbili ang kanilang mga bahay at lupa, at kumuha ng mas murang halaga upang magsilbing kanilang isang kanlungan, o tahanan, habang ang kanilang mga pag-aari ay malaya at saganang ipinahihiram sa Panginoon, upang ilathala ang katotohanan, at kung hindi man ay tumutulong sa pagsulong ng layunin ng Diyos. Habang minamasdan ko itong ang mga nagsasakripisyo sa kanilang mga sarili, nakita ko na tiniis nila ang kahirapan para sa kapakanan ng layunin. Nakita ko ang isang anghel na nakatayo sa tabi nila, itinuturo sila pataas, at sinasabi: 'Mayroon kayong mga supot sa langit! Mayroon kayong mga supot sa langit na hindi maluluma! Magtiis hanggang wakas, at malaki ang inyong magiging gantimpala.' "—Ibid., p. 176.

## 4. ISANG KAGALINGAN NA KINAKAILANGAN PARA SA NGAYON

**a. Sa pagbubuo ng ating pag-uugali, bakit ang pagtitiis ay napakahalaga? Santiago 5:7.**

" 'Narito, inaasahan ng magsasaka ang mahalagang bunga ng lupa, na may pagtitiis, hanggang sa tanggapin ang ulang maaga at huli..' Santiago 5:7. Kaya't ang Kristiyano ay dapat maghintay nang may pagtitiis para sa bunga sa kanyang buhay ng salita ng Diyos. Kadalasan kapag nananalangin tayo para sa mga biyaya ng Espiritu, kumikilos ang Diyos upang sagutin ang ating mga panalangin sa pamamagitan ng paglalagay sa atin sa mga sitwasyon upang mapaunlad ang mga bungang ito; ngunit hindi natin nauunawaan ang Kanyang layunin, at nagtataka, at nanglulupaypay. Ngunit walang makakapagpaunlad ng mga biyayang ito maliban sa pamamagitan ng proseso ng paglago at pagbibigay ng bunga. Ang ating bahagi ay tanggapin ang salita ng Diyos at panghawakan ito nang mahigpit, ibigay ang ating sarili nang lubusan sa pamamahala nito, at ang layunin nito sa atin ay matutupad.

" 'Kung ang isang tao ay umiibig sa Akin,' sabi ni Kristo, 'ay kaniyang tutuparin ang aking salita: at siya'y iibigin ng aking Ama, at kami'y pasasa kaniya, at siya'y gagawin naming aming tahanan.' Juan 14:23. Ang epekto ng isang mas malakas, isang matuwid na kaisipan ay mapapasa-atin; dahil mayroon tayong buhay na pakikipag-ugnayan sa pinagmulan ng panghabang-buhay na kalakasan. Sa ating banal na pamumuhay tayo ay dadalhin sa pagkabihag kay Hesu-Kristo. Hindi na tayo mamumuhay sa karaniwang buhay ng pagkamakasarili, kundi si Kristo ay mabubuhay sa atin. Ang kanyang katangian ay lalago sa ating likas. Sa gayon ay maglalabas tayo ng mga bunga ng Banal na Espiritu—'ang ilan ay may tatlumpu, at may animnapu, at may isang daan.' "—*Christ's Object Lessons,* p. 61.

**b. Kapag natutuksong susuko na o masiraan ng loob tungkol sa paglala ng kasamaan sa planetang ito, bakit ang pagtitiwala ng may pagtitiis ay lubos na nakakatulong? Santiago 5:8; Lucas 21:19.**

"Ang sanlibutan ay naging mapangahas na sa pagsalangsang sa kautusan ng Diyos. Dahil sa Kanyang mahabang pagpapahinuhod, niyurakan ng mga tao ang Kanyang kapangyarihan. Pinalakas nila ang isa't isa sa pang-aapi at kalupitan sa Kanyang pamana, na nagsasabi, Paanong nalalaman ng Dios? At may kaalaman ba sa Kataastaasan?' Awit 73:11. Ngunit mayroong isang hangganan na hindi nila madaanan. Ang oras ay malapit na kung kailan maabot na nila ang itinakdang hangganan. Kahit ngayon ay halos lumampas na sila sa mga hangganan ng pagpapahinuhod ng Diyos, sa mga hangganan ng Kanyang biyaya, sa mga hangganan ng Kanyang awa. Ang Panginoon ay mamagitan upang ipagtanggol ang Kanyang sariling karangalan, upang iligtas ang Kanyang bayan, at upang sugpuin ang kapalaluan ng kasamaan."—Ibid., pp. 177, 178.

## *Huwebes* — *Disyembre 19*

### 5. MGA HALIMBAWA UPANG MAPALAKAS TAYO

**a. Sa kakayahan ng iglesia, ano ang madalas nating pinagtutuunan ng pansin—at sa halip ano ang dapat nating isaisip? Levitico 19:18; Santiago 5:9, 10.**

"Si Abel, na pinakaunang Kristiyano sa mga anak ni Adan, ay namatay bilang martir. Si Enoc ay lumakad na kasama ng Diyos, at hindi siya nakilala ng sanlibutan. Si Noe ay kinutya bilang isang panatiko at isang taong matatakutin. 'At ang iba'y nangagkaroon ng pagsubok sa pagkalibak at pagkahampas, oo, bukod dito'y sa mga tanikala at bilangguan naman.' 'At ang iba'y nangamatay sa hampas, na hindi tinanggap ang kanilang katubusan; upang kamtin nila ang lalong mabuting pagkabuhay na maguli.' Hebreo 11:36, 35.

"Sa bawat kapanahunan ang mga piniling mensahero ng Diyos ay nilalapastangan at pinag-usig, ngunit sa pamamagitan ng kanilang paghihirap ang kaalaman sa Diyos ay napapalaganap. Bawat disipulo ni Kristo ay dapat humakbang sa hanay at isulong ang parehong gawain, na nababatid na ang mga kalaban nito ay walang magagawa laban sa katotohanan, kundi para sa katotohanan. Paraan ng Diyos na ang katotohanan ay dapat madala sa harapan at maging paksa ng pagsusuri at talakayan, kahit na sa pamamagitan ng paghamak na ipinapataw dito. Ang isipan ng mga tao ay dapat na mapukaw; bawat pagtatalo, bawat panlalait, bawat pagsisikap na hadlangan ang kalayaan ng konsensya, ay pamamaraan ng Diyos sa paggising ng mga isipan na kung hindi ay maaaring makatulog.

"Gaano kadalas na ang resultang ito ay nakikita sa kasaysayan ng mga mensahero ng Diyos! Nang ang marangal at magaling magsalitang si Esteban ay binato hanggang sa mamatay sa panunulsol ng konseho ng Sanhedrin, walang naging kawalan sa layunin ng ebanghelyo. Ang liwanag ng langit na lumuwalhati sa kanyang mukha, ang banal na habag na pumuspos sa kanyang huling panalangin, ay parang isang matalas na palaso ng matibay na paniniwala sa panatikong Sanhedrist na nakatayo sa tabi, at si Saul, ang mang-uusig na Pariseo, ay naging isang piniling sisidlan upang dalhin ang pangalan ni Kristo sa harapan ng mga Gentil at mga hari at ng mga anak ni Israel."—*Thoughts From the Mount of Blessing,* pp. 33, 34.

## *Biyernes* — *Disyembre 20*

### PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Ano ang kinakailangan kong maunawaan tungkol sa halaga ng aking salapi?**
2. **Ano ang ibig sabihin ng hamon ni Kristo sa Santiago 5:1?**
3. **Sa anong kahinaan maaaring ako ay magkasala na may kinalaman sa pananalaping pakikipag-ugnayan?**
4. **Sa bandang huli, paano ang pagtitiis sisinag bilang isang kagalingan sa gitna ng bayan ng Diyos?**
5. **Paano ang mga inuusig na martir sa buong kasaysayan pinanatili ang kanilang pokus?**

# Pagtitiis sa pamamagitan ng Pananampalataya

**SAULUHING TALATA: "Mangagpahayagan nga kayo sa isa't isa ng inyong mga kasalanan, at ipanalangin ng isa't isa ang iba, upang kayo'y magsigaling. Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid" (Santiago 5:16).**

"Ang mapagpakumbaba, taimtim na panalangin ay magliligtas sa kaluluwa mula sa kamatayan, at ang pagpapahayag at pagpapanumbalik muli ay magtatago ng maraming mga kasalanan."—*The Review and Herald,* Disyembre 16, 1902.

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Ministry of Healing, pp.* 225–233; *Testimonies for the Church, for the Church*3.

## *Linggo* — *Disyembre 22*

**1. PAG-ASA**

**a. Sa anong kagalingan si Job lalong kinilala—at ano ang sinasabi nito sa atin tungkol sa Diyos? Santiago 5:11.**

"[Ang Panginoon] ay naghihintay nang may pag-ibig na hindi napapagod upang marinig ang mga pagtatapat ng suwail at tanggapin ang kanilang pagsisisi. Binabantayan niya ang ilang pagbabalik ng pasasalamat mula sa atin, gaya ng ina na nagbabantay sa ngiti ng pagkilala mula sa kanyang pinakamamahal na anak. Ipinauunawa Niya sa atin kung gaano kataimtim at kagiliw-giliw ang pananabik ng Kanyang puso sa atin. Inaanyayahan Niya tayong dalhin ang ating mga pagsubok sa Kanyang kahabagan, ang ating mga kalungkutan sa Kanyang pag-ibig, ang ating mga sugat sa Kanyang pagpapagaling, ang ating kahinaan sa Kanyang kalakasan, ang ating kawalan sa Kanyang kasaganaan. Kailanman ay hindi nabibigo ang sinumang lumalapit sa Kanya. 'Sila ay tumitingin sa Kanya, at naliliwanagan: at ang kanilang mga mukha ay hindi nahihiya.'

"Yaong mga naghahanap sa Diyos nang lihim na nagsasabi sa Panginoon ng kanilang mga pangangailangan at nagsusumamo ng tulong, ay hindi magsusumamo nang walang kabuluhan."—*Thoughts From the Mount of Blessing,* pp. 84, 85.

**b. Paano inuulit ni Santiago ang mga salita ni Kristo tungkol sa pagiging-matapat? Santiago 5:12; Mateo 5:37.**

"Lahat ng ginagawa ng mga Kristiyano ay dapat na kasing liwanag ng araw."—Ibid., p. 68.68

## 2. PANANAMPALATAYA VS. KAPANGAHASAN

**a. Kung nagdadanas ng sakit, paano at bakit tayo hinihikayat na lumapit sa dakilang Tagapagbigay-Buhay? Santiago 5:13–15; Awit 103:1–3.**

"Ang Dios ay nakahandang ipanumbalik ang kalusugan ng may sakit ngayon gaya noong ang Banal na Espiritu ay nagpahayag ng mga salitang ito sa pamamagitan ng salmista. At si Kristo ay ang parehong mahabaging manggagamot ngayon ng Siya ay nasa panahon ng Kanyang ministeryo sa lupa. Sa Kanya ay may nakapagpapagaling na balsamo para sa bawat sakit, nakapagpapanumbalik na kapangyarihan para sa bawat karamdaman. Ang Kanyang mga alagad sa panahong ito ay dapat na manalangin para sa mga maysakit tulad ng mga alagad noong unang panahon. At ang mga kagalingan ay susunod; sapagkat 'ang panalangin ng may pananampalataya ay magliligtas sa maysakit.' Nasa atin ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ang mapayapang katiyakan ng pananampalataya, na maaaring umangkin sa mga pangako ng Diyos. Ang pangako ng Panginoon, 'Ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may-sakit, at sila'y magsisigaling.' (Marcos 16:18), ay mapagtitiwalaan ngayon gaya noong mga araw ng mga apostol." – The Ministry of Healing, p. 226.

**b. Anong balanse ang dapat nating malaman kapag naghahanap ng kalusugan? Awit 66:18.**

"Hindi tayo karapat-dapat sa awa [ng Panginoon], ngunit habang ibinibigay natin ang ating sarili sa Kanya, tinatanggap Niya tayo. Siya ay gagawa para sa mga at pamamagitan ng mga sumusunod sa Kanya.

"Ngunit kung tayo lamang ay namumuhay sa pagsunod sa Kanyang salita maaangkin natin ang katuparan ng Kanyang mga pangako. . . . Kung ibibigay natin sa Kanya ang bahagyang, kalahating-pusong pagsunod, ang Kanyang mga pangako ay hindi matutupad sa atin."—Ibid., p. 227.

"Ang paraan kung paano gumawa si Kristo ay ipangaral ang salita, at paginhawahin ang pagdurusa sa pamamagitan ng mga mahimalang gawa ng pagpapagaling. Ngunit itinuro sa akin na hindi na tayo makakagawa ngayon sa ganitong pamamaraan; sapagkat si Satanas ay gagamitin ang kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng paggawa ng mga himala. Ang mga lingkod ng Diyos sa ngayon ay hindi maaaring gumawa sa pamamagitan ng mga himala, dahil ang mga huwad na gawa ng pagpapagaling, ng nag-aangking banal, ay gagawin.

"Sa kadahilanang ito ay nilagyan ng tanda ng Panginoon ang isang paraan kung saan ang Kanyang bayan ay magsusulong ng isang gawain ng pisikal na pagpapagaling na sinamahan ng pagtuturo ng salita. Ang mga Sanitariums ay dapat itatag, at kasama ng mga institusyong ito ay dapat magkaroon ng konektadong mga manggagawa na magpapatuloy ng tunay na gawaing misyonerong medikal. Kaya ang isang nangangalagang kapangyarihan ay isinasaboy sa paligid ng mga pumupunta sa mga sanitarium para sa paglapat ng lunas.

"Ito ang probisyon na ginawa ng Panginoon kung saan ang ebanghelyo ng misyonerong medikal na gawain ay gagawin para sa maraming kaluluwa."—*Medical Ministry,* p. 14.

## 3. DALAWANG MAGKAIBANG URI NG KATAPANGAN

**a. Banggitin ang isang napakahalagang aspeto ng pagpapagaling na nakakalungkot na hindi napapansin. Santiago 5:16.**

"Gaano nagkakamali ang mga nag-iisip na ang pagpahayag ng kasalanan ay makakabawas sa kanilang dignidad, at magpapababa ng kanilang impluwensya sa kanilang kapwa tao. Ang pagkapit sa maling ideyang ito, bagama't nakikita ang kanilang mga pagkakamali, marami ang nabibigong aminin ang mga ito, kundi sa halip ay ipinapasa ang mga maling nagawa nila sa iba, na nagpapapait sa kanilang sariling mga buhay, at inaaninuhan ang buhay ng iba. Hindi masisira ang inyong dignidad kung ipapahayag ang inyong mga kasalanan. Alisin ang huwad na karangalang ito. Mahulog ka sa Bato at madurog, at ibibigay sa iyo ni Kristo ang tunay at makalangit na dignidad. Huwag hayaan ang kapalaluan, pagpapahalaga sa sarili, o katuwiran sa sarili ay humadlang sa sinuman sa pagpapahayag ng kanyang kasalanan, upang maangkin niya ang pangako. 'Siyang nagtatakip ng kaniyang mga pagsalangsang ay hindi giginhawa: nguni't ang nagpapahayag at nagiiwan ng mga yaon ay magtatamo ng kaawaan' (Kawikaan 28:13). Huwag itago ang anumang bagay mula sa Diyos, at huwag pabayaan ang pagtatapat ng inyong mga pagkakamali sa inyong mga kapatid. 'Mangagpahayagan nga kayo sa isa't isa ng inyong mga kasalanan, at ipanalangin ng isa't isa ang iba, upang kayo'y magsigaling' (Santiago 5:16). Maraming kasalanan ang hindi pa naipagtatapat upang harapin ng makasalanan sa araw ng huling pagsusulit; mas mabuti pang harapin ang inyong mga kasalanan ngayon, ipahayag ang mga ito at alisin ang mga ito, habang ang tumutubos na Sakripisyo ay nagsusumamo para sa inyo. Huwag magkulang sa pag-aaral ng kalooban ng Diyos sa paksang ito. Ang kalusugan ng inyong kaluluwa at ang kaligtasan ng iba ay nakasalalay sa landas na inyong tinatahak sa bagay na ito."—*Selected Messages,* bk. 1, pp. 326, 327.

**b. Nang nababahala sa espirituwal na pag-apostasya ng kaniyang bansa, anong pagkilos ang ginawa ni Elias—at paano siya iningatan ng Diyos? 1 Mga Hari 17:1–3.**

"Sa pagkahapis ng kaluluwa [si Elias] ay nagsumamo sa Diyos na pigilin ang dating binibiyayaang bayan sa kanilang masasamang pamamaraan, na dalawin sila nang may mga pagpaparusa, kung kinakailangan, upang sila ay maakay na makita sa totoong liwanag nito ng kanilang paglisan sa Langit. Siya ay naghahangad na makita silang madala sa pagsisisi bago sila gumawa ng ganoong kahabang paggawa ng kasamaan at mapukaw ang Panginoon na lubusang lipulin sila. . . .

"Kay Elias ay ipinagkatiwala ang misyon ng paghahatid kay Ahab ng mensahe ng paghatol ng Langit. . . . Sa palasyo ay hindi siya nakiusap sa pagpasok, o naghintay na pormal na ipahayag sa publiko. Nakasuot ng magaspang na kasuotan na karaniwang isinusuot ng mga propeta noong panahong iyon, nalampasan niya ang mga bantay, na tila hindi napapansin, at tumayo sandali sa harapan ng nagtatakang hari."—*Prophets and Kings,* pp. 120, 121.

### 4. MATUTO MULA KAY ELIAS

**a. Bakit ang mga panalangin ni Elias para sa Diyos na gisingin ang kaniyang ganap na tumalikod na bansa ay ibinigay bilang isang halimbawa para sa atin? Santiago 5:17.**

"Ang madalas na paulit-ulit na mga panawagan, mga pagtutol, at mga babala ay bigo upang dalhin ang Israel sa pagsisisi. Dumating na ang panahon na kinakailangang magpahayag sa kanila ang Diyos sa pamamagitan ng mga paghatol. Gayon din lamang na ang mga sumasamba kay Baal ay nag-aangkin na ang mga kayamanan ng langit, ang hamog at ang ulan, ay hindi nagmumula kay Jehova, kundi mula sa namumunong puwersa ng kalikasan, at sa pamamagitan ng malikhaing enerhiya ng araw na ang lupa ay pinayaman at ginawa upang magbunga ng sagana, ang sumpa ng Diyos ay mananatili sa maruming lupain. Ang mga ganap na tumalikod na lipi ng Israel ay dapat ipakita ang kahangalan ng pagtitiwala sa kapangyarihan ni Baal para sa temporal na mga pagpapala. Hanggang sa sila ay magbalik-loob sa Diyos na may pagsisisi, at kilalanin Siya bilang ang pinagmumulan ng lahat ng pagpapala, ay walang papatak sa lupain ng hamog o ulan man."—*Prophets and Kings,* p. 120.

**b. Matapos manumbalik ng Israel ng kanilang katapatan sa Diyos, paano ang mga panalangin ni Elias muling naging halimbawa para sa atin? Santiago 5:18; 1 Mga Hari 18:39–45.**

"Anim na beses [si Elias] na nanalangin nang taimtim, gayunpaman ay walang palatandaan na ang kanyang kahilingan ay ipinagkaloob, ngunit sa matibay na pananampalataya ay mahigpit na ipinakiusap niya ang kanyang pagsusumamo sa trono ng biyaya. Kung siya ay sumuko sa panghihina ng kalooban sa ikaanim na pagkakataon, ang kanyang panalangin ay hindi nasagot, ngunit siya ay nagtiyaga hanggang sa dumating ang kasagutan. Mayroon tayong Diyos na ang tainga ay hindi nakapinid sa ating mga kahilingan; at kung patutunayan natin ang Kanyang salita, pararangalan Niya ang ating pananampalataya. Nais Niyang ang lahat ng ating mga pagnanais ay maiugnay sa Kanyang mga pagnanais, at pagkatapos ay maaari tayong pagpalain na walang panganib; sapagka't hindi natin luluwalhatiin ang ating sarili kapag ang pagpapala ay nasa atin na, kundi ibibigay natin ang lahat ng papuri sa Dios. Ang Diyos ay hindi laging dinidinig ang ating mga panalangin sa unang pagkakataong tumawag tayo sa Kanya; dahil kung gagawin Niya ito, maaari nating balewalain na tayo ay may karapatan sa lahat ng mga pagpapala at biyayang ipinagkakaloob Niya sa atin. Sa halip na saliksikin ang ating mga puso upang tingnan kung may anumang kasamaan ang tinataglay natin, anumang kasalanan ang ginagawa, tayo ay magiging pabaya, at mabibigong mauunawaan ang ating pagtitiwala sa Kanya, at ang ating pangangailangan ng Kanyang tulong.

"Si Elias ay nagpakumbaba hanggang sa siya ay nasa isang kalagayan kung saan hindi niya ninais kunin ang kaluwalhatian sa kanyang sarili. Ito ang kalagayan kung saan dinidinig ng Panginoon ang panalangin, sapagkat sa gayon ay ibibigay natin ang papuri sa Kanya."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 2, pp. 1034, 1035.

# *Huwebes* *Disyembre 26*

**5. PAGPAPATULOY NG KATULAD NI KRISTO NA PAGKAMAHAHABAGIN**

**a. Amid disappointment heaped on us by defective people in a fallen world, with what final appeal does James close his letter to us? Santiago 5:19, 20.**

---

"Give the erring one no occasion for discouragement. Suffer not a Pharisaical hardness to come in and hurt your brother. Let no bitter sneer rise in mind or heart. Let no tinge of scorn be manifest in the voice. If you speak a word of your own, if you take an attitude of indifference, or show suspicion or distrust, it may prove the ruin of a soul. He needs a brother with the Elder Brother's heart of sympathy to touch his heart of humanity. Let him feel the strong clasp of a sympathizing hand, and hear the whisper, Let us pray. God will give a rich experience to you both. Prayer unites us with one another and with God. Prayer brings Jesus to our side, and gives to the fainting, perplexed soul new strength to overcome the world, the flesh, and the devil. Prayer turns aside the attacks of Satan.

"Kapag ang isang tao ay tumalikod mula sa mga pagkakamali ng tao upang makita si Jesus, isang banal na pagbabago ang nagaganap sa pag-uugali. Ang Espiritu ni Kristo na gumagawa sa puso ay iniaayon ito sa Kanyang wangis. Kung gayon, maging iyong pagsisikap na itaas si Hesus. Hayaang ang mata ng isipan ay ituon sa 'Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Juan 1:29. At habang ginagawa ninyo ang gawaing ito, alalahanin na 'ang nagpapabalik-loob ng isang makasalanan, mula sa kamalian ng lakad niya ay magliligtas ng isang kaluluwa sa kamatayan, at magtatakip ng karamihang kasalanan.' Santiago 5:20. . . .

"Sa pagpapatawad ng Diyos ang puso ng nagkakamali ay inilalapit sa dakilang puso ng Walang-hanggang Pag-ibig. Ang agos ng banal na habag ay dumadaloy sa kaluluwa ng makasalanan, at mula sa kanya tungo sa mga kaluluwa ng iba."—*Christ's Object Lessons,* pp. 250, 251.

# *Biyernes* *Disyembre 27*

**PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL**

**1. Sa anong mga panahon sa aking buhay nakita ko ang masaganang habag ng Diyos sa akin?**


**2. Sa anong mga paraan ako maaaring magkasala ng kapangahasan tungkol sa aking kalusugan?**

**3. Paano sinagot ang panalangin ni Elias para sa kaniyang bansa?**

**4. Bakit kinakailangang manalangin si Elias nang maraming beses para bumalik ang ulan?**

**5. Kanino ako dapat magkaroon ng higit na mahabaging ugali, at bakit?**

# Mga Handog sa Unang Sabbath




**OKTUBRE 5**
para sa Chapel sa Reading, Pennsylvania, USA
(see p. 4.)

**NOBYEMBRE 2**
para sa General Conference Literature Department
(see p. 25.)







**DISYEMBRE 7**
para sa Colombian Union Headquarters
(see p. 51.)